KOLEKSYON NG MGA

# EDITORYAL

ANG Bayan

2020

Inilathala ng
Ang Bayan

Enero 2021

# NILALAMAN


5 Pambungad

8 Ilunsad ang mga pakikibaka para sa lupa at repormang pang-ekonomya sa kanayunan (Enero 7, 2020)

12 Lumalalim na mga kontradiksyon sa natitirang dalawang taon ni Duterte (Enero 21, 2020)

17 Hungkag ang asta ni Duterte laban sa VFA (Pebrero 7, 2020)

20 Igiit ang ganap na pagbasura sa VFA at lahat ng di-pantay na tratadong militar (Pebrero 21, 2020)

24 Kolektibong kumilos upang labanan ang banta ng epidemyang Covid-19 (Marso 7, 2020)

28 Labanan ang anti-mahirap at anti-demokratikong Luzon lockdown ni Duterte (Marso 21, 2020)

33 Ang pandemyang Covid-19 ay hindi usaping pangkalusugan na lamang (Abril 7, 2020)

38 Sinasamantala ni Duterte ang Covid-19 para ipataw ang pasistang diktadura (Abril 21, 2020)

45 Lalong pahirap, panunupil at korapsyon sa tabing ng Covid-19 lockdown (Mayo 7, 2020)

51 Pasakit at peligrong hatid ng palyadong gubyerno (Mayo 21, 2020)

56 Magkaisa laban sa Anti-Terror Bill! Ibagsak ang rehimeng US-Duterte! (Hunyo 7, 2020)

61 Mag-alsa at wakasan ang pahirap at pabayang rehimeng US-Duterte (Hunyo 21, 2020)

**66** Puksain ang halimaw na si Duterte (Hulyo 7, 2020)

**71** Magkaisa at magtulungan para wakasan ang tiraniya ni Duterte (Hulyo 21, 2020)

**75** Sa bigong pagharap ni Duterte sa pandemya, sa rebolusyon bumabaling ang bayan (Agosto 7, 2020)

**79** Hindi magpapagupo ang bayan sa terorismo ng estado (Agosto 21, 2020)

**83** Ubos-kayang kumilos para wakasan ang dilim ng bagong batas militar (Setyembre 7, 2020)

**87** Itatag ang malapad na pagkakaisa, wakasan ang tiraniya (Setyembre 21, 2020)

**91** Mga bitak sa pasistang koalisyong Duterte (Oktubre 7, 2020)

**96** Mangahas na makibaka at magprotesta sa gitna ng pandemya (Oktubre 21, 2020)

**100** Labanan ang anti-komunistang pagtugis (Nobyembre 7, 2020)

**104** Buklurin ang mamamayan, papanagutin ang pabayang rehimeng Duterte (Nobyembre 21, 2020)

**108** Bagtasin ang landas ng malaking pagsulong (Disyembre 7, 2020)

**111** Todong labanan ang walang-habas na pasistang terorismo sa kanayunan (Disyembre 21, 2020)

# PAMBUNGAD

Malalaking paghamon ang hinarap ng Partido at rebolusyonaryong kilusan. Habang rumagasa ang pandemyang Covid-19 sa buong mundo, isinagasa naman ng rehimeng US-Duterte ang pinaigting na maruming gera laban sa mamamayan, kampanya ng panunupil sa mga demokratikong karapatan, at todong armadong opensiba at walang-habas na pambobomba sa kanayunan.

Mainam na magbalik-tanaw sa 2020 upang makabuo ng mas malinaw na pagtanaw sa mga haharapin sa darating na taon. Tungkulin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang mag-aral sa nakaraan upang matukoy ang mga tunguhin at pangunahing agos ng kasaysayan.

Inilalabas ng *Ang Bayan (AB)* itong "Editoryal 2020"—koleksyon ng mga editoryal na inilathala ng *AB* nitong nagdaang taong 2020 bilang pantulong sa pag-aaral sa nakaraan. Sa paglabas ng *AB* tuwing dalawang linggo, sinasalamin ng mga editoryal nito ang kabuuang larawan ng kalagayan sa Pilipinas at sambayanang Pilipino sa bawat panahon.

Mababasa sa koleksyong ito kung ano ang mga pangunahing usapin na kinaharap ng bansa nitong nagdaang 2020 at mga panawagan ng Partido sa mamamayang Pilipino kaugnay ng mga ito.

Ang una at huling editoryal ng *AB* noong 2020 ay pumaksa kapwa sa panawagan ng ibayong palakasin ang mga pakikibakang antipyudal at ang pakikibaka ng masang magsasaka sa kanayunan laban sa paninibasib ng mga armadong galamay ni Duterte. Tinukoy

sa mga ito ang susing halaga ng pagsulong ng kilusang antipyudal sa pagpapalakas ng digmang bayan sa kabuuan, at partikular, sa paglaban sa terorismo ng estado sa ilalim ng pasistang rehimeng US-Duterte.

Pinakamayor na usapin na pinaksa ng pinakamaraming editoryal (pito sa 24) noong nakaraang taon ang usapin ng pandemyang Covid-19. Makikita dito na mula't sapul, binatikos ng Partido ang makupad na kilos ng rehimeng US-Duterte at ang pagpapabaya nito sa harap ng pagkalat ng bayrus sa bansa. Mula sa simula, isang demokratikong kilusan ng buong bayan bilang pagharap sa pandemya ang panawagan ng Partido.

Mababasa rin sa mga editoryal ang pagsusuri ng Partido sa anti-demokratikong nilalaman ng mga paunang hakbang ni Duterte kaugnay sa pandemya, at kung papaano niyang sinamantala ang krisis sa kalusugan para isulong ang kanyang pasistang adyenda. Nilaman ng editoryal ng *AB* ang pagtuligsa sa pinatatagal na *lockdown* na hindi naman nagpatupad ng kinakailangang mga hakbangin para isaayos ang sistemang pangkalusugan at alalayan ang sambayanang labis na pinahirapan ng pagsasara sa ekonomya.

Pasismo o ang terorismo ng estado ang kasunod na pinakamadalas na pinaksa ng mga editoryal (apat) noong 2020. Pangunahing sinentruhan ng mga pagtalakay dito ang sunud-sunod na mga pagpaslang sa mga aktibista at lider masa, ang pagsasagasa sa Anti-Terror Law noong Hulyo, lantarang *red-tagging* at pasistang paninibasib laban sa karapatan sa pamamahayag at iba pang demokratikong karapatan.

Pirmeng laman ng mga editoryal ng *AB* ang paghikayat sa mamamayan na ipaglaban ang kanilang mga karapatan at kumilos para makibaka sa gitna ng pandemya, krisis sa ekonomya, pinaigting na pasistang paninibasib at mga iskema para manatili sa poder ang dinastiyang Duterte. Idiniin sa mga editoryal kung paanong sa pamamagitan lamang ng sama-samang pakikibaka ay hindi sila

magugupo ng pagkalat ng sakit o magagapi ng terorismo ng estado ng rehimeng Duterte.

Sa pamamagitan ng mga editoryal ng Ang Bayan, layunin ng Partido na buklurin ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa at pamunuan sila sa pagpukaw, pag-organisa at pagpakilos sa sambayanang Pilipino.

Inaanyayahan namin ang lahat na muling basahin ang mga editoryal ng Ang Bayan noong 2020 bilang pagrepaso sa mga kinakaharap na usapin ng sambayanang Pilipino at paano ito inuunawa sa maka-uring punto de bista ng Partido. Gamitin ang koleksyon na ito bilang sanggunian at gabay sa pagkilos sa hinaharap.

# Ilunsad ang mga pakikibaka para sa lupa at repormang pang-ekonomya sa kanayunan



Enero 7, 2020

Lugmok sa kahirapan at krisis ang puo-puong milyong masang anakpawis sa kanayunan. Pasan-pasan nila ang iba't ibang anyo ng pagsasamantalang pyudal at malapyudal at iba't ibang mga mapang-api at pabigat na patakaran at batas. Walang ibang solusyon sa nagpapatuloy at lumalalang kalagayan ng mga magsasaka, mga minoryang mamamayan at iba pang aping sektor sa kanayunan kundi ang magkaisa at magbangon upang ipaglaban ang tunay na reporma sa lupa at iba pang mga reporma sa ekonomya.

Sa mga palayan, tubuhan, niyugan, maisan at iba pa, walang sariling lupa ang mga nagbubungkal at naglilinang ng lupa. Malaking bahagi ng yamang kanilang nalilikha ay inaangkin ng malalaking panginoong maylupa sa anyo ng pabigat na upa sa lupa at mapang-aping mga kundisyon sa hatian sa gastos sa produksyon. Matinding pahirap din sa milyun-milyong magsasaka ang pambabarat sa presyo ng kanilang mga produkto ng malalaking komersyanteng may monopolyong kontrol sa pamimili.

Liban sa kawalan ng lupa at mababang kita, binabalikat nila ang mabibigat na problemang sosyo-ekonomiko na ibinunga ng mga

patakarang neoliberal sa sektor ng agrikultura. Direkta ang bigwas ng mga patakarang tulad ng liberalisasyon sa importasyon ng bigas na pumapatay sa kabuhayan ng 2.4 milyong magsasaka sa palay. Kasabay ng pagbagsak ng kabuuang halaga ang pagbagsak ng bolyum ng ani, na nagtulak sa pagsasara ng mahigit 4,000 gilingan. Mula 2017, mahigit isang milyong trabaho sa kanayunan ang nawala.



Malayong hindi nakasasapat ang kita ng maliliit na magsasaka at nananatili silang baon sa utang. Sa nakaraang tatlong dekada, paliit nang paliit ang abereyds na laki ng lupang sinasaka ng mayorya ng mga magsasaka habang pataas nang pataas ang kanilang gastos sa produksyon. Matagal nang nasagad ang hangganan ng mga lupa na inangkin ng malalaking panginoong maylupa at mga plantasyon. Malawakan ang pangangamkam at dislokasyon bunsod ng pagpapalit-gamit ng mga lupang agrikultural para sa mga proyektong pabahay, sonang pangeksport, lugar panturista at iba pang komersyal na gamit. Sinasaid ng mga dayuhang kumpanya sa mina at troso ang dating makakapal na kagubatang itinuturing na bahagi ng mga lupang ansestral ng mga pambansang minorya. Habang tumatakbo ang panahon, lalong yumayaman ang dati nang malalaking panginoong maylupa at kasosyo nilang mga dayuhan at burgesya-kumprador.

Inianak ng kaayusang ito ang hukbo ng mga walang trabaho na kung hindi lumuwas sa mga syudad at naging balon ng sobrang lakas-paggawa o napilitang mangibang-bansa, ay natetengga sa kanayunan o napipilitang mamasukan sa iba't ibang trabaho.

Dagdag sa hirap na kalagayang sosyo-ekonomiko, walang puknat ang pang-aatake ng rehimeng US-Duterte sa mga magsasaka at kanilang mga komunidad upang patahimikin sila at ipalunok na lamang ang kanilang kaapihan. Sentro ng mga atakeng ito ang mga lugar na may interes ang malalaking burgesyang-kumprador, mga dayuhang korporasyon at mga alyado nilang burukrata-kapitalista. Pinokusan ng mga operasyong kombat ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang mga lugar na malakas na lumalaban ang masa at ang kanilang rebolusyonaryong kilusan.

Iniuugnay mismo ng rehimeng Duterte ang malalaking kampanyang militar sa kanayunan sa maka-kapitalista at maka-dayuhang mga proyektong pang-imprastruktura nito. Sa ilalim ng kunwa'y "whole-of-nation" na pagharap sa kontra-insurhensya, direkta nitong pinagsilbi ang malalaking operasyong kombat sa pagtatayo ng mapaminsalang mga dam, minahan at plantang pang-enerhiya, at mga sistema ng kalsada, paliparan at piyer na kailangan para sa kanilang mga operasyon. Sa ilang lugar, walang puknat ang panghahalihaw ng mga pulis at sundalo sa ngalan ng Community Support Program para bigyan-daan ang mga proyektong ekoturismo at sonang pang-eksport. Mga sundalo na mismo ang nagdadala ng dayuhang mga kapitalista sa liblib na mga baryo na target ng ekspansyon ng mga komersyal na plantasyon.

Walang ibang masusulingan ang masang magsasaka at anakpawis sa kanayunan kundi ang manindigan at lumaban.

Tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan na suportahan at tulungan ang masang anakpawis na igiit ang batayang mga hinaing. Dapat silang tulungan sa paglulunsad ng mga pakikibakang masa laban sa pang-aapi at pagsasamantala at para sa ikauunlad ng kanilang kabuhayan. Kailangan ng masang magsasaka at iba pang sektor sa kanayunan na magkaisa at isulong ang kanilang kilusan para sa reporma sa lupa at mga reporma sa ekonomya upang itaguyod ang kanilang karapatan at kagalingan. Kaakibat nito, kailangang itaas ang antas ng produksyon at gawain sa ekonomya, gayundin ang pakikibaka para ipagtanggol ang mga lupang ansestral at ang natitirang yamang kagubatan.

Bilang tunay na hukbo ng masa, dapat bigyan ng matamang pansin at atensyon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang kalagayan ng masang magsasaka, minorya at anakpawis sa kanayunan at tulungan sila sa kanilang mga pakikibaka laban sa pagsasamantalang pyudal at iba pang anyo ng pang-aapi at pagpapahirap sa masa. Dapat tulungang palakasin ang mga demokratikong organisasyong masa at tuluy-tuloy na ikonsolida ang mga sangay ng Partido sa lokalidad.

Dapat pangunahan ng mga namumunong komite ng Partido sa iba't ibang antas, katuwang ang mga yunit ng BHB, ang panlipunang pagsisiyasat upang mas mahigpit na sapulin ang kalagayan at problemang kinakaharap ng masang anakpawis. Dapat buuin ang angkop na mga islogan na nakalapat sa kongkreto at pinakakagyat na mga pangangailangan at kahilingan ng masa. Dapat isagawa ang pagsisiyasat sa iba't ibang antas at regular itong nasasariwa. Kailangan ilantad ang mapang-aping mga programa, patakaran, proyekto, mga nangungunang kumpanya at panginoong maylupa sa antas rehiyon, prubinsya, inter-munisipalidad hanggang sa antas ng mga baryo. Kailangang madetalye ang mga partikular na hakbang at usaping direktang nakaaapekto sa iba't ibang sektor na saklaw ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa pagkilos ng masang magsasaka at iba pang sektor sa kanayunan para itaas ang kanilang katayuan sa ekonomya, itinatakwil nila ang mga porma ng pagsasamantala at pang-aapi ng malapyudal na sistemang panlipunan. Kailangang pahigpitin ang pagsapol at pag-unawa na susi ang malaganap at masinsing pakikibaka ng masang anakpawis sa pagpapalawak at pagpapatatag sa hukbong bayan, at sa gayon, sa pagtaas ng pangkalahatang antas ng digmang bayan. Sa paglaki at paglakas ng hukbong bayan, lalo nitong magagampanan ang kanyang mga tungkulin sa masinsin at komprehensibong paraan.

# Lumalalim na mga kontradiksyon sa natitirang dalawang taon ni Duterte



Enero 21, 2020

Layunin ni Duterte na palawigin ang kanyang poder. Subalit dahil mahigit dalawang taon na lang ang nalalabi sa kanya, mahihirapan na siyang ipatupad ang anumang iskema. Subsob ang rehimen sa malubhang krisis sa pulitika na lalo pang sisidhi sa pagkahigop ng naghaharing sistema sa proseso ng transisyong pampulitika sa eleksyong 2022. Upang matamo ang kanyang kahibangang ala-Marcos, kakailanganing gumamit ni Duterte ng mas madudugong paraan ng panunupil.

Isagad man ng rehimeng Duterte ang populistang pangangako, hindi na mababaligtad ang pampulitikang pagkahiwalay nito. Ito ay dahil sa tuluy-tuloy na paglala ng kalagayang sosyo-ekonomiko, laganap na ekstrahudisyal na mga pagpatay, mga abusong pulis at militar, sagad-sagarang korapsyon, at pagpapakatuta sa dayong mga amo. Dahil sa sitwasyon, lalong lumalakas ang loob ng malapad na hanay ng mga pwersang anti-Duterte na kumilos para biguin ang kanyang mga iskema at sikaping patalsikin siya sa lalong madaling panahon.

Sa kabila ng kanyang mga taktikang tiraniko at pagpapailalim ng militar at pulis sa personal na kontrol, hindi pa rin nakukumpleto ni Duterte ang planong sarilinin ang estado poder. Matapos ang mahigit tatlong taon sa Malacañang, hindi pa natuloy ang planong *charter change* dahil sa hidwaan sa hanay ng kanyang pangkating pampulitika at matamang paglaban sa tunay na layunin ng kanyang proyektong "pederalismo."



Mahigit tatlong taon nang walang patumanggang ginamit ni Duterte ang madugong kampanya ng mga pagpatay para sindakin ang bayan. Isinagawa ito sa gayak ng "gera sa droga" bagaman ang tunay nitong layunin ay agawin ang kontrol ng bentahan ng shabu. Ginamit itong kasangkapan upang pasunurin ang mga pulitiko sa kanyang mga dikta.

Ang mga naghaharing uri sa labas ng pambansang kabisera ay napwersang makipagtulungan at sumunod sa mga kagustuhan ni Duterte. Pero sa marami, taktika lang ito para ipreserba ang sarili habang madugong dumadaluhong ang rehimen. Gayunman, malalim ang pagkayamot nila kay Duterte dahil sa laki ng kinakaltas sa kanilang mga kontrata sa negosyo at pag-angkin ng pinakamalaking bahagi ng mga lagay at "porsyento." Pinananabikan nilang magtapos ang paghahari ng walang kabusugang katakawan ni Duterte.

Halos lubos nang nawalan ng poder ang mga lider ng oposisyon sa ilalim ng Liberal Party dahil sa maruruming taktika sa pulitika ni Duterte, at manipulasyon sa resulta ng nakaraang eleksyon. Gayunman, patuloy na nakakukuha ng suporta ang oposisyon mula sa malalaking negosyante at oligarko. Marami sa kanila ay inipit ni Duterte para magbigay ng mas malaking bahagi sa negosyo. Kamakailan, pinalakas ni Vice Pres. Leni Robredo ang kanyang pagbatikos sa gera sa droga ni Duterte.

Mistulang solido ang suporta ng militar at pulis kay Duterte lalo't binigyan sila ng mas malawak na kapangyarihan sa ilalim ng pinaigting na kampanyang kontrainsurhensya. Nagbuo si Duterte ng sarili niyang pangkat at tagasunod sa mga upisyal ng AFP at PNP sa

pamamagitan ng paghirang sa kanila sa pinaglalawayang mga pwesto sa burukrasya. Gayunman, malalim ang pagkakahati ng AFP at PNP sa mga paksyon na tapat sa iba't ibang pangkating pampulitika at sindikatong kriminal. Pero, sila'y mga panatiko ng militar ng US, na hindi naman masaya sa pakikipagniig ni Duterte sa China.



Bagaman dalawang taon pa bago ang eleksyong 2022, lumalalim na ang hidwaan sa hanay ng naghaharing pangkatin. Binabantayan ni Duterte ang kanyang pansamantalang mga alyado, na mga makapangyarihan ding burukratang kapitalista at malaking oligarko. Handa silang hamunin ang iskema ni Duterte na mapalawig ang kapangyarihan o planong iluklok ang kanyang pamilya o malalapit na kaibigan. Hindi sikreto ang ambisyong magpresidente ng anak na babae ni Duterte at iba pa niyang malalapit na alyado. Mabilis silang nagkokonsolida ng sariling mga pwersa lalo't lumulubha ang kalusugan ni Duterte at inaantabayanan ang kanyang pagkamatay bago matapos ang termino.

Mas nag-iingay ang mga pwersang anti-Duterte sa US. Nagresolusyon kamakailan ang Senado ng US na hawak ng Democratic Party para ipagbawal sa US ang mga upisyal na nasa likod ng pagpapakulong kay Sen. Leila de Lima. Nakipagpulong rin kamakailan ang mga upisyal ng US *embassy* kay Vice Pres. Robredo sa usapin ng gera kontra-droga na hayagang binabatikos ng ilang upisyal ng gubyernong US. Nasasabit naman sa krisis pampulitika at humaharap sa pagdinig sa impeachment si US President Trump, na hayagang tagasuporta ni Duterte.

Ipinailalim ni Duterte ang buong bansa sa di deklaradong batas militar sa pamamagitan ng Executive Order 70 at National Task Force. Itinuon nito ang kanyang buong gubyerno sa brutal na kontra-insurhensya na may deklaradong layuning gapiin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) bago magtapos ang kanyang termino. Gamit ang kapangyarihang batas militar, ipinatutupad ng mga pwersang militar at pulis ni Duterte ang isang malupit na kampanya ng panunupil at pasipikasyon laban sa malawak na masa sa kalunsuran at kanayunan.

Sinasakop ng mga pwersang militar at paramilitar ang daan-daang mga baryo. Gayunman, bigo silang lubusang gapiin ang masang magsasaka at ang determinasyon nilang makibaka para sa tunay na pamamahagi ng lupa at mga reporma sa ekonomya. Sa kalunsuran, patuloy ang mga manggagawa, masang malaproletaryado at petiburges sa paggigiit ng mga karapatan at kahilingang dagdag sahod, subsidyo ng estado at iba pang kagyat na reporma sa harap ng lumalalang kalagayang pang-ekonomya.



Inilunsad ng AFP ang maigting na opensibang militar laban sa BHB gamit ang bagong mga sandatang bigay ng US. Sa kabila ng mga opensibang ito, walang yunit ng BHB ang dumanas ng malaking pinsala. Taliwas dito, gamit ang mga taktika ng pagkalat, paglipat at konsentrasyon, matagumpay na nakakokontra-kubkob ang mga yunit ng BHB. Hindi bababa sa isang batalyon ng mga tropa ng AFP ang natanggal sa larangan ng labanan noong nagdaang taon.

Masidhi ang galit ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino sa harap ng sumisirit na gastos sa pamumuhay, kawalan ng kita, lubhang mababang sahod, mapang-aping upa sa lupa, labis na mataas na interes sa pautang, di makatwirang presyo sa pagbili ng mga produktong magsasaka, di makatwirang kaayusan sa pagpapaalaga ng mga hayop, kakulangan ng subsidyo sa pampublikong edukasyon at kalusugan, imperyalistang agresyong ekonomiko, burukratikong korapsyon at pagkainutil sa harap ng mga kalamidad, pabigat na mga buwis at iba pang pang-aapi at anyo ng pagsasamantala.

Iniluluwal ng lumalalim na kontradiksyon sa ilalim ng rehimeng Duterte ang kalagayang dapat salubungin ng malawak na pagpapakilos sa mamamayan. Dapat abutin ng Partido at mga rebolusyonaryong pwersa ang lahat ng nagdurusa sa ilalim ng rehimeng Duterte at tulungan silang makibaka laban sa lahat ng anyo ng pang-aaapi at pagsasamantala. Dapat patuloy na magsama-sama ang lahat ng demokratikong pwersa sa isang malapad na nagkakaisang prente para labanan ang pasistang tiraniya at mga iskema ni Duterte na manatili sa poder.

Sa kanayunan, dapat palakasin ng Partido ang BHB sa lahatang-panig na paraan. Dapat pakilusin ng BHB at lahat ng rebolusyonaryong pwersa ang masa ng mahihirap na magsasaka at malaproletaryado laban sa pyudal, malapyudal at iba pang anyo ng pagsasamantala at pang-aapi, gayundin, para isulong ang kahilingan para sa demokrasya, mga kagyat na reporma at para ibasura ang mga patakarang anti-magsasaka ng rehimeng Duterte. Dapat isulong ng BHB ang armadong pakikibaka upang ipagtanggol ang masa laban sa mga pasistang mang-aapi at biguin ang mga armadong opensiba ng kaaway.

# Hungkag ang asta ni Duterte laban sa VFA

Pebrero 7, 2020



Kamakailan ay inulit na naman ni Pres. Rodrigo Duterte ang kanyang pagmamaktol sa gubyerno ng US. Nitong huli, inanunsyo niya na itutulak niya ang pagbabasura sa Visiting Forces Agreement (VFA). Gagawin daw niya ito sa loob ng isang buwan, kung hindi aayusin ng US ang *visa* o papeles ng masugid niyang tagapalakpak, ngayo'y senador, na si Ronald "Bato" dela Rosa.

Hindi raw siya nagbibiro, ani Duterte. Pero, kung titingnan ang mga pangyayari sa likod nito, pati na ang dati na niyang mga patutsada sa US, makikitang hindi seryoso si Duterte. Hungkag ang pagaasta niyang ibasura ang VFA. Pumopostura siya hindi para sa hangaring itaguyod ang pambansang kalayaan ng Pilipinas, kundi para sa makasariling interes sa pulitika.

Ang pagpoposturang ito ni Duterte ay hindi malayo sa pag-aastang makabayan ni Marcos noong dekada 1970 at pagbabantang ibasura ang Military Bases Agreement. Ito'y kasunduan noong 1946 na nagbigay sa US ng pribilehiyo na magbase militar sa mahigit 50,000 ektarya sa Clark, Subic at marami pang lugar. Pero ang asta noon ni Marcos ay nauwi lamang sa tawaran para sa mas malaking bayad-upa ng US at paghingi ng mas malaking ayudang militar bilang pagsuporta sa kanyang batas militar.

Sa estilong-Marcos, ginagamit ni Duterte ang usapin ng pambansang kasarinlan na pandekorasyon para tabingan ang kanyang pansariling interes. Una, karugtong ng pag-aasta niyang "lilipat na sa panig ng China at Russia," ginagamit niya ang astang kontra-VFA para itulak ang US na magbigay ng mas marami at bagong mga armas, helikopter, bomba, at iba pang kagamitan para sa brutal na gera ng panunupil ng AFP laban sa masang Pilipino at sa huwad na "gera kontra-droga." Sa bagay na ito, pwede niyang makuha ang suporta ng mga maka-US na upisyal ng AFP. Ikalawa, ginagamit niya itong baraha upang palakihin ang kanyang halaga at salagin ang pang-iipit sa kanya ng ilang grupo sa US na kumokontra sa kanya katuwang ang mga kalaban niya sa pulitika.

Kung mayroong kahit gahiblang pagkamakabayan si Duterte, sana'y matagal na niyang ibinasura ang VFA at pinalayas ang mga sundalong Amerikano at mga pasilidad militar nila sa Pilipinas. Nagbubulag-bulagan si Duterte sa ginagawa ng mga Amerikano sa Fort Magsaysay, Clark, Subic, Villamor Air Base, Mactan Air Base, Lumbia Airport, Camp Ranao, Camp Bautista, Carlito Cunanan Naval Station, Camp Navarro at iba pang lugar. Ang mga kampong ito'y sentro ng kanilang panghihimasok. Dito sila nag-eespiya, nagpapalipad ng mga *drone*, nagsasanay ng mga sundalong Pilipino para sa kanilang pakikialam sa mga panloob na usapin ng Pilipinas sa tabing ng "kontra-terorismo."

Para sa sambayanang Pilipinong naghahangad ng tunay na kalayaan mula sa neokolonyal na paghahari-harian ng US, mauuwi lamang sa wala ang asta ngayon ni Duterte kontra sa VFA. Paglipas ng panahon, mababaon lang ito sa limot tulad ng deklarasyon niya noon na ititigil na ang Balikatan "war exercises" at tatapusin ang EDCA.

Syempre, ang aktwal na kalalabasan ng astang kontra-VFA ni Duterte ay depende kung papaano niya lalaruin ang barahang ito. Maaari itong humantong sa simpleng "pagrebyu," bagong negosasyon o bagong kasunduan, o pagbibigay ng US ng simpleng pabuya kay Duterte (tulad ng hinihingi niyang *visa* para kay Bato). Pero may risgo rin itong umigkas sa kanya lalo na kung hindi kaagad

kumagat ang US, mapasobra ang kanyang pag-aasta na magpapalakas sa loob ng ilang upisyal ng AFP, kasabwat ng mga pwersang panseguridad ng US at lokal na oposisyon, na sipain siya sa poder. Anu't anuman, sa pinakasaligan, hindi binabago o mababago ng pag-aasta ni Duterte ang dominasyon ng US sa pulitika sa bansa.



Matagal nang isinisigaw ng sambayanang Pilipino ang pagbabasura sa VFA, at iba pang di pantay na tratadong militar sa pagitan ng US at Pilipinas. Kabilang dito ang Mutual Defense Treaty ng 1951 at ang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) ng 2014.

Lahat ng kasunduang ito ay nagbibigay ng kapangyarihan at karapatan sa militar ng US sa Pilipinas at pawang yumuyurak sa kasarinlan ng Pilipinas. Ang mga kasunduang ito'y malaking sampal sa pambansang integridad ng mga Pilipino.

Sa ilalim ng VFA, sa partikular, buong laya ang paglabas-masok ng mga sundalong Amerikano sa bansa. Hindi man lamang pwedeng inspeksyunin ang kanilang sasakyan kung nagdadala ng mga sandatang nukleyar para ipatupad ang probisyon ng konstitusyon ng Pilipinas. Ang mga sundalong Amerikano na nakagawa ng krimen ay agad na binibigyang-proteksyon ng gubyernong US at, kung di dahil sa ingay at protesta, ay pinalulusot sa kanilang pananagutan.

Ang mga kasunduang ito, pati na ang paghahari ng mga dayuhang kapitalista at bangko sa ekonomya ng bansa, ang pinakamatingkad na palatandaan ng neokolonyal na pang-aapi sa bansang Pilipinas. Ang dayong pagsaklot sa ekonomya at militar, at ang pakikipagsabwatan ng iilang traydor sa dayong mga imperyalista ang pangunahing salik kung bakit ito nananatiling atrasado at naghihirap ang mga Pilipino, at nabubundat ang mga oligarko, panginoong maylupa at malalaking korap na burukrata.

Marapat na paalingawngawin ng sambayanang Pilipino ang kanilang sigaw para ibasura ang VFA at lahat ng di pantay na tratadong militar. Dapat magkaisa ang lahat ng nagmamahal sa kalayaan at singilin ang rehimeng Duterte sa pagkakanulo nito sa kasarinlan ng Pilipinas.

# Igiit ang ganap na pagbasura sa VFA at lahat ng di-pantay na tratadong militar

Pebrero 21, 2020

Sa harap ng kamakailang pag-abiso ng rehimeng Duterte sa gubyerno ng US ng intensyon nitong wakasan ang Visiting Forces Agreement (VFA), tungkulin ng mamamayang Pilipino na igiit ang ganap na pagpawi sa tratado at igiit ang iba pang panawagan para sa pagtatanggol sa pambansang soberanya.

Ang pagpirma ni Duterte sa *notice of termination* (pabatid sa pagtatapos) noong Pebrero 11 ay tumutugon sa matagal nang panawagan ng mamamayang Pilipino na wakasan ang VFA. Gayunman, ito ay unang hakbang pa lamang. Samakatwid, kinakailangang kagyat na magkaisa at kolektibong sumigaw ang mamamayan upang maisakatuparan ang pagwawakas sa pahirap na tratadong ito.

Sa darating na 180 araw, o hanggang sa maging ganap na epektibo ang pagbabasura sa VFA, kinakailangan ng mamamayang Pilipino na:

1) mahigpit na labanan ang anumang hakbang upang bawiin ang *notice of termination*, renegosasyon ng tratado, o negosasyon para sa panibagong tratado na magpapahintulot sa mga tropang militar ng US na permanenteng makapanatili sa bansa;

2) igiit na isailalim sa inspeksyon ang mga barkong militar ng US na pumapasok sa bansa upang matiyak na hindi nagbibitbit ang mga ito ng mga armas nukleyar;

3) igiit na ikulong sa mga bilangguan sa Pilipinas at isailalim sa hurisdiksyon ng bansa ang mga tauhang militar ng US na gumawa ng mga krimen sa bansa at napatunayang nagkasala ng mga lokal na korte ngunit nanatiling nasa kustodiya ng US dahil sa VFA;



4) igiit na kanselahin ang Balikatan 2020 *war games* at lahat ng mga ehersisyong militar (319 ngayong 2020) na isasagawa ng mga pwersang militar ng US sa bisa ng VFA;

5) igiit na ibasura ang 1951 Mutual Defense Treaty at ang 2015 Enhanced Defense Cooperation Agreement;

6) manawagang wakasan ang Operation Pacific Eagle-Philippines na ginagamit ng militar ng US upang patindihin ang interbensyon nito sa bansa sa tabing ng "kontra-terorismo;"

7) manawagang lansagin ang mga pasilidad militar ng US na itinayo sa bansa bago ang at sa bisa ng EDCA kabilang na ang mga pasilidad na minamantine nito sa Lumbia Airport (Cagayan de Oro), Antonio Bautista Air Base (Palawan), Basa Air Base (Pampanga), Fort Magsaysay (Nueva Ecija), Benito Ebuen Air Base (Mactan, Cebu), Camp Navarro (Zamboanga City), Camp Ranao (Marawi City) at PNP Academy (Cavite);

8) igiit na palayasin ang mga pwersang militar ng US na nakaistasyon sa bansa, at wakasan ang pagrerelyebo ng mga tropa nito;

9) manawagang wakasan ang paggamit sa mga eroplanong paniktik at *drone* ng US, kabilang na ang pinatatakbo ng mga pribadong kontraktor kabilang na ang Dyne Corporation; at

10) manawagang wakasan ang ayudang militar ng US at ang pagsusuplay nito ng mga bomba, rocket at bala na ginagamit ng rehimeng Duterte sa armadong pagsupil at paglabag sa mga karapatan.

Ipinanawagan ng mamamayang Pilipino ang pagbasura sa VFA at lahat ng iba pang mga tratadong militar dahil binibigyan ng mga

ito ang mga pwersang militar ng US ng ekstrateritoryal na karapatan at halos walang sagkang akses na mag-operyt sa bansa. Ginagamit ng US ang mga ehersisyong militar sa bansa para pahigpitin ang kontrol nito sa AFP. Layon nitong gamitin ang lokal na armadong pwersa bilang galamay nito sa pagpapakita ng hegemonikong lakas sa Asia-Pacific.

Ang pagkakatali ng lokal na militar sa US ay hindi pumipigil sa, bagkus ay nagsisilbing balani na umaakit sa agresyon ng mga pwersang militar ng China at lahat ng kalaban at makakalaban ng US. Dahil tinali ng mga tratadong ito ang Pilipinas, hindi makapagpatupad ang bansa ng isang independyenteng patakarang panlabas.

Ang pagsandig ng AFP sa US para sa mga kagamitang militar, treyning at doktrinal na oryentasyon ay kabilang sa mga pinakamalalaking hadlang sa pagkakamit ng makatwiran at pangmatagalang kapayapaan. Dahil impluwensyado ng US, kontra-insurhensya ang pangunahing pinagkakaabalahan ng AFP at ng reaksyunaryong gubyerno ng Pilipinas imbis na depensahan ang soberanya ng bansa. Sa katunayan, ang kontra-insurhensya ay malaking negosyo para sa militar-industriyal na mga kapitalista ng US.

Batid ng mamamayang Pilipino na mali ang tinukoy na dahilan ni Duterte sa kanyang mga pahayag kung bakit nais niyang wakasan ang VFA. Ang kanyang pagbabanta na wakasan ang tratado ay nakakawing sa kanyang pansariling pampulitikang mga layunin.

Ito ang kanyang tugon sa hayagang pampulitikang panggigipit ng US Senate na bumatikos sa detensyon ng kritiko ni Duterte na si Sen. Leila de Lima. Umiiyak si Duterte ng "interbensyong US" dahil lamang ayaw niyang mapuna ang kanyang di-patas na pakikipagtunggali sa iba pang nangungunang maka-US na mga grupong pulitikal.

Ibinulalas din niya ang kanyang pagkasiphayo sa itinuturing niyang kulang na suportang militar para sa kampanyang kontra-insurhensya ng AFP. Nanlilimos siya mula sa US nang dagdag pang

mga pang-atakeng helikopter, armalayt, bomba, *fighter jet*, *drone* and iba pang kagamitang militar.

Ang pansariling mga interes at makitid na pananaw ni Duterte ay nagpapakita na ang hakbang ng pag-isyu ng abiso para lansagin ang VFA ay hindi nakatuon para wakasan ang higit sa kalahating siglo nang neokolonyal na paghahari ng imperyalismong US. Inaasahang madali lang siyang masusuyo o mapasusunod ni Trump o ng kanya mismong mga maka-US na upisyal militar.

Gayunman, ang mga patriyotikong Pilipino ay hindi mapatatahimik sa kanilang pagigiit na lansagin ang VFA at iba pang di-pantay na mga tratadong militar sa US. Mahigpit silang titindig upang isulong ang pakikibaka para wakasan ang imperyalistang pagpapahirap ng US at kamtin ang tunay na pambansang paglaya.

# Kolektibong kumilos upang labanan ang banta ng epidemyang Covid-19



Marso 7, 2020

Mabilis na lumalaganap ang Covid-19. Ang bagong tipong ito ng coronavirus ay umapekto na sa mahigit 100,000 at pumatay ng mahigit 3,400 mula nang lumitaw tatlong buwan na ang nakararaan sa mahigit 80 bansa. Mayroong tunay na banta ng epidemyang Covid-19 sa Pilipinas, kung saan anim na kaso na ang kumpirmadong kaso kapwa sa mga Pilipino at dayuhan, at may isa nang namatay hanggang noong Marso 6.

Bulnerable ang bayan sa mga epidemya dahil sa kalunus-lunos na kalagayan ng pampublikong kalusugan at sa pangkabuuang panlipunang kalagayan. Pinakadelikadong magka-epidemya sa hanay ng masang anakpawis, laluna sa hanay ng mga manggagawa at mala-proletaryado. Maaari itong kumalat nang mabilis sa daan-daanlibong namumuhay sa siksikang mga barung-barong. Kapos sila sa malinis na tubig at hindi halos naaabot ng pampublikong mga serbisyo tulad ng sanitasyon, pagkolekta ng basura at marami pang iba. May banta ring mabilis na kumalat sa hanay ng mga manggagawa sa loob ng mga pabrikang kadalasa'y di maayos ang kundisyon sa pagtatrabaho.

Halos walang ginawa ang rehimeng Duterte upang tugunan ang

banta ng epidemyang Covid-19 sa pambansang saklaw. Malawakan itong tinuligsa dahil sa naantalang pagtugon, partikular, sa pagkakwarintina at iba pang hakbang para bawasan ang interaksyon ng bansa sa China at iba pang bansa.

Sa halip, naging abala ang rehimen sa paglikha ng engrandeng kampanyang publisidad hinggil sa Covid-19. Bigo itong magsagawa ng kongkretong mga hakbang upang tulungan ang mamamayan para pigilan ang pagkalat ng sakit. Walang mga batayang hakbang tulad ng libre at malaganap na pamamahagi ng mga *face mask* at mga gamit pangkalinisan, at pagsasagawa ng malawakang mga kampanyang sanitasyon. Hinayaan nito ang mamamayan na mag-asikaso sa kanilang mga sarili, na karamiha'y abala sa pagtitiyak ng pagkain at batayang mga pangangailangan, at walang anumang proteksyon para iligtas ang kanilang mga sarili sa sakit.



Ang utos sa PhilHealth na magbigay sa mga benepisyaryo ng kakarampot na ₱30,000 para sa pagpapagamot sa Covid-19 ay naglalantad lamang ng mga limitasyon nito at kung paano ito nagsisilbi sa mga pribadong ospital na nakatuon lamang sa ganansya. Sa gitna ng banta ng Covid-19, kriminal na pagpapabaya ang pagpaliit ng rehimen sa badyet para sa pananaliksik sa mga kumakalat na sakit. Kulang na kulang ang pondo para sa mga *test* kit upang mabilis na malaman kung nahawaan ng sakit. Ang hungkag na mga pagtitiyak ni Duterte ay bigong ibsan ang takot ng mamamayan.

Palagiang isinasaalang-alang ng Partido at mga rebolusyonaryong pwersa ang kapakanan ng mamamayan, kabilang ang pampublikong kalusugan. Saan man nakatayo, ang demokratikong gubyernong bayan ay nagsasagawa ng mga kampanya sa kalusugan at nagbibigay ng libreng mga serbisyong medikal. Nagtatayo ito ng mga komite sa kalusugan sa antas-baryo pataas, upang tugunan ang mga usapin sa kalusugan ng mamamayan sa kani-kanilang mga erya at saklaw.

Kung gayon, kaisa ang Partido sa pagnanais ng mamamayang Pilipino na pangibabawan ang banta ng epidemyang Covid-19. Kaisa

rin nila ang Partido sa pagbatikos at pagtuligsa sa kainutilan ng rehimeng Duterte at kawalan nito ng kongkreto at wastong mga hakbang upang harapin ang epidemya.

Nananawagan ang Partido sa mamamayang Pilipino na mag-organisa at kolektibong kumilos upang labanan ang banta ng epidemyang Covid-19. Hinihikayat ng Partido ang mga organisasyong masa na magtayo ng libu-libong mga komiteng pangkalusugan sa mga komunidad at pabrika upang magplano ng mga kongkretong hakbang sa kolektibong paglaban sa Covid-19.

Maliban sa paglulunsad ng mga kampanyang edukasyon, maaaring mobilisahin ng mga komiteng ito ang libu-libong mamamayan na magsagawa ng mga kampanyang sanitasyon sa mga komunidad at pabrika, gayundin sa mga paaralan at upisina. Dapat ding ilahad ng mga komiteng ito ang sentimyento ng mamamayan sa gitna ng banta ng epidemya at ng kainutilan ng rehimeng Duterte. Maaaring tumulong sila sa paggiit ng mga praktikal na hakbang sa mga pabrika (tulad ng libreng pamamahagi ng mga gamit medikal at pangkalinisan sa mga manggagawa) at mga komunidad (paggiit ng koleksyon ng basura, akses sa malinis na tubig, libreng pamamahagi ng mga paketeng pangkalusugan, at mga sistemang pangsanitasyon). Bagamat sa mga syudad ang unang banta ng mabilis na pagkalat ng sakit, dapat ding maghanda ang masang magsasaka at kanilang mga organisasyon sa malawak na kanayunan. Doo'y gipit ang kalagayang pangkalusugan, kung saan malalayo ang ospital at walang sapat na serbisyong medikal sa kanilang mga komunidad.

Pinupuri ng Partido ang mga nars, duktor at propesyunal sa kalusugan na silang nasa unahan ng paglaban sa Covid-19. Nanawagan sa kanila ang Partido na palakasin ang kanilang demokratiko at makamasang mga organisasyon. Kaisa ang mga organisasyong pangmasa at mga komiteng medikal, dapat nilang igiit ang dagdag na badyet sa pampublikong kalusugan, laluna sa harap ng kasalukuyang banta ng epidemya.

Ang pagdaragdag ng alokasyon para sa pampublikong kalusugan ay makatutulong sa pagtiyak ng pondo kapwa para sa

pagtataas ng sweldo, pagpapaunlad ng mga pasilidad medikal at syentipikong pananaliksik. Dapat nilang labanan ang patakaran ng estado na suporta sa serbisyo-para-sa-ganansya at turismong medikal. Dapat nilang igiit ang pagpapalakas ng mga pampublikong ospital at itigil ang patakarang komersyalisasyon na sumesentro sa pagkamal ng tubo.



Pumatong ang banta ng epidemyang Covid-19 sa malubhang kundisyon ng pampublikong kalusugan ng mamamayang Pilipino. Mayroong malubhang problema ng epidemyang *dengue*, *tuberculosis* at iba pang kontrolado at nagagamot nang mga sakit na humahawa sa libu-libo at pumapatay ng maraming Pilipino taun-taon. Ito ang kinahinatnan ng kalunus-lunos na panlipunang mga kalagayan at pagpapabaya ng estado sa kalusugan ng mamamayan.

Hindi kailanman mabibigyan ng prayoridad ang pampublikong kalusugan ng mamamayang Pilipino sa ilalim ng kasalukuyang sistema. Tanging ang isang rebolusyong panlipunan—isang pambansa-demokratikong rebolusyon—ang babaliktad sa kasalukuyang mga kalagayan, at maglalagay sa pampublikong kalusugan at kapakanan ng mamamayan sa tuktok ng mga prayoridad ng estado.

# Labanan ang anti-mahirap at anti-demokratikong Luzon *lockdown* ni Duterte



Marso 21, 2020

Anti-mahirap at anti-demokratiko ang ipinag-utos ni Duterte na "Luzon *lockdown*," bilang solusyon sa pagkalat ng coronavirus Disease 2019 (Covid-19). Nagreresulta ito sa malawak na kaguluhan, at labis na pahirap at perwisyo sa mga manggagawa at ordinaryong mamamayan. Lalong ginatungan ni Duterte ang galit sa kanya ng sambayanan sa paghihigpit at panggigipit sa ilalim ng *lockdown*.

Mahigit 40,000 pulis at sundalo ang itinalaga sa loob at palibot ng National Capital Region (NCR) upang ipatupad ang *lockdown*. Ito ay para ikulong ang mga tao sa sarili nilang mga bahay at ipailalim sa kontrol ng militar at pulis ang transportasyon at lahat ng aspeto ng buong buhay lipunan. Itinayo ang mga tsekpoynt upang sindakin ang mga tao at pigilan silang bumiyahe para kumita o makapunta sa kanilang mga trabaho. Dahil sa *lockdown*, barado ang komersyo at lokal na produksyon. Milyun-milyon ang walang kinikita at limitado ang suplay ng mga kalakal.

Nagbabantang magresulta sa malawak na kasalatan at kagutuman ang *lockdown* ni Duterte. Hungkag ang pangako ni Duterte na pakakainin niya at bibigyan ng pera ang mga mawawalan

ng kita. Kulang na kulang ang pondong ipamamahagi diumano sa mga manggagawa. Mismong mga upisyal ng mga lokal na pamahalaan ang nagsabi na wala silang kakayahan na mamahagi ng ayudang pagkain lagpas sa ilang araw para sa mga nawalan ng kita dahil sa *lockdown* ni Duterte.



Sa harap ng pagkalat ng Covid-19, dapat sana'y isagawa ang mga hakbangin para palakasin ang imprastruktura para sa pangangalaga sa pampublikong kalusugan. Sa halip, batas militar sa anyo ng *lockdown* ng AFP at PNP ang ipinataw ni Duterte sa NCR at buong Luzon. Sinisikil ng *lockdown* ni Duterte ang saligang mga karapatang sibil, kabilang ang karapatang bumiyahe at karapatang magtipun-tipon. Hindi pwedeng lumabas ng bahay kung walang pass o nasa oras ng *curfew*. Ang hindi sumunod ay binabantaang aarestuhin at ikukulong.

Mga upisyal militar, hindi mga duktor o nars, ang nasa unahan ng solusyon ni Duterte. Kabi-kabilang mga tsekpoynt ang itinayo, sa halip na mga pasilidad medikal tulad ng kailangang-kailangang mga *test*ing *center* sa bawat barangay. Todo-buhos ang gastos para sa mga sasakyan at iba pang kagamitan ng mga sundalo at pulis, samantalang kulang na kulang ang mga pasilidad at kagamitan sa mga pampublikong ospital at ng mga manggagawang pangkalusugan para tumanggap, ieksamen at gamutin ang mga pasyenteng posibleng nahawaan ng Covid-19.

Ang pagpapataw ng *lockdown* ay patunay ng kawalang-kahandaan ng rehimeng Duterte na harapin ang Covid-19 o iba pang epidemya. Bago ito, dalawang buwan na minaliit ni Duterte ang Covid-19. Hindi niya ipinatupad ang mga hakbangin upang pigilang lumaganap sa bansa ang sakit. Katunayan, ilampung libo pang Chinese na turista at manggagawa sa POGO ang pinayagan niyang pumasok sa bansa sa buwan ng Enero hanggang Pebrero. Ito ay kahit kalat na kalat na sa China ang Covid-19, at ipinatupad na ng maraming bansa ang pagsasara ng kanilang mga *border* sa China.

Pinagtatakpan ng pasistang *lockdown* ni Duterte kung papaano niyang kinaltasan nang ₱16.6 bilyon ang badyet ng Department of

Health. Kinalahati ang badyet (mula ₱262.9 milyon noong 2019 tungong ₱115.5 milyon) para sa Epidemiology and Surveillance Program o programa para sa pagharap at pagkontrol sa nakahahawang sakit tulad ng Covid-19, upang madagdagan ang badyet ng militar at pulis, at para sa "intelligence" na pugad ng korapsyon.

Dahil walang paghahanda at walang pagmamalasakit sa kapakanan at kabuhayan ng masang anakpawis, ang *lockdown* ni Duterte ay ipinatupad sa paraang mapamilit, gamit ang pwersa ng militar at pulis. Hindi pinakikinggan ni Duterte ang hinaing ng milyun-milyong mamamayan na kailangang bumiyahe para makapagtrabaho, maghanap ng trabaho o iba pang mapagkakakitaan, magtungo sa kanilang kailangang puntahan, at iba pa. Salamin ito ng makitid na utak-militar ni Duterte. Sa kanya, lahat ay mapatatahimik sa pamamagitan ng mga armadong sundalo at pulis.

Laganap ngayon ang pag-aalburuto ng masang anakpawis sa pahirap na *lockdown* ni Duterte. Bagaman pinalalabas na ang *lockdown* ay kontra sa Covid-19, malinaw sa mamamayang Pilipino na mas malaking pasakit ang hatid nito sa kanila. Patunay na hindi seryosong hinaharap ni Duterte ang banta ng Covid-19 ay ang kawalan ng hakbanging palakasin ang mga pasilidad pangkalusugan.

Dapat manindigan ang mamamayang Pilipino na wakasan ang anti-mahirap at anti-demokratikong *lockdown* ni Duterte sa NCR, Luzon at iba pang panig ng bansa. Tulad ng ipinakitang karanasan sa maraming bansa, maaaring harapin ang banta ng Covid-19 na hindi niyuyurakan ang saligang mga karapatan ng mamamayan sa malayang pagbyahe, paghahanapbuhay o pagtitipun-tipon. Mga duktor, nars at mga manggagawang pangkalusugan, hindi mga sundalo at pulis, ang dapat na nasa unahan ng mga pagsisikap.

Marapat lamang na igiit ng sambayanang Pilipino ang kagyat na paglilipat sa kalusugan ng napakalaking badyet na winawaldas sa pagbili ng mga helikopter, eroplanong pandigma, bomba, at iba pang kagamitang panggera, gayundin ng badyet na nakalaan para sa

diumano'y "intelligence" at pambayad-utang. Dapat kagyat na armasan ang mga pampublikong ospital at iba pang pasilidad sa pagharap sa Covid-19, gayundin ang mga makinaryang pangkalusugan sa barangay para maisagawa ang *mass testing* o maramihang pag-eeksamen. Dapat tiyakin ang libreng pamamahagi ng mga *face mask*, alkohol at mga kagamitang pangkalinisan. Dapat tiyakin na may akses sa kuryente at malinis na tubig, laluna sa mga mahirap na komunidad. Dapat tiyakin ang serbisyong sanitasyon at pagkukulekta ng basura, at dekontaminasyon sa mga pampublikong lugar. Dapat dagdagan ng badyet ang mga unibersidad o mga ahensyang nagsasagawa ng siyentipikong pananaliksik para sa pagtuklas ng mga paraan para sa pag-eeksamen o *test*ing at paglikha ng mga gamot sa Covid-19, at para suportahan ang lokal na produksyon ng mga ito. Dapat igiit ng mga manggagawa ang pangkagipitang ayuda at libreng pamamahagi ng pagkain. Dapat igiit ang karapatan sa pagtitipon, kahit pa kailangang isagawa ang angkop na pag-iingat para umiwas sa pagkalat ng sakit, upang ipahayag ang kolektibong hinaing ng bayan.

Kasabay nito, dapat organisadong kumilos ang mamamayan upang isagawa ang kinakailangang mga hakbangin para iwasan ang pagkalat ng Covid-19. Buuin ang mga komite sa kalusugan at sama-samang isagawa ang mga hakbangin para sa sanitasyon o paglilinis ng paligid, personal na kalinisan, pagbibigay ng tulong sa mga manggagawang pangkalusugan at iba pa. Kasabay nito, dapat patuloy na magpunyagi na ipagtanggol ang mga demokratikong karapatan at kagalingan ng mamamayan sa panahon ng *lockdown*.

Sa mga rebolusyonaryong teritoryo, dapat pakilusin ang mga organisasyong masa at ang mga komite sa kalusugan ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika, upang isagawa ang kampanyang impormasyon tungkol sa Covid-19, at ipatupad ang mga hakbangin para pigilan ang pagkalat nito sa kanilang lugar. Bigyan ng espesyal na pansin ang pangangalaga sa mga nakatatanda na silang pinakabulnerable sa Covid-19. Palaganapin ang kaalaman sa mga halamang-gamot na maaaring gamitin sa pagkontra sa mga sintomas ng Covid-19.

Ang mga yunit ng BHB ay dapat mahigpit na makipagtulungan sa mga komite sa kalusugan sa mga baryo. Dapat pakilusin ang mga Pulang mandirigma para tumulong sa pagtataas ng kaalaman ng mga tao tungkol sa sakit at kung ano ang dapat kolektibong gawin ng bayan para harapin ito. Dapat patuloy na ipagtanggol ng BHB ang mamamayan, laluna sa harap ng banta na gamitin ang Covid-19 para magpataw ng pasistang paghaharing militar, sindakin ang bayan at supilin ang kanilang mga karapatan.

Sa panahon ng krisis pangkalusugan, ang sama-samang pagkilos ng mamamayan ang susi, hindi ang pagpapailalim ng bansa sa pasistang *lockdown* ni Duterte.

# Ang pandemyang Covid-19 ay hindi usaping pangkalusugan na lamang

Abril 7, 2020

Mula sa isang krisis sa pampublikong kalusugan, ang sitwasyong ibinunsod ng pandemyang Covid-19 ay mabilis na namumuo na isang krisis sa ekonomya, kabuhayan ng masa, at pulitika. Lalo pang dumarami ang kaso ng nahahawa at namamatay sa Pilipinas at buong mundo. Kasabay nito, lalo ring dumarami ang mga Pilipinong dumaranas ng gutom, hirap at pasakit dahil sa ipinataw na *lockdown* ni Duterte na wala namang kaakibat na puspusan, sapat at maagap na mga hakbanging pangkalusugan at pangkabuhayan.

Lubhang napakabagal ng gubyerno ni Duterte na ipatupad ang kailangang-kailangang malawakang pag-eeksamen bilang hakbang para sawatain ang pagkalat ng sakit. Matapos ang tatlong linggo, humigit-kumulang 19,000 pa lamang ang naeeksamen samantalang dapat ay maramihan itong isinasagawa sa mga komunidad. Sa kabila ng ibinigay na kapangyarihan kay Duterte na baguhin ang badyet ng bansa, kulang na kulang ang inilaang karagdagang pondo para suportahan ang mga manggagawang pangkalusugan at para palakasin ang mga pampublikong ospital para makaagapay sa pandemya. Napakabagal humakbang ng gubyerno sa harap ng mga

kakulangan ng suplay, at nakaasa pangunahin sa inisyatiba ng pribadong sektor. Nalalantad pa ang korapsyon sa sobrang presyo sa pagbili ng mga kagamitan.

Habang nagtatagal, milyun-milyong mamamayan ang pinagtitiis ng gubyerno sa pinagdurusahan nilang gutom. Kulang na kulang ang inilabas na pondo para tustusan ang lahat ng nawalan ng trabaho at nawalan ng kita. Atrasadong atrasado ang pagbibigay ng ayuda at marami ang hindi nakatanggap. Nagtuturuan ang mga upisyal ng iba't ibang ahensya. Tumitingkad na kulang ang kaalaman at kakayahang mamuno ng gubyernong Duterte sa harap ng krisis. Umaasa ang marami sa mas mabilis at mas laganap pang ayudang ibinibigay ng mga boluntir na mga indibidwal, mga organisasyong masa, pribadong samahan, at iba pang grupo.

Kamay-na-bakal ang gamit ni Duterte sa pagharap sa krisis sa kalusugang pampubliko. Mga pulis at sundalo ang inilagay niya sa unahan at tuktok ng makinarya ng gubyerno na pantugon sa krisis pangkalusugan. Lalo niyang sinisikil ang mga karapatan ng mamamayan na magpahayag o magtipun-tipon. Hayagang pinagbantaan ni Duterte na ipababaril ang sinumang hindi susunod o "lilikha ng gulo." Pinaghahari ni Duterte ang takot habang nabubuhay sa pangamba ang masang ginugutom ng *lockdown* at ng gubyernong pabaya.

Habang nagtatagal ang *lockdown* bilang tugon ni Duterte sa krisis pangkalusugan, lalong tumitingkad na kulang ang kakayahan ng kanyang gubyerno na pamunuan ang bansa sa panahon ng krisis at lahatang-panig na tugunan ang pangangailangan ng bayan. Lalo namang nagiging desperado ang milyun-milyong masang anakpawis at panggitnang uri sa kinakaharap nilang gutom, kasalatan at pagkasaid ng ipon at kawalan ng hanapbuhay.

Sa kanayunan, lalong nasasadlak sa hirap ang masang magsasaka dahil sa pagharang sa mga produkto, paghihigpit sa pagbiyahe at pagbili ng pagkain. Sa kabila ng idineklara ni Duterte na tigil-putukan, patuloy at lalo pang lumaganap ang mga operasyong kontra-insurhensya ng AFP at PNP. Hindi bababa sa 146

barangay ang kasalukuyang inookupa ng mga sundalo. May ilang lugar na nagbabahay-bahay ang mga sundalo na walang proteksyon sa mukha kontra sa pagkalat ng sakit. Sa tabing ng paglaban sa Covid-19, itinayo ang mga tsekpoynt upang limitahan o pagbawalan ang paggalaw ng mga tao para magtrabaho sa sakahan o bumili ng pagkain. Walang hinto ang panggigipit at "pagpapasurender" sa masa.



Upang labanan at tuluyang pigilan ang pandemya, obligado ang sambayanang Pilipino na tumindig, sama-samang kumilos at magtulung-tulong para pigilan ang pagkalat ng sakit at igiit sa gubyerno ang obligasyon nitong magbigay ng ayuda sa panahon ng krisis. Kasabay nito, kailangan nilang ipagtanggol ang kanilang mga karapatan at kagalingan na niyuyurakan sa militaristang solusyon ng rehimen.

Dapat patuloy nilang igiit ang pagwawakas sa *lockdown* at sa halip ay ipatupad ang mga hakbang tulad ng maramihang *screening* at *test*ing sa mga komunidad para madaling ibukod at pigilan ang pagkalat ng bayrus. Dapat maglaan ng sapat na pondo para pakilusin, sanayin at bigyan ng sapat na kagamitan ang libu-libong mga manggagawang pangkalusugan at mga boluntir. Ngayon ang panahon na isigaw ang pagpapalakas ng mga pampublikong ospital sa halip na paggiba sa mga ito sa ilalim ng patakarang pagkaltas sa pondo sa mga serbisyong pangkalusugan.

Habang ipinatutupad ni Duterte ang *lockdown*, dapat igiit ng mamamayan ang mabilis na pagbibigay ng sapat na ayuda sa lahat. Dapat singilin ang rehimeng Duterte sa usad-pagong, kulang at kwestyunableng paraan ng pamamahagi ng ayuda.

Sa harap ng *lockdown*, sadyang pangunahing natitipon ang kolektibong hangarin ng mamamayang Pilipino sa mga komunidad ng maralita sa kalunsuran at kanayunan. Narito ngayon ang konsentrasyon ng pagdurusa ng sambayanan. Dapat mapanlikhang kumilos ang mga magkakapitbahay para sama-samang ipahayag ang hinaing at kahiligan ng buong bayan. Dapat maramihan silang kumilos upang labanan at pangibabawan ang mga banta ni Duterte

na susupilin ang lahat ng pagkilos ng masa.

Upang harapin ang pandemyang Covid-19 at bilang tugon sa panawagan ng United Nations para sa "pandaigdigang tigil-putukan," nagdeklara ang Partido ng tigil-putukan noong Marso 26 na may bisa hanggang Abril 15. Itinuon natin ang mga yunit ng BHB sa pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan sa mga baryo kahit pa walang tigil silang ginagambala ng mga operasyon at mga pagsalakay ng AFP na nagresulta sa hindi bababa sa pitong armadong engkwentro. Sa harap ng walang-patid na mga opensiba ng AFP, pinaaalalahanan ng Partido ang lahat ng yunit ng BHB na panatilihing mataas ang disiplina sa lihim na pagkilos upang pagkaitan ang kaaway na sumalakay at panatilihing malawak ang maniobrahan para patuloy na makapagbigay ng serbisyo ang BHB sa masa. Dapat ring pakilusin ang lahat ng mga organisasyon at pwersa sa kanayunan para igiit ang mga kahilingang pang-ekonomya at pagplanuhan ang pagpapataas ng produksyon ng pagkain bilang paghahanda sa posibleng kasalatan bunsod ng *lockdown* at pagtigil ng produksyon.

Habang nagmamatigas si Duterte sa kanyang paraang pasistang diktadura, patuloy niyang inihihiwalay ang sarili niya sa mamamayan. Dahil sa krisis ng Covid-19 na kagagawan din ng mga kabiguan ng kanyang rehimen, lalong umalingasaw ang kanyang baho. Nayuyugyog ang kanyang rehimen bunga ng pagkitid ng suporta. Sa bawat buka ng maruming bibig at maling mga hakbang ni Duterte, lalo niyang ginagatungan ang malawakang galit at pinag-aalab ang tapang ng bayan. Paminsan-minsan siyang umaatras upang pakalmahin ang sitwasyon. Mapatutunayan pa kung mapipigilan niya ang pagkulo ng galit ng sambayanan o siya ang tuluyang malalapnos.

Ang napakalaking hambalos ng pandemyang Covid-19 sa Pilipinas ay naglalantad sa kabulukan at pundamental na kontradiksyon ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal sa bansa. Tumambad ang kawalang kakayahan ng naghaharing estado na tugunan ang pangangailangan ng bayan.

Lalong naging malinaw ang pangangailangan para sa rebolusyonaryong pagbabago upang itayo ang bagong sistema ng demokrasyang bayan na tunay na magtataguyod sa kagalingan at interes ng mamamayang Pilipino.

# Sinasamantala ni Duterte ang Covid-19 para ipataw ang pasistang diktadura



Abril 21, 2020

Sinasamantala ng rehimeng Duterte ang krisis ng pandemyang Covid-19 upang lalong palawakin ang kapangyarihang diktador at pahigpitin ang kapit nito sa poder. Matapos bigong pigilan ang pagkalat ng bayrus gamit ang militaristang *lockdown*, nagbabanta ito ngayong gagamit ng batas militar at ipakat ang mga sundalo para ipailalim ang bansa sa "total *lockdown*" sa ngalan ng "pagpataw ng kaayusan." Nagsisilbi ito sa nagpapatuloy na layunin ng rehimen na itatag ang isang pasistang diktadura.

Mahigit isang buwan na ang nakaraan nang unang ipinatanggap sa mamamayang Pilipino ang kwarantina at *lockdown* bilang hakbang para pabagalin ang pagkalat ng bayrus kapalit ang inaasahang maagap na mga hakbanging pangkalusugan at sosyo-ekonomiko. Subalit ang mga ito'y hindi ipinatupad nang maayos, sapat at matulin. Isang buwan mula nang ipataw ang *lockdown* sa Luzon at maraming bahagi ng Visayas at Mindanao, patuloy ang pagkalat ng Covid-19 sa bansa at paghawa sa paparaming tao. Milyun-milyong pamilya ang nagugutom, balisa at nangangamba sa hindi maayos na pamamalakad at pabagu-bago at padaskul-daskol

na plano ni Duterte at kanyang walang-alam na mga heneral.

Bigo ang rehimen na ipatupad ang kinakailangang mga hakbangin para armasan ang pampublikong sistemang pangkalusugan na labanan ang pagkalat ng bayrus at bigyan ng ayudang sosyo-ekonomiko ang milyun-milyong pamilyang nagdusa sa *lockdown*. Bulagsak at burara ang plano ng mga ahensya ng gubyerno sa pagharap sa krisis.



Wala pa itong hakbang para sa sistematikong *mass screening* at *test*ing sa populasyon, na pinakaimportanteng sangkap sa paglaban sa pandemya. Umaasa ito sa inisyatiba ng mga pribadong ospital, organisasyon at lokal na gubyerno. Hindi ito naglipat ng sapat na pondo para itayo ang bagong mga pasilidad, kumuha ng mga duktor at nars, magsanay ng mga manggagawang pangkulusugan at magtayo ng mga pabrika para magprodyus ng mga kagamitang pangkaligtasan at para sa *mass screening* at *test*ing. Mga pulis at militar ang binigyan ng prayoridad sa *hazard pay* sa halip na mga nars at duktor.

Matapos na maghambog na mayroon siyang pera, sinasabi ngayon ni Duterte na walang pera ang gubyerno bilang palusot sa burukratiko, magulo at tinitipid na pondong pang-ayuda sa mamamayan. Kulang ang ipinamamahaging pondo. Pinakanagdurusa sa *lockdown* ang mga manggagawa at mala-proletaryo. Nagiging desperado na rin ang mga pamilyang may katamtamang kita dahil nauubusan na sila ng ipon. Dahil nauubos na ang tulong mula sa mga pribadong organisasyon, marami ang natutulak na suwayin ang mga paghihigpit sa hangaring kumita nang kahit papaano.

Ang tugon ng rehimen sa Covid-19 ay pinangungunahan ng mga upisyal militar, sa halip na eksperto sa kalusugan, kaya militarista ang pagharap sa krisis. Mabilis na dumarami ang nakapakat na mga pwersang militar sa National Capital Region. Ginagamit ng mga sundalo at pulis ang kapangyarihang batas militar para "ipataw ang kaayusan." Ilampung libo na ang inaresto at idinetine sa paglabag sa kwarantina.

Kahit sa gitna ng krisis pangkalusugan, nagpakat ang rehimen ng libu-libong mga sundalo sa kanayunan para paigtingin ang kontra-insurhensya at maglustay ng daan-daang milyong piso sa magastos na mga operasyong pangkombat, pambobomba, saywar at paggamit ng mga *drone*. Umiikot sa kanayunan ang kanyang mga sundalo na walang pag-iingat sa kalusugan, at isinasapeligro ang ngayo'y di pa nahahawang mga baryo. Tulad sa syudad, nagtsetsekpoynt sila sa mga pambansa at pamprubinsyang kalsada.

Kailangang kailangan ang mga reporma sa ekonomya pero pinili pa rin ng gubyernong panatilihin ang mga patakarang neoliberal na dahilan bakit kulang ang pondo sa kalusugan at mga serbisyong panlipunan. Nagtengang-kawali ito sa sigaw para isuspinde ang pagbabayad-utang, at sa halip ay nagpaplanong muling humiram, ilubog lalo ang bansa sa utang at kalauna'y maningil ng dagdag pang buwis.

Para palakasin ang kanyang paghaharing awtoritaryan at bigyang-matwid ang planong magpataw ng dagdag na malupit na hakbangin, sinisisi ng rehimeng Duterte ang mamamayan sa pagkalat ng sakit, pinupuntirya ang ilang "pasaway" para tuligsain ang lahat liban ang sarili nitong mga pagkakamali, kabiguan at kahinaan. Tahasan na ang pagsisinungaling ni Duterte, sa pagsasabing matagal na raw niyang nakita ang mangyayari kaya raw maaga niyang ipinataw ang *lockdown* para pigilang kumalat ang sakit.

Subalit alam na alam ng lahat na tumanggi ang gubyernong Duterte sa hinihingi ng bayan noon pang Enero at Pebrero na isara ang bansa sa China kung saan nagsimula ang bayrus. Huling-huli nang ipinataw sa Luzon ang *lockdown* na walang kaakibat na hakbangin para tukuyin at ikulong ang bayrus, at malala pa, walang sapat na suportang panlipunan para ayudahan ang malawak na masa sa panahon ng krisis.

Sinisindak ni Duterte ang bayan para paniwalain silang magagapi ang bayrus sa kanyang "sumunod lang kayo" na doktrinang diktador. Sinasamantala niya ang takot sa bayrus para

paluhurin ang mga tao sa kanyang awtoridad, at lumpuhin sila sa utos na "magkulong sa bahay." Kung nawawala ang takot sa bayrus dahil sa desperasyong maghanapbuhay, magbabanta at gagamitin naman ni Duterte ang takot ng mga tao sa kanyang duguang rekord.

Dahil walang malawakang *screening*, *test*ing at *contact tracing*, kahit pa may *lockdown* at mga tsekpoynt si Duterte, patuloy na kumakalat ang di natataluntong bayrus at ngayo'y nagbabantang lumaganap sa siksikang mga komunidad sa kalunsuran. Ligtas pa sa ngayon ang mga tao sa kanayunan, laluna sa mga liblib na komunidad, subalit maaari rin silang maramihang mahawa kung di pa rin matitiktikan ng gubyerno ang bayrus.



Ang pagsuot ng *face mask*, ang paglalayu-layo, tamang paglilinis at sanitasyon ay mga kailangang hakbang para iwasan o pabagalin ang pagkalat ng bayrus. Subalit epektibo lamang na mapipigil ang pagkalat nito sa pamamagitan ng *mass screening* at *test*ing, mahigpit na contact *tracing* o pagtalunton sa mga taong nagkaroon ng kontak sa nahawa at masugid na paghihiwalay at pagbubukod sa kanila. Sa ganoon lamang mapuputol ang kadena ng paghahawaan ng sakit.

Pinatutunayan ng karanasan ng South Korea, Vietnam, Venezuela, Cuba, Canada, Iceland at iba pang bansa na makokontrol o mapababagal ang pagkalat ng bayrus sa pamamagitan ng pagtiktik at paghihiwalay, kahit wala ang lubhang paghihigpit laban sa pagbyahe o pagtatrabaho, at lalo na, kahit wala ang lubhang mapanupil na paggamit ng militar at pulis para obligahing sumunod ang mga tao sa mga hakbanging pangkalusugan.

Mahigit 6,200 ang nahawa ng Covid-19 sa Pilipinas, kaya relatibong malala na ang inabot ng pagkalat nito sa bansa. Kaya kailangang-kailangan na ngayon na isagawa ang malawakang *screening* at *test*ing at contact *tracing*. Kailangan nito ang pagpapakilos, pagsasanay at pagbibigay ng kagamitan sa puo-puong libong manggagawang pangkalusugan upang galugarin ang mga komunidad, pabrika, paaralan at iba pa. Dapat pakilusin at pakinggan ang siyentipikong komunidad upang isagawa sa paraang sistematiko at mabilis ang kampanyang ito. Dapat itatag ang

makinaryang ito sa tulong ng mga lokal na gubyerno, mga organisasyong sibiko at relihiyoso at mga organisasyong masa. Dapat may bukas na konsultasyon at ang lahat ay dapat hikayating ubos-kayang gawin ang lahat para mahinto ang pagkalat ng bayrus.



Kapuri-puri na sinuway ng ilang mga upisyal ang utos ng mga heneral ni Duterte sa pagsasagawa ng malawakang *test*ing, contact *tracing*, pagluluwag ng kwarantina at pamamahagi ng ayuda. Subalit mawawalan ng saysay ang mga ito kung hiwa-hiwalay ang kanilang pagsisikap. Dapat may inisyatiba sa ibaba, habang may pondo, tulak at koordinasyon mula sa itaas.

Sa madaling salita, upang talunin ang Covid-19, dapat payabungin, hindi patayin, ang demokrasya. Hindi malilipol ang Covid-19 ng anumang tiraniya ni Duterte. Taliwas dito, kung walang malawakang *test*ing at contact *tracing* para taluntunin at ihiwalay ang mga nagdadala ng bayrus, ang paghihigpit sa *lockdown* at kwarantina ay mga bulag na hakbang na sa kadulu-duluha'y pawang mga pasistang mekanismo para supilin ang demokrasya.

Sa harap ng nagpapatuloy na kabiguan ng rehimeng Duterte na kontrolin ang pagkalat ng Covid-19, tungkulin ng sambayanang Pilipino na mas aktibong igiit sa gubyerno na isagawa ang *mass testing* at contact *tracing* at tutulan ang walang takdang pagpapalawig ng military *lockdown* at mga tsekpoynt na lumikha ng di na mabatang makataong krisis.

Kasabay nito, dapat nilang itulak ang kagyat at sapat na suportang panlipunan sa anyo ng pamamahagi ng pondo. Maaari nilang itulak ang gubyerno na maglaan ng sapat na pondo para bigyan ang bawat pamilya ng katumbas ng takdang minimum na arawang sahod. Hinihingi ng sambayanang Pilipino na managot si Duterte at kanyang mga busalsal na heneral sa bigong pagharap sa Covid-19. Kung di tutugunan ang mga hinihingi ng bayan, lalong magagatungan ang kanilang sigaw para sa pagbibitiw ni Duterte o para sa kanyang pagpapatalsik sa pamamagitan ng direktang demokratikong aksyon ng mamamayan.

Sa gitna ng *lockdown*, mga kahirapang ekonomiko at kulang na

suportang gubyerno, dapat ipagpatuloy ng mga organisasyong masa ang pagtutulungan sa kanilang mga komunidad, palakasin ang pagkakaisa ng mga tao upang sama-samang pangibabawan ang krisis sa kabuhayan at kalusugan. Maaari nilang ipagpatuloy ang sama-samang paghahanda ng pagkain, kolektibong pagbili ng suplay, kooperatibang tindahan, paggawa ng mga *face mask* para sa komunidad, at pagtipon ng rekurso sa pamamagitan ng donasyon at iba pang paraan. Dapat tukuyin nila at bigyan ng suporta ang mga nangangailangan ng dagdag na tulong tulad ng mga nakatatanda at may sakit, mga buntis, mga *single parent* at iba pa.



Dapat igiit ng mga unyon ng mga manggagawa na bayaran sila ng katumbas ng gastos nila sa buwan sa panahon ng *lockdown*. Dapat igiit ng mga manggagawa sa mga pabrika, restawran, mga tindahan, botika at iba pang empresa ang kaligtasan sa kanilang pinagtatrabahuan para proteksyunan sila laban sa Covid-19. Dapat igiit ng mga kontraktwal ang patuloy nilang pagtatrabaho at segurdad sa empleyo.

Dapat igiit ng mga manininda sa palengke, kabilang ang mga may-ari ng maliliit na tindahan, ang mas mababang upa sa kanilang mga pwesto. Dapat igiit ng mga magsasaka ang subsidyo ng estado para bilhin ang palay at iba pang produktong bukid para iligtas sila sa pagkalugi at upang di sumirit ang mga presyo. Dapat igiit ang mas malaking pondo para sa mga lokal na gubyerno upang makatugon sa mga kahilingan at pangangailangan ng kanilang mga sakop.

Tinatawagan ng Partido ang lahat ng komite nito sa mga syudad na patuloy na magpalakas at magkonsolida, at gabayan at pamunuan ang bayan at ang kanilang mga organisasyon sa pagharap sa krisis.

Sa kanayunan, tinatawagan ng Partido ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) na bigyang prayoridad ang pagresponde sa pangangailangang pangkalusugan at pang-ekonomya ng bayan. Ang pagpapalawig ng tigil-putukan bilang tugon sa panawagan ng United Nations para sa pandaigdigang tigil-putukan ay nagbibigay sa lahat ng yunit ng BHB ng oportunidad na palawakin ang naabot ng

kanilang kampanya sa pampublikong kalusugan para tulungan ang masang magsasaka na pigilan ang pagkalat ng Covid-19 at paghandaan ang posibleng mga pagkahawa ng mga tao sa kanilang mga baryo. Dapat ituloy ang pagbibigay impormasyon, kasabay ng pagsasanay sa komunidad sa *screening*, paghahanda ng mga kinakailangang pasilidad at kagamitan para sa paghihiwalay at pag-alaga sa maysakit, at transportasyon para maghatid sa mga ospital sa syudad. Dagdag pa, dapat nilang tulungan ang masa na isulong ang mga pakikibakang antipyudal at para itaas ang produksyon sa harap ng nakaambang pagbulusok ng ekonomya.

Kasabay nito, dapat manatiling mataas ang alerto ng BHB sa harap ng pinaigting na mga operasyon ng AFP. Habang pinananatili ang mahigpit na paglilihim upang di matukoy ng kaaway, dapat handa silang makipaglaban sa mga pasistang pwersa na determinadong pigilan ang hukbong bayan na magbigay ng suporta at serbisyo sa bayan.

Dapat sikapin ng mamamayang Pilipino na wakasan ang pagkalumpong dulot ng ipinataw na *lockdown* ng rehimeng Duterte. Dapat hanapin nila ang mga paraan upang ihatid ang kanilang boses at sama-samang kumilos. Dapat nilang pangibabawan ang takot sa bayrus, at basagin din ang teror ng paghaharing batas militar ni Duterte.

# Lalong pahirap, panunupil at korapsyon sa tabing ng Covid-19 *lockdown*

Mayo 7, 2020

Sinasamantala ng rehimeng Duterte ang pandemyang Covid-19 sa Pilipinas upang palawigin ang mga pasistang hakbang na ipataw nito sa ngalan ng "pagsugpo" sa sakit. Ang tinatawag nitong "bagong normal," sa kaibuturan, ay ibayong pagpapasahol sa pinakamalalalang aspeto ng malakolonyal at malapyudal na sistema. Sa ilalim nito, lalong brutal na pasismo, mas malalalang patakarang neoliberal at mas masahol na korapsyon ang paiiralin ng tiranong si Duterte.

Mahigit 50 araw mula nang ipataw ni Duterte ang "*lockdown*" sa Luzon at iba't ibang panig ng bansa na nagdulot na ng walang kapantay na gutom at hirap sa mamamayan at sumisira sa ekonomya ng bansa. Hanggang ngayon, wala pa ring ginagawang inisyatiba ang kanyang gubyerno para sa malawakang siyentipikong pagsisiyasat sa tunay na bilang ng nahawa ng sakit na Covid-19 at bagsik nito sa mga dinadapuan. Kulang, mabagal at kalat-kalat ang mga pagsisikap nito sa *mass testing*, at kulang na kulang ang pondo at tauhan para mag-eksamen ng mga sampol.

Nananatiling nasa dilim ang mamamayang Pilipino sa kung ano ang batayang siyentipiko at pangkalusugan ng nagpapatuloy na

militaristang *lockdown* na tinawag na *general* at *enhanced community quarantine* (GCQ at ECQ) at kung ano na ang naabot nito. Habang pinananatiling bulag at balot ng takot sa Covid-19 ang mamamayan, namamayagpag naman si Duterte at ang kanyang pasistang pangkat sa pagpapatupad ng mas malulupit at masasahol na hakbangin at patakaran.



Sa nagpapatuloy na *lockdown*, walang patumanggang niyuyurakan ng mga pulis at sundalo ni Duterte ang saligang mga karapatan ng mamamayan. Kahit walang kinalaman at katunaya'y taliwas sa deklarasyong pangangalaga sa pampublikong kalusugan, daan-daan libong mamamayan ang pwersahang ikinukulong sa kanilang mga bahay sa tinawag na mga "*total lockdown*."

Niroronda ng mga armadong tauhan ni Duterte ang mga maralitang komunidad at mga pribadong subdibisyon upang papaghariin ang takot at pangamba. Kaliwa't kanan ang dinadampot, pinoposasan, binubugbog, ikinukulong at labis na pinahihirapan kahit sa simpleng mga pagkakamali. Maraming lugar ang nakapailalim sa *curfew*. Kaliwa't kanan ang mga tsekpoynt. Bawal magprotesta. Bawal magreklamo. Ipinaiilalim at kinokontrol ng pulis at militar maging ang pagtutulungan at pagbibigay ng ayuda, lahat sa ngalan ng "social distancing."

Sa kanayunan, lalo pang sumisidhi ang panunupil ng AFP sa masang magsasaka kaakibat ng pinatitinding operasyong kontra-insurhensya. Labis na paghihirap at paghihikahos ang dulot sa mga magsasaka ng mga tsekpoynt at pagrerekisa, pagbabawal na magsaka, pagkontrol sa dami ng pwedeng bilhin, paghahalughog sa mga bahay, paninindak para pwersahing makipagtulungan sa militar, at iba pang paraan ng paniniil.

Pinakatarget ng pasistang mga patakaran ni Duterte ang mga demokratiko at makabayang pwersa at mga kritikong naglalantad sa kulang na kulang at makupad na pagbibigay ng ayuda sa panahon ng *lockdown*, sa lubhang kulang na suporta sa mga manggagawang pangkalusugan, sa pagpapabaya sa mga pampublikong ospital at sa naunang pagbabalewala at kulang na paghahanda sa pagkalat ng

Covid-19, at iba pang malalaking kabulastugan sa panahon ng pandemya.

Sa aktwal, ipinataw na ni Duterte ang paghaharing militar at pulis sa pamamagitan ng *lockdown*. Layunin nitong lumpuhin ang demokratikong paglaban ng mamamayan at iratsada ang pagpapatupad ng anti-mamamayang mga patakarang neoliberal na matagal nang nais ipatupad ng reaksyunaryong estado.



Sa pahayag mismo ng Malacañang, hindi kaiba ang "bagong normal" sa tinatawag nitong "GCQ" kung saan mahigpit na kinokontrol at minamanmanan ng estado ang galaw ng bawat myembro ng buu-buong komunidad. Sinasabing mananatili ang kaayusang ito hanggang maka-imbento ng gamot, na ayon sa mga siyentista ay maaaring abutin nang 18 buwan (o hanggang Disyembre 2021).

Gamit ang pagdadahilang kailangan pa rin ng "social-distancing," pananatilihin ng rehimen ang pagbabawal sa mga pagtitipon. Idadahilan nito ang pagkalat ng bayrus para panatilihin ang pagbabawal sa pamamasada ng maraming drayber ng dyip at traysikel, gayundin ang paglabas at pagtatrabaho ng milyun-milyong malamanggagawang kontraktwal. Mananatili ang mga tsekpoynt sa pagdadahilang kailangang kunin ang temperatura ng mga dumadaan. Pahihigpitin nito ang mga "hakbang pangkalinisan" para ipasara ang maraming maliliit na negosyo. Bubuksan nito ang mga eskwelahan at pabrika, pero patuloy nitong ipagbabawal ang malalaking pagtitipon ng mga estudyante at manggagawa. Itinutulak ni Duterte ang mapanupil na National ID System sa ngalan ng mas episyenteng pamimigay ng ayuda o para sa "pagsubaybay sa bayrus."

Sa ngalan ng pagpapaluwag sa mga daan, ipagbabawal ng rehimen ang pagpasada ng mga lumang dyip para mapalitan ang mga ito ng bagong mga sasakyan mula sa China na hawak ng malalaking negosyante. Sa tabing ng pagpapaluwag ng mga syudad, itutulak nito ang malawakang demolisyon ng mga komunidad ng mga maralita sa ilalim ng programang "Balik Probinsya" upang mapasakamay ng malalaking burgesyang komprador at mga

dayuhang kapitalista ang mga primera klaseng lupa sa Kamaynilaan.

Sinamantala rin ni Duterte ang pandemya nang ipataw niya kamakailan ang 10% dagdag na buwis sa inaangkat na krudong langis na tiyak na ipababalikat sa mamamayan. Habang minamadali ng rehimen ang planong kaltasan ng buwis ang malalaking kapitalista sa ngalan ng muling pagbuhay ng ekonomya, tumatanggi naman itong pakinggan ang kahilingan na ibasura o isuspinde ang pagpapatupad ng TRAIN Law na nagpataw ng mabigat na buwis sa mga saligang konsumo. Dagdag na buwis din ang malao'y ipatutupad kapalit ng humigit-kumulang $4 na bilyong bagong utang ng Pilipinas sa World Bank, ADB at iba pang ahensya.

Sa gitna ng krisis pangkalusugan at sumasadsad na ekonomya, lalong lumalala ang burukrata-kapitalistang pandarambong. Sinasamantala ni Duterte ng kanyang mga kroni at burges komprador ang krisis para magkamal ng malaking tubo. Tampok sa mga ito ang pagkopo ng pamilyang Villar at ni Dennis Uy sa mga kontrata para sa pagtatayo ng mga *quarantine center*.

Ginagamit ni Duterte ang kanyang paghahari-hariang diktador upang paluhurin sa kanyang kagustuhan ang lahat ng malalaking burgesya-kumprador. Ang ilang buwan nang pagbabanta niya sa pamilyang Ayala at kay Manny Pangilinan ay humantong kamakailan sa kunwari'y "paghingi ng patawad" ni Duterte na drama lamang para pagtakpan ang bilyun-bilyong pisong mga aregluhan.

Noong isang araw, ipinag-utos ng rehimeng Duterte ang pagpapasara sa ABS-CBN, isang tahasang atake sa malayang pamamahayag. Sinamantala niya ang *lockdown* para walang makapag-ipon para magprotesta. Pinag-iinitan ni Duterte ang ABS-CBN dahil hindi ito basta sumusunod sa kanyang kumpas. Matagal nang pinipiga at iniipit ng mga burukratang kapitalista ang ABS-CBN para makipag-areglo kapalit ng kanilang prangkisa o kaya'y obligahin itong ibenta ang kumpanya sa mga naglalaway na kroni ni Duterte at kasabwat nilang mga dayong kapitalista.

Sagadsaring paniniil, pang-aapi at korapsyon ang "bagong

normal" sa ilalim ng pasistang rehimeng Duterte. Habang nagbabanta si Duterte na idedeklara ang batas militar, ipinatutupad na niya ang mga elemento ng absolutong paghaharing diktador at tuluyan nang pinapatay ang natitirang kalayaan at demokrasya. Ang kalayaan ay para na lamang kay Duterte at sa kanyang mga kampon: Kalayaan para lalo pang magkamal ng yaman at tubo. Kalayaang gamitin ang pera ng bayan para sa sariling kapakanan. Kalayaang ikulong ang lahat ng hindi yuyuko. Hawak ni Duterte sa leeg ang demokrasya at handang tuluyang sakalin anumang oras.



Ang buong Pilipinas ay nasa ilalim na ng hindi deklaradong batas militar ni Duterte. Lalong sinisiil, pinahihirapan at pinagnanakawan ni Duterte ang buong bayan. Gayunman, deklarado man o hindi, ang batas militar ay isang malaking batong mahuhulog sa sariling ulo ni Duterte.

Dapat itakwil ng buong bayan ang "bagong normal" na walang iba kundi ang pagpapatuloy ng mga elemento ng *lockdown* at iba pang mga patakarang lalong nagpapatindi ng dati nang bulok na sistemang panlipunan. Dapat nilang hingin kung ano ang siyentipikong batayan ng nagpapatuloy na *lockdown*, mga tsekpoynt, *curfew* at lahat ng mga paghihigpit na labis-labis na pinarurusahan. Sa ngalan ng demokrasya at kalayaan, dapat nilang tipunin ang tapang para malikhaing suwayin at hamunin ang mga panggigipit sa ilalim ng militaristang *lockdown* ni Duterte.

Dapat pandayin ang pinakamalawak na pagkakaisa ng lahat ng demokratikong uri at sektor laban sa "bagong normal" na di deklaradong batas militar ni Duterte. Dapat magsama-sama ang pinakamaraming sektor para kundenahin at labanan ang pagpapasara sa ABS-CBN at iugnay iyon sa pagpapabaya ni Duterte sa mga manggagawang pangkalusugan, sa mabagal at kulang na kulang na ayuda sa panahon ng *lockdown*, sa pagtangging isuspinde ang pagbabayad-utang at itigil ang kontra-insurhensya para paburan ang pangangailangan sa pampublikong kalusugan, sa mga brutalidad at pang-aabuso ng mga pulis at sundalo sa karaniwang mamamayan, sa korapsyon ni Duterte, at sa pagsupil sa batayang karapatang

magpahayag ng hinaing at damdamin at magrali sa lansangan.

Dapat isagawa ang malawakang kampanyang propaganda at edukasyon sa masa. Dapat ilantad ang mga kasinungalingan at di siyentipikong satsat ni Duterte hinggil sa Covid-19 at igiit ang pangangailangan para pamunuan ng mga siyentista at manggagawang pangkalusugan, hindi ng mga pasista, ang pagharap ng bansa sa pandemya. Dapat singilin si Duterte sa paggamit sa pandemyang Covid-19 para isulong ang kanyang iskemang itatag ang isang pasistang diktadura. Dapat ilantad ang mga patakarang neoliberal na lalong nagpapahirap sa masa at magkaisang ipaglaban ang mga panawagang ibasura ang TRAIN law at iba pang pahirap na buwis, ang karapatan sa disenteng pabahay, karapatan sa trabaho, at iba pang mga demokratikong kahilingan.

Dapat patuloy na palakasin ng Partido ang kanyang mga sangay at komite sa kalunsuran at kanayunan. Dapat patuloy na palakasin ng Partido ang kilusang lihim upang tiyakin na tuluy-tuloy na napapalakas at napalalawak ang kanyang organisasyon kahit pa sa ilalim ng pasistang panggigipit at panunupil. Kaalinsabay nito'y dapat lalong palakasin ng Partido ang ugnayan nito sa malawak na masa upang tuluy-tuloy silang napupukaw, naoorganisa at napakikilos. Dapat mahusay na pamunuan ng Partido ang masa na ipaglaban ang kanilang mga demokratikong karapatan at ang kanilang kagalingang pangkalusugan at panlipunan.

Mabibigo si Duterte at ang kanyang pasistang pangkatin sa hangarin nilang tuluyang supilin ang paglaban ng taumbayan. Habang lalong sumisidhi ang panunupil, pagpapahirap at pagnanakaw ng pangkating Duterte sa panahon ng pandemyang Covid-19, lalong nag-aalab ang damdamin ng sambayanan na manindigan at lumaban. Lalong nalalantad ang bulok na naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal at napupukaw ang sambayanan na bagtasin ang landas ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

# Pasakit at peligrong hatid ng palyadong gubyerno

Mayo 21, 2020



Dahil sa palyadong pagharap ng rehimeng Duterte sa pandemyang Covid-19, labis ang dinaranas na pasakit at kinakaharap na peligro ng sambayanang Pilipino. Hindi lamang hinaharap ng milyun-milyong Pilipino ang nagpapatuloy na banta ng Covid-19, binabalikat din nila ang mabigat na pasanin ng mga hakbangin sa ekonomya na lalo pang nagpapalala sa krisis na ibinunga ng ilang dekadang mga patakarang neoliberal.

Nitong mga nagdaang araw, pinahintulutan na ng Malacañang ang pagbubukas ng mga upisina at pabrika, matapos ang mahigit 60-araw na *lockdown*. Nagmamadali na si Duterte na paandarin ang ekonomyang pinatigil niya noong Marso sa harap ng mabilis na pagkasaid ng rekurso ng gubyerno, lumalalang problema ng kagutuman at tumitinding galit ng bayan. Gayunman, bunga ng mga palyadong hakbangin ng gubyernong Duterte, malayung-malayo pa ang Pilipinas sa pagkontrol sa banta ng pandemyang Covid-19. Nangangamba ang marami na hindi makaaagapay ang sistemang pangkalusugan ng bansa kung mabilis na kumalat ang bayrus at sumirit ang bilang ng mga magkakasakit at maoospital.

Matapos ang dalawang buwang walang sahod o kita, sabik na sabik na ring makabalik ang mga manggagawa sa kani-kanilang

trabaho. Labis na nalugmok sa hirap at gutom ang masang anakpawis sa ilalim ng *lockdown*. Sanhi ito ng lubhang kulang ang inilaang pondo para sa usad-pagong at napakagulong pamimigay ng ayuda. Subalit sabik man, lubha rin silang nangangamba na oras na magkumpulan silang muli sa mga pabrika o tindahan, mabilis na namang kakalat ang bayrus.



Tahasang isinubo ni Duterte ang mga manggagawa sa panganib nang hindi nito inobliga ang mga kapitalista na isagawa ang pagpapasuri sa mga manggagawa at sinabing ang mga may sintomas lamang ang kailangan ipaeksamen. Pero batay sa datos, mahigit 80% ng nahahawa ng sakit ay wala o halos walang ipinakikitang sintomas. Sinasamantala ng rehimen at ng mga kapitalista ang mga manggagawang desperadong makapaghanapbuhay at sumweldo, kahit pa tiising maglakad ng ilang kilometro sa ilalim ng init ng araw o maipit nang ilang oras sa trapik dahil naglipana ang pahirap na mga tsekpoynt ng mga abusadong pulis at sundalo.

Kamakailan, inamin ng gubyernong Duterte na wala itong balak na magsagawa ng *mass testing*. Kahit sa gitna ng pandemya, patuloy ang patakaran ng hindi pagbibigay ng sapat na pondo para sa kalusugan at pagpapailalim nito sa kontrol ng mga kapitalista.

Dahil rin sa walang paghahanda, libu-libong nars at duktor at nahawa ng Covid-19 sa mga ospital bunga ng kakulangan ng mga kagamitang pangkaligtasan. Nasa kasagsagan na ng pandemya bago naglaan ng pondo pambili ng mga ito.

Sa kabila ng pagmamalaki na isasagawa ang "*test*, trace and treat" o "suriin, hanapin at gamutin", wala namang inilaang sapat na pondo ang gubyerno ni Duterte at iniasa sa malalaking kapitalista ang pagbili ng mga kagamitan at pagpondo sa operasyon ng mga laboratoryo. Sa mga kapitalista, maging sa harap ng pandemya, tubo pa rin ang unang kinukwenta.

Sa kalakhan, ang *test*ing o pagsusuri ay ginagawa lamang sa mga may sakit na, sa mga nakahalubilo nila, at sa mga umuuwing migranteng Pilipino. Pero sa panahon ng pandemya, kailangan ang *mass testing* (pagsusuri kahit sa walang sintomas at hindi suspetsadong nahawa) bilang pinaka-estratehiya para alamin kung

saan kumakalat ang bayrus, upang maihiwalay ang mga nahawa, gamutin ang mga nagkasakit, at bigyang proteksyon ang mga wala pang sakit.

Dahil walang *mass testing* at mababa ang kapasidad sa pagsusuri, bulag pa rin ang gubyerno sa tunay na lagay ng bansa kaugnay ng Covid-19. Ang datos nito'y di kumpleto at di nagpapakita ng aktwal na lala ng pandemya. Hindi nito alam kung gaano pa kadami ang nahawa ng bayrus na walang sintomas at di nadala sa ospital.



Mabuti't may ilang mga lokal na upisyal na gumawa ng hakbang para ipasuri ang kanilang mga residente. Gayunman, kung walang pambansang koordinasyon sa ganitong mga pagsusuri, malilimita lamang sa saklaw ng isang baryo o bayan ang maiipong kaalaman tungkol sa pagkalat ng pandemya, at malamang na masasayang lamang ang ganitong lokal na mga pagsisikap.

Dahil wala talagang alam, dinadaan ni Duterte sa panlilito, pagbibigay ng hungkag na katiyakan, pananakot at pagbabanta ang pagharap sa pandemya. Sa dulo, taumbayan ang sisisihin sa patuloy na pagkalat ng bayrus upang bigyang matwid ang pagpapataw ng bagong paghihigpit sa ngalan ng paglaban sa pandemya.

Atrasado ang kilos at utak ng gubyerno ni Duterte pagdating sa pagharap sa pandemyang Covid-19. Palibhasa, ayaw nitong sagutin ang gastusing kailangang ilaan sa *mass testing* at sa kaakibat na kailangang gawing pagtalunton sa posibleng mga nahawa (*contact-tracing*) at pagbubukod (*isolation*) sa kanila. Ito ay dahil mas gusto nitong atupaging ituloy ang mga inutang na proyektong imprastruktura, ang balak nitong bilhing mga helikopter, kanyon at mga bomba, at siyempre, ang mabubulsa nila sa mga kontrata rito. Hindi nito pinaglaanan ng sapat na kapital ang lokal na talino ng mga siyentista at mananaliksik upang makapagmanupaktura ng sapat na bilang ng mga kagamitan para sa pagsusuri ng bayrus at iba pang kinakailangan sa pagharap sa pandemya.

Mas inaatupag pa ang iskema nitong maitatag ang isang pasistang diktadura. Militar at pulis ang nasa tuktok at unahan ng

mga hakbangin ng gubyerno. Mas inuuna nitong supilin ang mga nagrereklamo kaysa lutasin ang reklamo. Ilan nang nagpahayag ng galit at disgusto ("patayin si Duterte") ang inaresto kasabay ng pagpapasara sa ABS-CBN. Namamayagpag ang mga abusadong pulis na buong lupit sa pagparusa sa mga "sumuway." Takot ang pinaiiral para manahimik ang lahat. Kahit ang pamimigay ng ayuda sa ilalim ng "social amelioration program" (SAP) ngayon ay nasa maruming kamay na rin ng AFP, para siguraduhing walang magrereklamo.



Sambayanang Pilipino, hindi dapat pagtiisang pasanin ang palyadong mga hakbang ni Duterte at ang pang-aabuso nila sa kapangyarihan. Dapat panagutin si Duterte at ang kanyang mga upisyal sa labis na pagpapahirap at panunupil sa mamamayan sa ilalim ng *lockdown*. Dapat silang singilin sa kabiguan nilang ipatupad ang kinakailangang hakbanging pangkalusugan upang daigin ng bansa ang pandemya. Hindi dapat manahimik. Bagkus, dapat ipahayag nang buong lakas at ipamalas sa iba't ibang paraan ang galit at protesta sa mga palyado at pahirap na hakbang ni Duterte.

Dapat patuloy na igiit ang pangangailangan para ipatupad ng pambansang gubyerno ang programa sa *mass testing* bilang susing hakbang sa pagharap sa pandemyang Covid-19. Dapat patuloy na itulak ang pagpapalakas ng sistemang pangkalusugan, laluna ang mga pampublikong ospital at mga laboratoryo sa iba't ibang panig ng bansa, pagkuha ng mas maraming nars at manggagawang pangkalusugan at pagtataas ng kanilang sahod. Dapat ipaglaban ang kinakailangang subsidyo para sa pagkain, gamot at atensyong medikal para mapangalagaan ang kalusugan ng mga matatanda na silang bulnerable sa Covid-19.

Dapat singilin ang rehimeng Duterte sa lubhang kulang at makupad na pagbibigay ng ayuda sa ilalim ng dalawang buwan nang *lockdown*. Dapat ilantad at batikusin kung papaanong sinasamantala ng mga burges-kumprador na kasosyo ni Duterte ang pandemya upang kumita ng tubo at makalusot sa buwis sa ngalan ng pagtulong at donasyon.

Dapat igiit ng mga manggagawa ang mga hakbanging pangkaligtasan sa mga pabrika at upisina. Dapat igiit ang nararapat na dagdag na sahod, ang pambansang pamantayan sa minimum na sahod at dagdag na kabayaran sa peligro sa pagtatrabaho sa panahon ng pandemya. Gayundin, dapat nilang ipaglaban ang kanilang karapatan sa permanenteng trabaho, sa pag-uunyon at kolektibong pakikipagtawaran. Sa harap ng krisis na dulot ng nagtagal na *lockdown*, maaaring makipagkaisa ang maliliit na kapitalista sa mga manggagawa para itulak ang gubyerno na maglaan ng pangkagipitang pondo para maibigay ang umento sa sahod.

Dapat itulak ang tunay na reporma sa lupa bilang tanging paraan para buhayin ang ekonomya sa kanayunan. Batikusin ang malawak na pagpapalit-gamit ng lupa para sa mga proyektong imprastruktura at turismo, plantasyon at minahan, at pagtutulak ng pagtatanim ng komersyal na kahoy at prutas. Dapat isakatuparan ang libreng pamamahagi ng lupa at pagbigay ng suporta para sa produksyon ng pagkain at pagtatayo ng lokal na mga industriya para sa pagpuproseso ng mga produktong agrikultural.

Dapat labanan ang itinutulak na lalong pahirap na mga hakbang kabilang ang planong dagdag na mga buwis bilang pambayad sa halos $4 na bilyong dagdag na inutang ng gubyerno. Dapat ilantad at batikusin ang planong "imprastruktura" na ibayong maglulubog sa Pilipinas sa utang at krisis, laluna ang mga proyektong yumuyurak sa karapatan ng mamamayan at sumisira sa kalikasan.

Dahil sa krisis bunga ng Covid-19, lumitaw ang nagnanaknak na kabulukan ng sistemang malakolonyal at malapyudal. Nalantad ang labis na pagsalalay ng bansa sa pag-aangkat ng mga materyales at kagamitan. Nalantad sa kabuuan ang ekonomyang sadlak sa krisis at di produktibo.

Dahil sa pasakit at pahirap sa ilalim ng palyadong mga hakbang ng gubyernong Duterte, marapat lamang na kumilos ang sambayanang Pilipino na hingin ang pagbibitiw ni Duterte o pagpapatalsik sa kanya at sa kanyang buong palpak na gubyerno. Ito na ang pinakaepektibong paraan upang labanan at harapin ng sambayanang Pilipino ang pandemyang Covid-19.

# Magkaisa laban sa Anti-Terror Bill! Ibagsak ang rehimeng US-Duterte!



Hunyo 7, 2020

Sa utos ni Rodrigo Duterte at ng kanyang National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC), niratsada ng mga alipures ng rehimen ang pagsasabatas sa Anti-Terror Bill nitong nagdaang ilang araw. Nakahain na ito para pirmahan ni Duterte.

Sa pamamagitan ng Anti-Terror Bill, magiging ganap na ang batas militar ni Duterte, kahit hindi ito pormal na dinedeklara. Ilalagay nito sa kanyang kamay ang malawak na kapangyarihan para isailalim sa pagmamanman, arestuhin at matagalang ikulong ang sinumang tukuyin niyang "terorista."

Lalong palalakasin ng panukalang ito ang pagsupil sa mga organisasyon at indibidwal na matagal nang pinag-iinitan ni Duterte at ng AFP na "CPP/NPA supporter" dahil sa walang-sawa nilang paglantad, pagbatikos at paglaban sa korapsyon, pasismo at pagkapapet sa mga dayuhan, at dahil sa kanilang pagtatanggol sa demokratikong interes ng bayan. Pinakabulnerable sa batas na ito ang masang manggagawa at maralita, at ang masang magsasaka, mga Lumad at Moro na pinakamalimit dumanas ng pang-aabuso ng kapangyarihan ng mga sundalo at pulis.

Suklam na suklam ang taumbayan kung papaanong inapakan ng mga alipures ni Duterte ang mga proseso sa kongreso upang madaliang ipasa ang Anti-Terror Bill na hindi na nirerepaso at inaamyendahan. Sukang-suka sila na inuna pa niya ito at binalewala ang mga panawagan ng bayan para sa libreng *mass testing* at iba pang hakbanging medikal sa harap ng pandemyang Covid-19.



Ang Anti-Terror Bill ay ipinamadali ni Duterte at ng kanyang hunta na binubuo ni Delfin Lorenzana, Eduardo Año at Hermogenes Esperon, pawang mga dating upisyal militar at mga utusan ng imperyalismong US. Layunin nilang konsolidahin ang pasistang paghahari sa harap ng malawakang gutom, paghihirap at kumukulong galit ng sambayanan sa militarista at palyadong pagharap ng rehimeng Duterte sa Covid-19. Nais ni Duterte ng karagdagang mga kapangyarihang batas militar upang sindakin at patahimikin ang bayan pero takot siyang tahasan itong ideklara sa pangambang pasisiklabin nito ang ibayong galit at protesta.

Ang pagmamadaling isabatas ang Anti-Terror Bill ay bahagi rin ng pakikipagtawaran sa gubyernong US, kapalit ng kasunduan para makabili si Duterte at ang AFP ng bagong mga helikopter, mga kanyon, rocket, misayl at iba pang mga sandata. Kaakibat din nito ang pagsuspinde nitong Hunyo 2 ng pagbabasura sa Visiting Forces Agreement alinsunod sa rekomendasyon ng kanyang mga upisyal militar para bigyang daan ang pagpasok ng mga barko at sundalong Amerikano sa Pilipinas, bilang bahagi ng patuloy na pagsuporta ng US sa brutal na kontra-insurhensya at gerang panunupil ng AFP.

Sa mga nagdaang taon, baha-bahagi nang inilatag ni Duterte ang rehimeng batas militar sa pamamagitan ng 950-araw na batas militar sa Mindanao, Memorandum Order 32, Executive Order 70 na nagtayo sa NTF-ELCAC, at kamakailan, ang pag-angkin ng tinaguriang "*emergency* powers" laban diumano sa Covid-19.

Nais niyang kaagad na maisabatas ang Anti-Terror Bill upang tuluyang pagtibayin ang pasistang kaayusan na matagumpay niyang naipataw sa pamamagitan ng militaristang *lockdown* sa Covid-19 at palawigin sa ilalim ng "bagong normal" ang mga tsekpoynt,

paghihigpit at pagkontrol sa populasyon. Ginagawa ito sa tabing ng pagpigil sa pandemya pero katunaya'y nagsisilbi sa pagpapalakas ng militaristang paghahari at pagsulong ng iskema para itatag ang pasistang diktadura.

Nilalaman ng Anti-Terror Bill ang sadyang malalabo at lubhang masaklaw na pagpapakahulugan sa "terorismo" at "pagsuporta sa terorismo" upang magsilbing malawak na lambat para iarya sa sambayanang Pilipino at sa kanilang mga demokratikong pwersa. Binibigyan nito ng kapangyarihan ang militar at pulis na ikulong nang 14-24 araw ang sinumang isakdal nilang "terorista" kahit walang mandamyento at walang kaso, taliwas sa saligang karapatan sa *writ of habeas corpus*. Malala pa, inalis nito ang anumang pananagutan ng militar o pulis na tiyak na magreresulta sa ibayo pang pag-abuso sa kapangyarihan.

Sa nagdaang mga taon, kaliwa't kanan ang pagparatang ng AFP at PNP sa mga organisasyon, kritiko at personahe bilang mga "communist front" o sumusuporta o naka-ugnay sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan. Sila ay mga panatikong anti-komunista na pula ang tingin sa sinumang makita nilang naninindigang magtanggol sa interes, kapakanan at karapatan ng mga inaapi at pinagsasamantalahan. Pasasahulin ito ng ipinasang panukala.

Ginagamit ni Duterte ang "anti-terorismo" para lokohin at ipatanggap sa mamamayan ang mga mapanupil na batas na sisikil sa kanilang saligang mga karapatan. Sa nagdaang mga taon, pinalalabas ng mga pasista na ang mga komunista, rebolusyonaryo at maging ang mga aktibista ay mga terorista, samantalang ang mga komunista, tulad ng lahat ng naninindigan para sa demokrasya, ay kabilang sa pinakamilitanteng kalaban ng paggamit sa terorismo para sindakin at takutin ang mamamayan.

Sa aktwal, ang pinakamalaking terorista ngayon sa Pilipinas ay walang iba kundi si Duterte mismo na nag-utos ng pagpatay sa ilampung libo sa pekeng *drug war* at nag-utos ng pagwasak sa Marawi City. Siya ang nag-utos sa pulis at militar na isagawa ang

mga reyd sa mga baryo at pagmasaker sa mga magsasaka. Siya rin ang nag-utos sa malawakang pang-aaresto, okupasyon ng mga barangay, paggamit ng mga helikopter para sa teroristang pambobomba at iba pang pasistang krimen.

Hawak ang absolutong kapangyarihan, asahan na kay Duterte ang mas malala pang mga anyo ng korapsyon, ganap na pagsuko ng soberanya sa imperyalismong US at China, paglubog ng bansa sa utang, pagpataw ng dagdag na buwis, pagpako sa sahod, pagpabor sa dayong mga kapitalista, pagwaldas ng pondo para ipambili ng mga *fighter jet*, helikopter at mga bomba, at pagpataw na mas malalala pang patakarang neoliberal na ibayong magpapahirap sa sambayanang Pilipino.

Apoy ng malawak na galit ng sambayanan ang sinindihan ni Duterte sa pagtulak nito ng Anti-Terror Bill sa gitna ng pandemyang Covid-19. Ang pasismo at korapsyon ng rehimen sa nagdaang mga buwan—mula sa hindi pangkalusugang militaristang *lockdown* hanggang sa pagpapatigil ng operasyon ng ABS-CBN, ang pag-aresto ng mga kritiko at mga drayber ng dyip, pambobomba sa mga komunidad sa kanayunan, pag-aresto sa mga tsekpoynt at malupit na pagparusa sa ilampung libo, sa pagpatay sa lider-maralitang si Carlito Badion, ang maanomalyang pagbili ng mga gamit pangkaligtasan at kagamitang sobra ang patong sa presyo at pagdambong sa bilyun-bilyong pondo sa panahon ng *emergency*—ay lalupang lalala oras na pirmahan ni Duterte ang Anti-Terror Bill.

Hinihikayat ng Partido ang lahat ng demokratikong sektor—ang mga manggagawang pangkalusugan, mga drayber, kababaihan at mga bata, mga taong-midya, mga artista at manggagawang pangkultura, mga guro at kawani ng pamahalaan, mga kabataan at estudyante, mga personalidad sa telebisyon at sine, maliliit na propesyunal, taong-simbahan at lahat ng manggagawa, magsasaka, maralitang lungsod at walang hanapbuhay—na magkaisa at tipunin ang lahat ng kanilang hinaing at paninindigan.

Natutulak ang sambayanang Pilipino na kumilos. Dapat nilang igiit at ipagtanggol ang kanilang mga karapatan bago ito tuluyang

ipagkait ng pasistang rehimen. Dapat mag-organisa ang bayan. Dapat igiit nila ang kalayaan ng midya at ang karapatan sa pamamahayag. Dapat silang lumaban at puspusang magprotesta.

Dapat silang kumilos sa kanilang mga kampus at komunidad, sa mga pabrika at upisina, sa mga simbahan at parke, at ipagtanggol ang mga iyon bilang sona ng kalayaan, kung saan nila maaaring ipunin ang lakas ng bayan. Dapat mabilis nilang ihanda ang kanilang hanay, imulat ang buong bayan, pagtibayin ang kanilang determinasyon na makipagbuno sa anti-demokratikong mga pwersa ng rehimen hanggang maibasura ang Anti-Terror Bill o hanggang mapatalsik si Duterte.

# Mag-alsa at wakasan ang pahirap at pabayang rehimeng US-Duterte



Hunyo 21, 2020

Lalong lumalala ang dating di pagkakapantay-pantay sa lipunang Pilipino kasabay ng pagtalim ng mga kontradiksyon dahil sa militarista at anti-mamamayang pagharap ng rehimeng Duterte sa pandemyang Covid-19. Habang ang iilan ay nasa mga mansyon at palasyong malayo sa sakit, patuloy na nagkakamal ng yaman, nag-aabuso ng kapangyarihan at nabubundat sa pawis at dugo ng anakpawis, milyun-milyong mamamayan naman ang sadlak sa gutom at labis na karukhaan.

Humihiyaw ng katarungan ang bayan para sa lahat ng ginugutom, pinahihirapan, sinisiil at pinagkakaitan ng karapatan. Sa mahigit tatlong buwan ng mga palyadong hakbangin at patakaran, walang kaparis na pagdurusa ang dinanas ng sambayanang Pilipino.

Sa loob ng halos tatlong buwan, ikinulong ni Duterte ang buong bayan sa kanilang maiinit na bahay sa ngalan ng pag-iwas sa pagkalat ng bayrus. Pero ang sakripisyong ito ay winaldas lamang ni Duterte at kanyang mga heneral. Hindi sapat ang inilaang pondo para makaagapay ang sistemang pangkalusugan sa pandemya. Walang libreng *mass testing*. Walang libreng paggamot sa Covid-19. Palyado at atrasado ang pagtipon ng impormasyon, kaya bulag ang

gubyerno kung saan-saan kumakalat ang bayrus.

Huling-huli na ngang dumating, kulang na kulang at madalas kinakaltasan pa ang pangakong ayuda. "Sarap ng buhay," sambit ng isang senador habang sila'y nagpipiging at umaapaw sa pagkain ang kanilang imbakan, pinagtiis ang bayan na mabuhay sa lugaw at sardinas kung meron man. Sinaklot ng gutom at pangamba ang mayorya ng mamamayang nabubuhay nang isang kahig-isang tuka. Ang mga kapit-sa-patalim na naghanap ng pagkakakitaan at makakain ay binansagang "pasaway," pinagdadadakip at buong lupit na pinarusahan.

Dahil walang malinaw na planong pangkalusugan para pangibabawan ang pandemya, ipinahinto ni Duterte ang lahat at tatlong buwang ipinasara ang malaking bahagi ng ekonomya. Milyun-milyon ang nawalan ng trabaho at kita. Nagkandawasak ang kabuhayan ng maliliit na negosyante. At nang ipag-utos na luwagan ang mga *lockdown* nitong Hunyo, ginawa ang lahat upang tumakbo muli ang negosyo ng malalaking kapitalista, habang pinabayaan ang masang anakpawis na animo'y sinumbatang "bahala na kayo!"

Habang malupit na pinasusunod ang mamamayan sa mga nakasasakal na patakaran ng paghihigpit, maluwag namang nakahihinga at nakagagalaw si Duterte at ang kanyang mga bulok na upisyal.

Habang paroo't parito si Duterte sa Davao sakay ng pribadong eroplano, daan-daang libong mamamayan ang walang masakyan. Pinagtitiis silang mag-abang sa bangketa at mga kalsada, gutom at walang kaseguruhan kung kailan makasasakay o makauuwi. Sino'ng makalilimot kay Michelle Silvertino na namatay matapos ang limang araw na paghihintay ng masasakyan pauwi sa Bicol sa ilalim ng isang tulay sa Pasay?

Araw-araw, nagkakandarapang mag-unahan at magsiksikan ang mga manggagawa at empleyado dahil kulang na kulang ang masasakyang bus o tren. Dahil hindi inasikaso ang paghahanda ng ligtas at sapat na pangmasang transportasyon, libu-libo ngayon ang obligadong maglakad o magbisikleta araw-araw sa peligrosong mga haywey.

Kulang na kulang na nga ang sahod ng mga manggagawa, pinahintulutan pa ni Duterte ang malalaking kapitalista na kaltasan ito para diumano makabawi sila sa kanilang tubo. Hindi rin sila inobliga na ipailalim sa libreng pag-eeksamen ang mga manggagawa para tukuyin ang posibleng pagkahawa sa Covid-19.

Nagwawalambahala si Duterte sa gitna ng milyun-milyong nawalan ng hanapbuhay. Walang ginagawa upang agapan ang pagbulusok ng kanilang kabuhayan.



Habang pahihintulutang pumasada ang mga "modernong" dyip na pag-aari ng malalaking korporasyon, patuloy na pinagbabawalan ang daan-daan libong dyip ng maliliit na drayber at opereytor. Bingi si Duterte sa sigaw ng karaniwang mga drayber para sa subsidyo upang tiyaking ligtas na makabiyahe ang mga dyip, kahit pa ang totoo'y mas ligtas ang mga dyip at traysikel kaysa mga saradong sasakyan. Animo'y pinagsisisipa sila ni Duterte. Ang mga "hari ng kalsada" ngayo'y nagmamakaawa at namamalimos sa lansangan.

Habang nagkukumahog si Duterte na mag-angkat na naman ng tone-toneladang bigas sa mga bansang nagsusubsidyo ng produksyong agrikultural, kulang na kulang naman ang pondong inilaan para tulungan ang produksyon ng masang mga magsasakang Pilipino at bilhin ang kanilang produkto.

Milyun-milyon ngayon ang pineperwisyo at pinahihirapan ng kung anu-anong hinihingi ng pulis sa mga kumukuha ng *permit* para makabyahe o makauwi sa kanilang mga prubinsya o rehiyon.

Dahil tumatangging maglaan ng sapat na pondo para gawing ligtas na buksan ang mga paaralan (dagdag na mga paaralan, klasrum, mga guro, at iba pang imprastrukturang pang-edukasyon), ipinag-utos ni Duterte na walang idadaos na klase sa mga darating na buwan. Sa halip, idadaan na lang diumano sa *internet* ang pagtuturo, gayong wala naman itong inilalaang pondo at ipababalikat sa mga titser at estudyante ang gastos para sa mga kompyuter, *internet* at iba pang kagamitan.

Milyun-milyong kabataan ang nangangamba sa planong pagtataas ng matrikula ng maraming paaralan, habang kulang na

kulang ang subsidyo ng estado sa edukasyon. Biktima rin sila ng arbitraryong paghihigpit laban sa mga 16-21 taong-gulang na lumabas para maghanap ng trabaho o pagkakakitaan at lumahok sa iba't ibang aktibidad panlipunan.

Sa halip na bawasan ang sobrang laking gastos sa mga di produktibo proyektong pang-imprastrukturang pinondohan ng dayong pautang, ang bilyun-bilyong pisong sikretong badyet pang-intelidyens, ang daan-daang bilyong pisong pambili ng mga helikopter, mga bomba at kagamitang pandigma, pinili ng rehimeng Duterte na mangutang nang mangutang upang tustusan ang mga gastusin sa panahon ng pandemya.

Ang bigat ng pasanin ng pagbabayad-utang ay tagibang na nasa balikat ng bayan. Sa halip na dagdagan, binabawasan pa ng rehimeng Duterte ang buwis sa mga bilyunaryong malalaking kapitalista; at balak na ipasa ang bigat sa mga karaniwang kumikita. Kahit sandali at kahit kaunti, tumatanggi ang rehimen na ibsan ang mga pasaning buwis ng bayang naghihikahos.

Sa nagdaang tatlong buwan ng pandemyang Covid-19, lalong nalantad ang anti-mamamayang rehimeng Duterte sa pagtanggi nitong unahin ang interes ng bayan at pagprayoridad nito, sa halip, sa interes ng malalaking kapitalista at pagbubulsa ng malaking pondo ng bayan. Inamin ni Duterte mismo na siya ang nag-utos sa pagbili ng mga kagamitang sobra-sobra ang patong sa presyo. Dagdag dito, inuna niya ang Anti-Terror Bill, ang pagpapatahimik sa mga kritiko, at pagpapalakas sa kanyang pwersang militar sa hangaring sindakin ang bayan, sikilin ang demokrasya at panatilihin ang sarili bilang makapangyarihang diktador.

Sa nagdaang tatlong buwan, lalong kumulo ang dugo ng bayan at umipon sa kanilang dibdib ang sukdulang galit sa rehimeng Duterte. Unti-unti nilang iwinawaksi ang takot at ipinamamalas ang tapang at kahandaang lumaban.

Nasa sambayanang Pilipino ang lahat ng katwiran para mag-alsa at makibaka. Tungkulin ng buong bayan na magkaisa upang gamitin ang kanilang kapangyarihan at pangkasaysayang tungkuling

itakda ang dapat na takbo ng lipunang Pilipino. Mabilis ngayong umiipon ang unos. Dapat sunggaban ang panahon at pagkakataon nang buong galit laban sa korapsyon, pagpapabaya, pasismo at pagtatraydor ng rehimeng Duterte at wakasan ang kanyang diktadura.

# Puksain ang halimaw na si Duterte

Hulyo 7, 2020

Nakatakda nang higitan ng rehimeng Duterte ang lahat ng nagdaang reaksyunaryong rehimen sa sukatan ng korapsyon, pang-abuso, panunupil at pagtataksil sa loob lamang ng apat na taon. Sa ilalim ng kanyang tiranikong paghahari, nagkamal ng labis-labis na yaman at kapangyarihan ang halimaw na si Duterte, pati na ang kanyang mga alipures na burukratang kapitalista at burgesyang komprador at kanilang mga dayong imperyalistang amo.

Habang nangabundat ang mga naghahari, subsob naman sa labis-labis na pagdarahop at pagdurusa ang sambayanang Pilipino. Mula 2016, tuluy-tuloy na sumasadsad ang kabuhayan ng bayan —ng mga manggagawa, magsasaka, malaproletaryado, petiburges at pambansang burges. Pahirap at pasakit ang hatid ng mga patakarang dikta ng dayong malalaking kapitalista at bangko. Pinakabusabos ang kalagayan ng masang anakpawis. Nilulumpo sila ng malawakang disempleyo, mababang sahod at kita, kawalan ng lupa, sumisirit na presyo ng mga bilihin, pabigat na buwis, kawalan ng tirahan, sakit at nabubulok na serbisyong pangkalusugan at panlipunan.

Nagkakamal ng yaman ang iilan habang lugmok at hindi

makatayo-tayo sa sariling paa ang ekonomya ng Pilipinas. Habang nilulunod ang bayan sa dagat ng dayong pautang, pumapaimbulog naman ang kinakamkam na tubo ng mga burgesyang kumprador at dayuhang malalaking kapitalista. Hindi mabusug-busog ang mga manghuhuthot at mandarambong sa yamang likas at lakas ng Pilipinas; habang nangangayayat naman ang bansang atrasado sa produksyong agrikultural at walang mga kailangang kailangang mga industriya.



Lalong naagnas ang pambansang kasarinlan ng Pilipinas dahil sa pagsuko ng mga karapatan ng bansa sa harap ng papatinding pandarambong at tagisang militar ng magkaribal na imperyalistang US at China. Kapalit ng ilambilyong dolyar na pangakong pautang, suhol, at personal at pampulitikang pabor, isinuko ni Duterte ang teritoryo ng Pilipinas sa dagat at lupa, pinabayaan ang China na wasakin ang yamang karagatan, at pagkaitan ng pangisdaan ang mamamalakayang Pilipino. Kapalit ng patuloy na suportang militar at pampulitika ng US, tinapos ni Duterte ang usapang pangkapayapaan at nangakong gagapiin ang rebolusyonaryong kilusan. Binawi niya ang huwad na bantang ibasura ang Visiting Forces Agreement at patuloy na isinusulong ang kontra-mamamayang kampanya sa kontra-insurhensya.

Sa tuktok ng bayang nagdarahop, nakaluklok sa trono si Duterteng halimaw. Sa ilalim ng apat na taong paghahari, nilabusaw ang Pilipinas sa krimen at korapsyon ng mga naghaharing burukratang kapitalista. Ibinulsa ang pondo ng bayan at pinagkakitaan ang mga kontrata sa imprastruktura. Pinaburan ang mga negosyong marunong "makisama" habang inipit ang mga tumangging yumuko sa kanyang buktot na kapangyarihan. Pinalibutan niya ang sarili ng mga binusog na upisyal ng militar upang ipagtanggol siya laban sa kanyang karibal.

Sa nagdaang apat na taon, sinalanta ang bayan ng walang-habas na teroristang gera laban sa api at naghihirap. Ilampung libo ang pinaslang sa huwad na "gera sa droga" para paluhurin at pasunurin ang mga sindikato. Ilampung libo ang sinalanta ng pagwasak at

okupasyong militar sa Marawi City at nagpapatuloy na gera laban sa mamamayang Moro. Kaliwa't kanang kalupitan, pamamaslang, maramihang paninindak, panlilinlang, at pagsupil sa demokratikong karapatan ang hatid ng gera laban sa bayan sa tabing ng anti-komunismo. Sunud-sunod na ipinatupad ang batas militar sa Mindanao, Memorandum Order 32 at Executive Order 70 upang ipataw sa buong bayan ang paghaharing militar.

Sa pagpirma sa tinaguriang "Anti-Terror Law," nakaputong ngayon sa kanyang ulo ang korona ng naghahari-hariang diktador. Hawak niya ngayon ang batas na nagbibigay sa kanya ng kapangyarihang gamitin ang buong bangis ng terorismo ng estado para sindakin, supilin o gapiin ang sinumang kritiko o kalaban. Sa pamamagitan ng batas na ito, inangkin ni Duterte ang mga kapangyarihang lagpas sa itinakda ng konstitusyong 1987. Niyuyurakan ng batas na ito ang mga batayang karapatang sibil at pampulitika.

Pinagkaabalahan ni Duterte ang kanyang iskema ng pagtatatag ng isang pasistang diktadura habang ang buong bayan ay dumaranas ng pandemyang Covid-19. Ang palyadong militaristang tugon ng kanyang gubyerno sa banta sa kalusugang pampubliko ay nagresulta sa patuloy at bumibilis pang pagkalat ng bayrus sa buong bansa. Matapos ang antalang pagkilos, bigong paghahanda at pagpapatatag ng sistemang pangkalusugan, ipinataw ni Duterte ang militaristang *lockdown* para kontrolin ang buong populasyon bilang nangungunang solusyon sa pandemya at bilang paghahanda sa mga paghihigpit sa ilalim ng bagong pasistang kaayusan.

Sinayang niya ang sakripisyo at hirap ng bayan dahil wala naman siyang ginawang hakbang para isagawa ang *mass testing* at malawak na *contact-tracing*, pagpapalakas ng mga laboratoryo at libreng paggagamot ng mga nagkakasakit ng Covid-19. Sa halip, dinambong ang bilyun-bilyong piso sa maanomalyang pagbili ng mga kagamitan, ginutom ang bayan, at winasak ang kanilang mga hanapbuhay. Malinaw na malinaw ngayon sa bayan, si Duterte ang numero unong banta sa kanilang kalusugan at kaligtasan sa gitna ng pandemya.

Sa harap ng malawak na pagdurusa at pagkasikil, nag-uumapaw ang galit ng buong bayan kay Duterte. Masidhi ang kanilang paghahangad na puksain ang halimaw at tapusin ang kanyang buktot na paghahari. Determinado silang tapusin ang paghahari ni Duterte sa lalong madaling panahon at papanagutin siya sa lahat ng kanyang krimen laban sa bayan at sangkatauhan.

Tapos na ang panahon ng pagtitiis at pagiging kimi. Pinangingibabawan nila ang takot at tinitipon ang tibay ng loob para sama-samang kumilos at lumaban. Nagiging mas matapang sila sa pagsasalita at paggigiit ng kanilang panawagang magbitiw o patalsikin si Duterte. Malapad na hanay ngayon ng iba't ibang mga demokratikong pwersa ang nagkakapit-bisig laban sa kanyang tiraniya. Habang lalong lumalaki ang tinitipong kapangyarihan at kayamanan ng halimaw, lalo siyang nahihiwalay sa mamamayan. Mabangis man at makapangyarihan, walang laban ang halimaw sa lakas ng nagkakaisang bayan.

Hinihikayat ng Partido ang lahat ng demokratikong uri, sektor at grupo na tumindig, mag-organisa at buuin ang malapad na pagkakaisa upang puspusang ipaglaban ang kanilang mga karapatan, labanan ang terorismo ng estado, korapsyon, pagpapahirap at pagtatraydor ng rehimeng Duterte sa bayan. Dapat silang maglunsad ng malalaking martsa at rali sa lansangan at isagawa ang iba't ibang anyo ng paglaban upang tipunin ang lakas ng bayan at ang kapangyarihang baguhin ang takbo ng kasaysayan.

Sa harap ng tumitinding terorismo ng reaksyunaryong estado, dapat puspusang ipagtanggol ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang bayan laban sa teroristang atake sa kanilang mga karapatan. Habang patuloy na binibigyang-prayoridad ng BHB ang pagbibigay ng pangkalusugan at pang-ekonomyang serbisyo sa bayan sa harap ng pandemyang Covid-19, dapat tugunan ng mga yunit nito ang paghahangad ng bayan para sa katarungan at parusahan ang mga pasistang terorista at pagbayarin sila sa kanilang mga krimen laban sa mamamayan.

Ang walang kaparis na pagdurusa ng bayan sa ilalim ng

rehimeng Duterte ay salamin ng pamalagiang krisis ng bulok na sistema sa Pilipinas. Idinidiin nito ang pangangailangang isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon upang wakasan ang nagnanaknak na sistemang malakolonyal at malapyudal, kamtin ang pambansang kalayaan at demokrasyang bayan, at itatag ang malaya, progresibo at maunlad na bukas.

# Magkaisa at magtulungan para wakasan ang tiraniya ni Duterte



Hulyo 21, 2020

Dapat konsolidahin ng lahat ng demokratikong pwersa ang kanilang hanay at suportahan ang isa't isa sa kanilang mga demokratikong pakikibaka laban sa rehimeng Duterte. Kailangang-kailangan ngayon ang pagkakaisa sa harap ng sunud-sunod na pagsalakay ng tirano sa interes ng bayan.

Noong Hulyo 10, ipinatupad ng sunud-sunurang kongreso ang utos ni Duterte na ipasara ang ABS-CBN, bilang hakbanging personal na paghihiganti laban sa midyang naging daan sa kritisismo sa rehimen. Isa itong hambalos sa kalayaan sa pamamahayag at malinaw na banta sa mga midyang naninindigan laban sa tiraniya. Binibigyan-daan din ng pagpapasara sa ABS-CBN ang tangkang pag-agaw dito ng mga oligarkong pinapaburan ni Duterte.

Bago nito, pinirmahan ni Duterte ang kanyang batas sa terorismo na malala pa sa batas militar ni Marcos noong 1972. Inangkin niya ang kapangyarihang arestuhin nang walang mandamyento at ibimbin ang sinuman nang 24 na araw na walang kaso at walang karapatang magtanggol sa sarili. Bubuuin niya ang Anti-Terrorism Council (ATC) na may kapangyarihang ituring ang sinuman na "terorista," "naka-ugnay" o "sumusuporta sa terorismo"

gamit ang malabo at lubhang masaklaw na depinisyon ng batas. Dudugtong ang ATC sa NTF-ELCAC para konsolidahin ang huntang militar ni Duterte.

Pagkalipas lamang ng ilang araw, umatake ang mga pwersa ng estado sa buong bansa. Sa Masbate, minasaker ng pulis at militar ang tatlong magsasaka. Sunud-sunod din ang kaso ng pag-aresto at paninindak sa mga aktibista at tagapagtaguyod sa karapatang-tao sa Bicol at Maynila. Minamanmanan ng mga pulis ang mga demonstrasyon, pati na ang mga misang Katoliko, sa ngalan ng pagpapatupad ng hakbanging pampandemya.



Ngayong hawak ng estado ang batas sa terorismo, mas marami pa ang aatakehin ni Duterte sa darating na mga linggo at buwan. Tanda ito ng desperasyong supilin ang kumukulong galit at lumalakas na protesta ng bayan laban sa palyadong pagharap sa Covid-19, lumulubhang korapsyon, pagwasak sa ekonomya at pagwawalambahala sa kabuhayan at kagalingan ng bayan. Nagkukumahog siyang itulak ang iskemang itatag ang isang pasistang diktadura at siguruhin ang pagpapalawig lagpas sa 2022 ng kanyang paghahari o ng kanyang pipiliing tagahalili.

Dapat harapin at puksain ang halimaw na si Duterte ng higanteng kapangyarihan ng bayan para ipangibabaw ang demokrasya at kalayaan. Upang makapagpalakas, dapat kumilos bilang isa ang iba't ibang sektor. Dapat suportahan ang kahilingan ng bawat isa. Sa ganitong paraan lamang matitipon ang lakas at tapang para tumindig laban sa tiraniya.

Habang isinisigaw ang pagbabasura sa batas sa terorismo at ang pagbabalik sa ere ng ABS-CBN, dapat ding suportahan ang sigaw ng mga nars at manggagawang pangkalusugan para sa proteksyon at dagdag-sweldo at libreng *mass testing* para masawata ang pandemya; ng mga drayber ng dyip para makabalik-pasada, at ng mga manggagawa para sa dagdag sahod at kaligtasan sa trabaho. Dapat sabay-sabay nilang igiit ang subsidyo para sa milyong nawalan ng trabaho at kita at maliliit na negosyong nalugi dahil sa *lockdown*. Dapat silang makiisa sa sigaw ng mga magsasaka at mangingisda

laban sa mapangwasak na mga proyektong pang-imprastruktura, mina at iba pang negosyong magpapalayas sa kanila mula sa kanilang mga tahanan, lupa at pangisdaan; ng mga katutubo at masa sa kanayunan laban sa okupasyong militar sa kanilang mga komunidad, paninindak at mga brutal na kampanya ng pamamaslang, pagdakip, pambobomba, panganganyon at pag-abuso sa karapatang-tao na tatak ng kontra-insurhensya ng rehimen; ng mga bata, kabataan at mga titser para ligtas na buksan ang mga eskwelahan; at ng mga migrante para sa ayuda at ligtas na pag-uwi.



Mabangis pero maysakit at naghihingalong halimaw si Duterte. Sinamantala niya ang pandemya upang angkinin ang malawak na kapangyarihan, at magkamkam ng yaman sa pamamagitan ng korapsyon sa pondong pampubliko. Pinaluhod niya ang malaking negosyo sa pagbabantang ipasasara o aagawin ang kanilang ari-arian at operasyon. Ipinailalim niya ang buong populasyon sa batas militar na paghihigpit na sanhi ng malawakang pagdurusa at paghihirap. Ilampunglibo ang hinuli sa ngalan ng "kalusugang pampubliko." Pinatay niya ang mga aktibista at ikinulong ang mga kritiko. Ilambilyong pisong mga eroplano, helikopter, kanyon at iba pang gamit pandigma ang binili, habang nangutang ng $5 bilyong para sa kanyang pinapaburang mga proyektong pang-imprastruktura sa kapinsalaan ng lokal na ekonomya at kabuhayan ng bayan.

Subalit tuwing hinahambalos ni Duterte ang bayan, lalo siyang nahihiwalay sa mamamayan. Nang inatake niya ang kalayaan sa pamamahayag sa pagpapasara sa ABS-CBN, sumiklab ang galit ng mga mamamahayag at manggagawa sa midya, pati na ng buong bayan. Nang pinirmahan niya ang batas sa terorismo, ginalit niya hindi lamang ang sambayanang Pilipino, kundi pati ang mamamayan at mga organisasyon sa iba't ibang panig ng daigdig. Ibayong galit ang sisiklab sa balak na itulak ang pagbabago sa konstitusyon upang pahintulutan ang mga dayuhan na 100% ariin ang mga empresa at lupa, gayundin, para alisin ang mga hangganan sa pananatili sa poder upang bigyang daan ang pananatili ni Duterte sa kapangyarihan lagpas sa 2022.

Malawak na hanay ng mga demokratikong pwersa ang ngayo'y nakatindig laban sa tiranikong rehimen ni Duterte, mula sa patriyotiko at demokratikong mga organisasyon, alyansa at kilusang masa; hanggang sa mga pwersa ng konserbatibong oposisyon, pati na ang simbahang Katoliko, malaking negosyo at yaong lihim na nasa burukrasya at sa AFP at PNP.



Dapat pasiklabin ang mga martsa sa lansangan at malalaking demonstrasyon sa mga darating na linggo at buwan upang salagin ang teroristang hambalos ng rehimen. Habang mas malaki at madalas ang mga demonstrasyon, lalong malamang na mag-aalis ng suporta sa rehimen ang disgustadong mga upisyal ng militar at pulis, gayundin ang internasyunal na komunidad, at itutulak ang proseso ng paghalili alinsunod sa konstitusyong 1987.

Lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa ilalim ng Partido ay kaisa sa hangarin ng sambayanang Pilipino na makitang wakasan ang kanilang pagdurusa sa ilalim ng tiranikong rehimen. Habang nagsasagawa ng serbisyo para sa kalusugang pampubliko at kabutihang pang-ekonomya sa masang magsasaka, ang mga armadong rebolusyonaryong pwersa sa ilalim ng Bagong Hukbong Bayan ay dapat maglunsad ng mga taktikal na opensiba para ipagtanggol ang bayan laban sa teroristang mga hambalos ng rehimeng Duterte.

Sa gitna ng pandemyang Covid-19, ang patuloy na prayoridad ng rehimen sa pagtatatag ng pasistang diktadura ay nagsasapeligro kapwa sa mga demokratikong karapatan ng mamamayan at sa kanilang kalusugan. May malawak na pagkakaisa na dapat tapusin na ang paghahari ng tirano. Dapat mahigpit na magkaisa at manindigan na ang bayang Pilipino!

# Sa bigong pagharap ni Duterte sa pandemya, sa rebolusyon bumabaling ang bayan



Agosto 7, 2020

Sa harap ng mabilis na pagkalat ng Covid-19 na gumugupo sa mga ospital, nanawagan sa gubyernong Duterte ang mga manggagawang pangkalusugan ng komprehensibong pagbabago sa estratehiyang kontra sa Covid-19. Sa halip na tugunan ang mga panawagang ito, galit silang sinumbatan ni Duterte sa pagsasapubliko ng kanilang mga panawagan at tinuya silang "kung rebolusyon ang gusto niyo, gawin niyo, ngayon na."

Hindi malayong matuluyan nga si Duterte kung puro pa rin militar at pulis ang pangharap niya sa pandemya at kung hindi niya titigilan ang panininindak sa mamamayan. Lalo lang silang napupukaw dahil sa hirap at pagdurusang hatid ng bigong pagharap ni Duterte sa pandemya. Parami nang parami ang hayagan na ang galit at pagtutol. Lalong lumilinaw sa kanila na si Duterte mismo ang pinakamalaking hadlang sa kakayahan ng Pilipinas na lagpasan ang pandemya.

Dahil sa pasistang oryentasyon at utak ni Duterte at kanyang kampon ng mga palpak na heneral na humahawak sa Inter-Agency Task Force, ang pandemyang Covid-19 ay tinatratong mas usapin ng pambansang seguridad at pampulitikang kaligtasan, kaysa isang krisis sa pampublikong kalusugan. Mas humaling silang sugpuin ang

diskuntento kaysa ang bayrus. Sinamantala niya ang sitwasyon para isabatas ang Anti-Terror Law at angkinin ang karagdagang kapangyarihang lagpas sa konstitusyon. Nangangati si Duterte na gamitin ang mga kapangyarihang ito para patahimikin ang lahat at seguruhin ang kanyang poder.



Mula't sapul, binalewala niya ang kahilingang kagyat na ipatupad ang libreng *mass testing* at libreng paggagamot sa mga pasyenteng may Covid-19. Wala, kulang o huli ang mga hakbang para palakasin ang mga pampublikong ospital at laboratoryo, magrekrut ng karagdagang mga nars, bigyan sila ng sapat na *personal protective equipment*, itaas ang kanilang sahod at bigyan ng segurong medikal.

Nasasagad na ang mga ospital at pasilidad medikal, kaya napupuwersang mag-*rotation* sa trabaho nang 10 araw o higit pa ang mga duktor at nars. Mas mataas ang tantos ng nahahawa at namamatay na mga manggagawang pangkalusugan. Nabibilaukan na ang mga laboratoryo at di kayang sabayan ang dami ng kailangang eksamenin. Mabagal ang pag-uulat ng datos kaya't bahaw na ang nabubuong impormasyon hinggil sa pandemya.

Dahil dito, patuloy na dumarami ang kaso ng Covid-19 sa Pilipinas, at lalong bulnerable ang mga Pilipino sa pandemya. Sumirit ang mga kaso ng Covid-19 sa 120,000, apat na beses na mas marami kumpara sa nakaraang buwan. Dumoble sa mahigit 2,000 ang bilang ng namatay

Nakasalalay pa rin ang rehimen sa mga *lockdown* para di kumalat ang impeksyon. Tunog Marcos si Duterte na isinisisi sa mga taong "walang disipina" para bigyang matwid ang mga paghihigpit at pagsupil sa mga karapatan bilang pangunahing tugon sa pandemya. Pinupwersa ang mga tao na manatili sa mga bahay na walang kita o kabuhayan at walang napapanahon at sapat na ayuda.

Sa Metro Manila, ilampung libo ang nagkukumahog na makauwi sa kanilang mga prubinsya. Walang katinuan ang mga patakaran sa pagbiyahe na nagreresulta sa pag-ipon ng libu-libo sa mga paliparan, piyer at istadyum na naghihintay ng biyahe. Daan-daan ang malamang nahawa dito at nagdala ng sakit sa mga

prubinsya. Marami ay nag-ulat na ang una nilang mga impeksyong Covid-19 ay nagmula sa mga umuwing OFW at mula sa Maynila.

Pagkawasak sa ekonomya ang hatid ng nagtagal na mga *lockdown* ni Duterte. Lalong bumilis ang pagdausdos ng ekonomya na sumasadsad na bago pa ang pandemya dahil sa pandaigdigang krisis ng kapitalismo. Milyun-milyon ngayon ang nagugutom at nagiging desperado. Libu-libo ang kailangan nang mamalimos sa kalsada, lalo't marami ang wala pang natanggap na ayudad. Walang plano ang rehimen na mamahagi ng dagdag na ayuda sa kabila ng daan-daang bilyong pisong inutang, pero may plano na kaltasan ang buwis ng dayong malalaking kapitalista.



Sa halip na mamuhunan sa mga produktibong sektor para magmanupaktura ng kinakailangang mga kagamitang medikal at iba pang kailangang mga kalakal para lumikha ng trabaho at bawasan ang pagiging palaasa sa pag-aangkat, nagkandarapa ang rehimen sa pangungutang upang pondohan ang mga batbat sa korapsyong mga proyektong pang-imprastruktura.

Sinamantala ni Duterte ang pandemya upang konsolidahin ang kanyang tiranikong rehimen at ibayong pahigpitin ang kontrol sa pasistang estado. Sa ilalim ng bagong batas sa terorismo ng rehimen, walang kaparis ang dagdag na kapangyarihan para supilin ang kanilang demokratikong mga karapatan. Sa gitna ng pandemyang Covid-19, unang prayoridad ng tirano ang kontra-insurhensya at pampulitikang panunupil.

Sumusuka si Duterte ng pinakamaruruming propaganda laban sa mga pwersang patriyotiko, progresibo at rebolusyonaryo, at pinakakalat ang pinakaatrasado, di siyentipiko at bulok na ideya sa tangkang lasunin ang isip ng mga tao at habampanahon silang panatilihing tuliro. Subalit, habang lalong dumadaluhong ang mga kasinungalingan at pagpapanggap ni Duterte, lalo niyang pinupukaw ang galit ng mamamayan at ginagatungan ang alab ng kanilang damdamin.

Habang lalong ginagamit ni Duterte ang pandemya para pahigpitin ang kapit sa poder, palakihin ang kinakamal na yaman mula sa pondong pampubliko, pagsilbihan ang pang-ekonomyang

interes ng pinapaburan mga oligarko, at lalong magmanikluhod sa China at isuko ang soberanyang pang-ekonomya ng bansa kapalit ng pabor pampinansya at pampulitika, lalong nakukumbinse ang mamamayan na walang ibang dapat gawin kundi ang sama-samang isigaw ang pagpapabitiw o pagpapatalsik sa tirano. Alam ng sambayanang Pilipino na hindi pwedeng hintayin ang bakuna o ang 2022, dahil tiyak na bago nito ay isasadlak ni Duterte ang bayan sa mas malala pang kalagayan.



Patuloy na nagtatagpo ang mga ulap ng makapangyarihang unos. Lumalakas at umiipon ang diskuntento ng mga tao at naghihintay na lumiyab sa isang malaking apoy na tiyak sisindak sa tirano at hihigitan ang pinakamalala niyang bangungot. Dapat pag-ibayuhin pa ng mga tao ang pag-oorganisa at itaas ang kakayahang maramihang pakilusin ang kanilang hanay. Di maglalaon, mapangingibabawan ng sambayanang Pilipino ang terorismo ng rehimen at ang panunupil ng estado, at magagawang tipunin sa lansangan ang kapangyarihan ng bayan. Gustong maniwala ni Duterte na nadaig na niya si Marcos sa nagawa niyang pagtatatag ng diktadura na hindi nagdeklara ng batas militar. Subalit sa katapusan, makikitang wala siyang pinag-iba kay Marcos na pinalayas ng di malulupig na lakas ng nagkakaisang bayan.

Habang pinaiigting ng kinamumuhiang rehimen ang anti-demokratiko at anti-komunistang mga pagtuligsa at pag-atake, ang sambayanang Pilipino, laluna ang mga kabataan, ay lalong nagiging bukas sa rebolusyonaryong propaganda at edukasyon. Inilantad ng pandemya ang saligang mga suliranin ng malakolonyal at malapyudal na sistema na malulutas lamang sa pamamamagitan ng demokratikong rebolusyong bayan.

Sa pamamagitan ng walang kapagurang pagpukaw, pag-organisa at pagpakilos sa mamamayan, mabilis na napalalawak at napalalakas ng rebolusyonaryong kilusan ang kanyang hanay kapwa sa lihim na kilusang masa sa kalunsuran at sa armadong kilusan sa kanayunan. Hindi nauupos at hindi nalulupig ang pambansa-demokratikong hangarin ng sambayanang Pilipino.

# Hindi magpapagupo ang bayan sa terorismo ng estado

Agosto 21, 2020



Si Ka Randall Echanis, 72, beteranong rebolusyonaryo at lingkod-bayan, tagapagtaguyod ng masang anakpawis, at tagapagsulong ng makatarungang kapayapaan, ay walang-awang pinahirapan at pinaslang. Pinasok ng mga pasistang berdugo ang kanyang inuupahang tirahan sa Quezon City noong madaling-araw ng Agosto 10. Siya'y iginapos, pinagsasasaksak at hinampas sa ulo. Ang tanging saksi, ang dumamay na kapitbahay, ay tuluyan ding pinatahimik.

Ano pa nga ba kundi mga pasistang hayop na alaga ng Duterteng halimaw ang nagsagawa ng krimen na ito? Sino pa ba ang magdiriwang sa pagpaslang kay Echanis kundi ang mga mapang-api at mapagsamantala na walang-sawa at walang-pagod niyang binatikos at nilabanan kasama ang masang anakpawis? May iba pa bang layunin ang karumaldumal na krimeng ito kundi ang itarak ang hilakbot sa dibdib ng taumbayan? Ano pa nga ba kundi galit, paghihimagsik, at ibayong tapang at paglaban ang tugon ng sambayanan?

Ang brutal na pagpaslang kay Echanis ay bahagi ng tumitindi at walang-habas na teroristang pagdaluhong ng estado sa ilalim ng rehimeng Duterte. Partikular na tinatarget ang kilalang mga

personahe at pwersang patriyotiko at demokratiko na aktibo sa hayag na kilusang masa na pinakamasigla sa paglalantad at paglaban sa anti-mamamayang rehimeng Duterte at sa pagsusulong ng demokratikong mga pakikibakang masa.



Isang linggo lamang paglipas ng pagpaslang kay Echanis, muling umatake ang mga pasistang hayop. Pinaslang sa Bacolod City si Zara Alvarez, 39, tagapagtaguyod ng karapatang-tao at aktibo sa pagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa mga komunidad. Tulad ni Echanis, si Alvarez ay kabilang sa 600 aktibistang inakusahan ng Department of Justice na "terorista" sa kaso laban sa PKP at BHB. Noong Mayo, dinukot, tinortyur at pinahirapan din si Carlito Badion, 52, pangkalahatang-kalihim ng organisasyong Kadamay. Ilang araw bago nito, pinaslang sa Iloilo City si Jory Porquia, 58, kilalang aktibista at koordinador sa syudad ng partidong Bayan Muna.

Ang tuluy-tuloy na pasistang paninibasib laban sa mga kilalang aktibista sa kalunsuran ay isinasagawa ng mga armadong ahente ng estado sa utos ni Duterte at ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC). Kahit walang batayang ligal, matagal nang idinadawit ng mga buhong na pasista ang mga aktibista sa armadong rebolusyonaryong kilusan. Tinatarget maging ang mga artista, kritikal na masmidya, taong-simbahan at karaniwang mamamayang kritikal kay Duterte. Ang mga target ng kanilang pagpaslang, pag-aresto, pagdukot o pagkukulong ay matagal nang pinararatangan ng AFP at PNP sa mga tarpolin at satsat sa masmidya, upang palabasing tama o makatwiran ang ginagawa nilang pagsasampa ng mga gawa-gawang kasong kriminal o kaya'y tahasang pagpaslang sa mga lider-masa at mga aktibista.

Kung walang-awat ang pasistang pagsalakay sa kalunsuran, lalo pang marahas at walang pakundangan ang panunupil ng AFP sa kanayunan, kung saan malayo sa mata ng midya at mabagal ang daloy ng impormasyon. Sa ilalim ng paghahari ni Duterte, hindi bababa sa 264 ang magsasakang pinaslang ng mga sundalo, pulis, paramilitar at mga armadong ahente ng rehimen.

Wala silang sinasantong karapatan o mga alituntunin kundi ang kapangyarihan at batas ng militar. Saanman ang masang magsasaka ay nanindigan at nagtanggol sa kanilang karapatan o lumaban para sa lupa, naroon ang mga pasista upang sila'y patahimikin at gupuin. Terorismo ng estado ang kinakaharap nila sa araw-araw.



Sinumang natutong magsalita para sa kanilang interes ay pinararatangang sumusuporta sa armadong kilusan. Ipinapataw nila ang mga kontrol ng militar sa mga komunidad, kabilang ang *curfew*, tsekpoynt, pagkontrol sa pagbili ng pagkain, pagbawal sa pagsasaka at iba pang hakbangin na sinasabing kontra sa BHB, subalit katunaya'y pahirap sa masa. Ang mga sibilyang residente ay pwersahang kinakasangkapan ng AFP sa kanilang madugo at mapanupil na gera. Ipinaparada sila sa publiko bilang mga "sumurender," pwersahang nirerekrut sa CAFGU, pinaggigiya sa mga operasyong militar, hinahakot sa mga raling papuri sa militar at iba pa.

Sa paglulunsad ng gera, wala ring sinusunod na batas ang AFP. Sa pag-upat ni Duterte, ilang mga rebolusyonaryong lider at pwersa na ang brutal na pinaslang kahit pa wala sa katayuang lumaban. Si Ka Mario Caraig, isa sa mga lider ng Partido sa Southern Tagalog, ay pinagbabaril noong Agosto 8 sa Laguna kahit siya'y natutulog. Sugatan siya at nagpapagaling noon. Noong Marso, si Ka Julius Giron, 71, isa sa pinuno ng Partido at pangunahing konsultant sa usapang pangkapayapaan, ay walang-awang pinaslang sa Baguio City, kasama ang kanyang duktor at isang kasama sa tirahan.

Taliwas din sa mga internasyunal na makataong batas ang dumadalas na paghuhulog ng AFP ng 500-libras na bomba at bulag na panganganyon sa pinaghihinalaang kampo ng BHB na nagsasapeligro sa buhay at kabuhayan ng masang magsasaka at minoryang mamamayan sa mga kanugnog na komunidad.

Lahat nang ito—mula sa pampulitikang pamamaslang sa kalunsuran hanggang sa militarisasyon sa kanayunan—ang bumubuo ng larawan ng terorismo ng estado sa ilalim ni Duterte. Sa harap ng pandemya, pinaprayoridad ni Duterte ang pagpapaigting sa

terorismo ng estado. Ginagamit niya ang pinakabrutal na anyo ng pasismo sa layong balutin sa takot ang buong bayan, patahimikin ang kanilang mga protesta at sugpuin ang kanilang mga pakikibaka.

Habang lango sa kapangyarihan, mas malawak pang poder ang tinatakam ni Duterte para tuluy-tuloy na makapagkamal ng yaman mula sa pagbubulsa ng pondong pampubliko, aregluhan sa mga kontrata, suhol ng mga sindikato sa droga at iba pa. Labis-labis ang pangamba ni Duterte at ng kanyang mga alipures na matanggal sila sa poder at mapwersang harapin ang di mabilang na kasong kriminal at paglabag sa karapatang-tao, malantad ang itinatagong yaman, at mapanagot sa lahat ng kasalanan sa bayan. Walang tigil ang mga iskema ni Duterte para manatili sa poder sa pamamagitan ng pagbabago sa konstitusyon, pagsasaayos sa resulta ng eleksyong 2022 para makaupo ang kanyang mga hihirangin, o tahasan pang pagpapataw ng paghaharing diktadura.

Ang tumitinding terorismo ng estado ay tanda ng desperasyon ng rehimeng US-Duterte na kumapit sa poder sa harap ng lumalakas at lumalawak na panawagan para sa kanyang pagbibitiw o pagpapatalsik.

Lalong sumisidhi ang determinasyon ng bayan na lumaban sa harap ng palyadong militaristang pagtugon ng rehimen sa pandemya, papalalang korapsyon at pagnanakaw, pagpapahirap at pang-aapi sa bayan.

Subalit sa halip na magupo, ibayo pang galit, determinasyong lumaban at tapang ang namumuo sa dibdib ng mamamayan. Sa halip na mapatahimik, ang taumbaya'y lalong napupukaw sa pangangailangang magsalita, magprotesta at magbangon. Sa halip na tumalikod, handa ang sambayanan na harapin ang mga kinakailangang malaking sakripisyo para labanan at gapiin ang pasistang terorismo at kamtin ang hangad na kalayaan.

# Ubos-kayang kumilos para wakasan ang dilim ng bagong batas militar



Setyembre 7, 2020

Sa loob ng ilang araw, gugunitain ng sambayanang Pilipino ang ika-48 taon ng pagpapataw ng batas militar ng diktadurang Marcos. May dagdag na halaga ang paggunita sa araw na ito dahil marami ang pagkakahalintulad ng sitwasyon noon sa kasalukuyang kalagayan. Malalim ang kabuluhan ng mga aral sa 14-taon pakikibaka laban sa diktadura na dapat gamiting gabay sa pagharap at paglaban sa pasistang tirano ni Duterte.

Animo'y hinila ni Duterte ang bansa paatras sa madilim na panahon ng batas militar ni Marcos sa anyo ng walang-habas na paninibasib sa demokrasya at kalayaan. Tulad noon, sistematikong ipinagkakait ang mga karapatan ng mamamayan at sinusupil ang kanilang mga pakikibaka upang tuluy-tuloy na makapamayagpag si Duterte at ang kanyang mga kroni at alipures.

Gaya ng dating diktador, hindi maibsan ang uhaw sa kapangyarihan at yaman ni Duterte. Gamit ang armadong pwersa ng estado para padanakin ang dugo at sindakin ang lahat, itinatag niya ang kanyang di pwedeng kwestyuning awtoridad. Lahat ay dapat lumuhod at magsumamo. Si Duterte ay isang walang kabusugang halimaw na hindi nahahangganan ang kabangisan sa pagpuksa sa mga hahamon sa kanyang paghahari-harian.

Nakaupo siya sa balikat ng mga pulis at sundalo. Hari siya ng kalupitan at brutalidad. Dinuraan at niyurakan niya ang mga karapatan ng taumbayan. Walang patumangga ang mga pagpatay at iba't ibang anyo ng terorismo at karahasan laban sa mahihirap na mamamayan at sa sinumang naninindigan at lumalaban para sa bayan. Sa apat na taon lamang, hinigitan na ni Duterte ang dating diktador sa dami ng pinatay ng mga armadong ahente ng estado.



Walang ibang pakay ang habampanahon niyang mga digmaan kundi ang supilin at patahimikin ang sambayanan at para busugin sa gera ang kanyang mga sundalo at pulis. Labis na kamuhi-muhi ang malawak na kapalpakan, kainutilan at krisis sa kabuhayang idinulot ng kanyang pasistang tugon sa pandemyang Covid-19.

Si Duterte ngayon ang hari ng burukratang kapitalismo. Siya ang punong panginoon ng droga sa Pilipinas. Siya ang pinakamalaking traydor sa kalayaan at soberanya ng Pilipinas, at kasabwat ng China sa pandarambong sa yaman ng bansa. Hungkag sa pagiging anti-Amerikano na walang nagawa kundi yumuko sa imperyalistang amo.

Sa paggunita sa batas militar ni Marcos sa harap ng todo-todong pasismo ni Duterte, alalahanin at paghalawan natin ng inspirasyon at tapang ang kabayanihan ng sambayanang Pilipino, ng laksa-laksang libong anak ng bayan na walang pag-aalinlangang tumahak sa mahirap at mapanganib na landas ng pakikibaka, nagsakripisyo at nagbuwis ng buhay para wakasan ang diktadura. Kabilang sa kanila ang maraming nagtungo sa kanayunan, upang ipunla at payabungin ang armadong rebolusyon.

Sa madidilim na taon ng batas militar nag-aklas ang mga manggagawa para ipaglaban ang kanilang mga karapatan at kagalingan, gayundin ang hangarin ng buong bayan para sa kalayaan. Nagmartsa nang daan-daang kilometro ang mga magsasaka at maralita. Ang mga plasa at lansangan ay naging malaking paaralan para sa mga estudyante kung saan nalinang ang kanilang talino at natuto sa mga aral ng kasaysayan at pakikibaka. Ang kanayunan at mga kabundukan ay naglagablab sa malawak na

armadong paglaban at nagsilbing muog ng demokratikong kapangyarihan ng sambayanan. Ang lahat ng batis ng paglaban ay umipon sa makapangyarihang ilog ng pakikibaka at humantong sa malaking pagbabangon.

Ang hangarin ng sambayanan noon na lumaya mula sa batas militar ni Marcos ay siya ring hangad ngayon ng sambayanan na makalaya mula sa panunupil at pang-aapi ng tiranong Duterte. Sa ilalim ng buhong na rehimeng Duterte, nakasubsob ngayon ang mayorya ng sambayanang Pilipino sa wala pang kapantay na krisis sa kabuhayan, kahirapan at kalusugan, habang namamayagpag ang mga kroni at dayong kakutsaba ni Duterte sa korapsyon, pasismo at pandarambong.



Gamit ang sindak ng bagong Anti-Terror Law, mga pagpatay, pagdukot at pang-aaresto, pinatatahimik at pinipilay ng rehimeng Duterte ang demokratikong paglaban ng mamamayan. Lahat ng taktika ay ginagamit upang unahan ang anumang pagsisikap ng mamamayan na mabuo sa isang malapad na prente ang lahat ng demokratikong pwersa at sabay-sabay na kumilos sa isang makapangyarihang pagbabangon.

Hinihikayat ng Partido ang sambayanang Pilipino at ang kanilang demokratikong kilusang masa na puspusang kumilos at biguin ang pagtatangka ng rehimeng Duterte na tuluyan silang supilin. Dapat gamitin ang lahat ng posibleng paraan para malawakang pakilusin ang mamamayan.

Dapat pangibabawan ang mga paghihigpit sa karapatan na ipinatupad ni Duterte sa tabing ng pagtugon sa pandemyang Covid-19. Ang paglimita sa pampublikong transportasyon, ang pagbabawal sa mga kabataan na lumabas sa bahay at mga paghihigpit sa pangmasang pagtitipon ay nagsisilbing praktikal na balakid sa malawakang pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa.

Dapat tandaan na walang paghihigpit na ganap na makahahadlang sa pagkilos ng mamamayang mulat at determinadong lumaban para wakasan ang paghahari ng kasamaan ni Duterte. Ang susi ay ang pagpukaw sa mamamayan at pagtataas ng kanilang kamulatan at kahandaang kumilos.

Dapat tuluy-tuloy na palakasin ang gawaing propaganda at edukasyon sa masa na sinasamantala kapwa ang pagpapadaloy ng impormasyon, mga pahayag at panawagan sa pamamagitan ng *internet* kung saan meron, kaalinsabay ng pagpapalakas at pagpapalawak ng paglalabas ng regular na mga pahayagan at mga polyeto bilang solidong daluyan ng propaganda.



Sikaping itransporma ang mga pabrika at komunidad tungong mga sentro ng pampulitikang aktibidad sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga pang-masang talakayan hinggil sa mga pang-araw-araw na usaping kinakaharap ng masa, kung papaano nakadugtong ang kanilang mga problema sa kasalukuyang takbo ng bansa at kung bakit kailangang kumilos. Sa mga lugar na militarisado, dapat gamitin ang mga malikhaing paraan para ikutan ang pagmamanman at paghihigpit ng mga ahente ng estado.

Dapat ubos-kayang isulong ang demokratikong pakikibakang masa ng batayang mga uri at sektor. Ang lakas at tapang ng masang anakpawis ang maghihikayat sa iba pang mga uri at pwersa na manindigan at lumaban, kabilang ang mga nasa konserbatibong oposisyon at mga alyado nito sa loob ng militar at pulis na sawa na kay Duterte. Dapat palakasin at ibayong palawakin ang nagkakaisang prente ng lahat ng pwersang demokratiko sa pananawagan para sa pagbibitiw ni Duterte o pagpapatalsik sa kanyang poder.

Dapat tuluy-tuloy na paigtingin at palawakin ng Bagong Hukbong Bayan ang pakikidigmang gerilya sa buong bansa. Katuwang ang milisyang bayan at mga yunit sa pagtatanggol-sa-sarili, dapat paduguin sa libu-libong sugat ang pasistang rehimen upang makatulong kapwa sa pagbwelo ng mga pakikibakang masa at ibayong pagpapalakas ng hukbo at ng mga organo ng demokratikong kapangyarihan ng bayan.

Hindi dapat pabayaang makapaghari nang walang pakundangan ang pasistang rehimeng Duterte. Habang nagtatagal at lalong nagiging mabangis, lalo nitong pinapaypayan ang galit at determinasyon ng bayan na lumaban, at lalong napapalapit ang araw ng pagtatapos sa bagong paghaharing militar ni Duterte.

# Itatag ang malapad na pagkakaisa, wakasan ang tiraniya



Setyembre 21, 2020

Bagong antas ng internasyunal na kabantugan sa sama ang inabot ng rehimeng Duterte. Binatikos nitong nagdaang linggo ng European Parliament ang libu-libong ekstrahudisyal na pagpatay at iba pang seryosong paglabag sa karapatang-tao sa tinaguriang gera sa droga at laban sa mga nagtataguyod sa karapatang-tao, mga maka-kalikasan, unyonista at mamamahayag. Sa walang-habas at brutal na terorismo ng estado, pandarambong at pambansang pagtatraydor, isa na si Duterte sa pinakakinamumuhiang diktador sa kasaysayan.

Natulak magsalita ang internasyunal na komunidad dahil sa tahasang pasistang paninibasib ng rehimen laban sa bayan. Dagdag na hakbangin ng European Parliament na nanawagan ito sa European Commission na suspendihin ang pabor sa kalakalan na nakukuha ng Pilipinas sa European Union (EU). Idinidiin ng boto ng European Parliament ang pagkahiwalay ng rehimeng Duterte hindi lamang sa mamamayang Pilipino, kundi pati sa internasyunal na komunidad.

Mainit na binabati ng sambayanang Pilipino ang resolusyon ng European Parliament, gayundin ang mga pahayag ng mga myembro

ng parlamento ng Australia, Basque at mga personahe sa iba't ibang bansa. Malaking pampasigla ito sa kanilang paglaban sa paghahari ng terorismo ng estado ng rehimeng Duterte. Mainam ang tiyempo ng resolusyon dahil hangad ng sambayanan na kagyat nang wakasan ang palyadong tugon ng rehimen sa pandemya, ang walang-kabusugang korapsyon, ang mabilis na lumalaking utang, pag-igting ng terorismo ng estado at panunupil.



Ipinipilit pa rin ng rehimen ang militaristang pagharap sa pandemya na may pakitang-taong hakbanging pangkalusugan at kulang na ayuda. Wala pa ring *mass testing* at mabagal ang *contact tracing* at bigong sabayan ang bagong mga impeksyon. Kaya, patuloy na lumalaki ang impeksyon at huling-huli ang gubyerno. Sa nagdaang mga linggo, libu-libo ang mga bagong impeksyon sa araw-araw na nagtulak sa kabuuang nahawa ng Covid-19 sa halos 300,000. Nangangambang mahawa ang milyun-milyong Pilipino, laluna ang mga naghihirap at nagsisiksikan sa mga komunidad. Sinasagad ng di makontrol na pandemya ang mga pasilidad medikal laluna sa mga prubinsya.

Sumirit ang bilang ng nahahawa sa mga manggagawa at karaniwang kawani na kailangang bumyahe at magtrabaho sa mga pabrika at upisina na walang sapat na proteksyon. Ipinag-utos ni Duterte ang pagluluwag para magbukas ang negosyo pero hindi inobliga ang mga kapitalista na magsagawa ng *mass testing* at sumunod sa mga pamantayan sa pampublikong kalusugan. Sa tabing ng pandemya, ipinipilit ang anti-mahirap na programang jeepney phaseout, kahit pa ang mga ito'y ligtas sa Covid-19 at kahit kulang na kulang ang pampublikong transportasyon.

Mistulang tinalikuran ng rehimen ang milyun-milyong mga estudyanteng Pilipino at mga guro sa bigong paghahanda at pag-aayos ng mga paaralan at pasilidad para ligtas na makapagturo ang mga titser sa harap ng kanilang mga estudyante ngayon at sa susunod ng taon. Tumatanggi itong makinig sa puna sa tinaguriang "blended learning" na bumabalewala sa kongkretong kundisyon ng milyong mga pamilyang walang pera para sa mga gadyet o *internet*.

Walang-habas ang kampanya ng mga pagpatay at pag-abuso sa karapatang-tao kahit sa gitna ng pandemya. Tumindi ang maruming gera ni Duterte sa sunud-sunod na mga pagpatay, pagdukot, tortyur, pag-aresto at matagalang pagkukulong sa mga aktibista at kritiko ng rehimen. Araw-araw ang malalalang paglabag sa karapatang-tao sa gitna ng kontra-insurhensya at mga taktika nito ng saywar, okupasyong militar at paghahamlet ng mga komunidad sa kanayunan.

Sinamantala ni Duterte at kanyang mga kroni ang pandemya upang patindihin ang burukrata-kapitalistang pagpapayaman sa mga binili ng gubyerno na sobra ang patong, kikbak at suhol. Bilyun-bilyong pisong pondong pampubliko ang ibinulsa ng malalaking burukrata sa pagbili ng kagamitang medikal at korapsyon sa Philhealth. Nag-papakana si Duterte na bumili ng bakuna mula China at Russia na posibleng maging pinakamalaking korapsyon sa krisis sa Covid-19.

Kung palatandaan ang panukalang badyet sa 2021 ng rehimen, malinaw na walang katapusan ang pagdurusa ng bayan sa ilalim ng rehimeng Duterte. Sagadsaring anti-mamamayan ang badyet nito sa 2021 na inuuna ang kontrainsurhensya at *pork barrel* kaysa kalusugan. Kung may ₱3.16/araw ang bawat Pilipino para sa kalusugan, may ₱12.3 milyon naman na pondong paniktik na pwedeng gastusin si Duterte sa bawat araw. Walang dagdag na pondo para sa edukasyon kahit kailangang-kailangan ang pag-aayos ng mga pampublikong paaralan. Sa kabilang banda, dinagdagan naman ng 2,969% ang badyet ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) tungong ₱19.1 bilyon.

Walang katapusan ang paglura ng rehimen ng kasinungalingan at kalahating-totoo para pagtakpan ang tunay na lagay ng bansa. Wala mang basehan, sinabi nitong nakalagpas na ang bansa sa pinakamalalang yugto ng pandemyang Covid-19, habang walang kapantay ang pagdurusa ng bayan sa laki ng disempleyo at tindi ng pagdarahop. Sa kabilang panig, pinalawig ni Duterte ang "state of calamity" ng isa pang taon upang patuloy na dambungin ang

pondong pampubliko at isulong ang iba't ibang iskema para makapanatili sila sa poder.

Dapat kagyat na tipunin ng sambayanang Pilipino ang pinakamalaking bilang ng mga demokratikong organisasyon, kilusan, institusyon, ahensya, mga sektor at uri sa isang malapad na nagkakaisang prente para patalsikin ang rehimeng Duterte. Sa gayon lamang lalaki ang tsansa ng mga Pilipino na labanan ang pandemya, igpawan ang krisis sa ekonomya, wakasan ang terorismo ng estado at hawanin ang daan para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

Maaaring buuin ang lahat ng klaseng alyansang sektoral, multi-sektoral, pang-kampus o panteritoryo, pormal at di pormal, upang maging sentro ng tulungan at koordinasyon ng lahat ng pwersang anti-Duterte. Maaaring isagawa ang iba't ibang aktibidad para sa pampulitika at pangkulturang pagpapahayag ng mga taong may iba't ibang antas ng kamulatan. Dapat kumilos din ang mga Pilipino sa ibayong dagat upang tipunin ang suportang pandaigdig at internasyunal na aksyong diplomatiko, pampulitika at pang-ekonomya laban sa rehimen.

Dapat magsilbing gulugod ang pambansa-demokratikong mga pwersa sa malapad na nagkakaisang prenteng anti-Duterte. Dapat silang pleksible, mapanlikha at matiyaga sa pagtipon ng mga tao at pagtataas ng kanilang kamulatan at militansya. Kaalinsabay, dapat di sila matinag sa harap ng intimidasyon at pagbabanta ng rehimen.

Ang sigaw para sa pagbibitiw o pagpapatalsik kay Duterte ang pinakakagyat na hangarin ng sambayanang Pilipinong naghahangad ng katarungan, pagbabalik ng kanilang mga karapatan at kalayaan, at pagkakaroon ng gubyernong tutugon sa kanilang kagalingan at iuuna ang pagtamo ng kapayapaan kaysa walang katapusang panggegera laban sa bayan.

# Mga bitak sa pasistang koalisyong Duterte

Oktubre 7, 2020



Ang kumpetisyon sa pulitika na nilalaro ngayon sa Mababang Kapulungan ng Kongreso sa usapin ng pamumuno rito ay palatandaan ng mga bitak sa loob ng naghaharing pasistang koalisyong Duterte. Ang walang kahihiyang balyahan para sa pwesto ay bahagi ng mas malaking labanan para makuha ang mas malaking bahagi ng *pork barrel* sa badyet sa 2021, lalo at nalalapit na ang eleksyong 2022.

Noong Setyembre 30, bumoto ang 184 sa 300-myembrong kapulungan kontra sa palabas na alok ni Speaker Alan Peter Cayetano na magbitiw sa pusisyon. Ang botohan ay binatikos na pag-aaksaya ng oras at salapi ng bayan.

Ang alok na magbitiw ni Cayetano, sa halip na tuwirang magbitiw, ay pagsagka sa "kasunduang hatian sa termino" niya at ni Rep. Lord Allan Velasco. Sa usapang ito, uupo si Cayetano bilang pinuno ng mababang kapulungan sa unang 15 buwan ng kanilang termino, at hahalinhan ni Velasco sa huling 21 buwan. Tinutuligsa si Cayetano sa pagkakapit-tuko sa poder at pagbali sa kanilang "usapang lalaki."

Ang boto kontra sa palabas na alok na magbitiw ni Cayetano ay di tuwirang sampal kay Duterte, na mismong namagitan sa

kasunduan sa hatian sa termino na nabuo noong 2019 at muling pinagtibay sa pulong kamakailan sa Malacañang. Lumilitaw na di absoluto ang hawak ni Duterte sa mga tauhan niya sa Kongreso, at na hindi lahat ay masaya sa mga kaayusan sa hatian sa mga pakinabang at pribilehiyo ng nasa poder.



Naghahayag kapwa si Cayetano at Velasco ng katapatan sa tiranong si Duterte. Kinakatawan nila ang iba't ibang grupo o paksyon sa loob ng naghaharing pangkatin. Nagkakaisang kumikilos ang mga ito para suportahan ang pagbibigay kay Duterte ng karagdagang kapangyarihang burukrata-kapitalista at pasista, tulad kamakailan ng Anti-Terrorism Law, ang pagkait ng prangkisa sa ABS-CBN at pagbibigay ng hindi karaniwang kapangyarihan para galawin ang badyet sa gitna ng pandemya.

Gayunman, ang katapatang ito ng mga reaksyunaryong pulitiko ay mananatili lamang kung sila'y pinakakain ng tama at relatibong pantay-pantay. Basta't tumatanggap ang kanilang mga distrito ng pondo para sa mga pampasiklab na pagpapagawa ng kalsada, *waiting shed* at iba pang proyektong pang-imprastruktura kung saan maaaring ipaskil ang kanilang mukha, ang mga alipures sa kongreso ay patuloy na magsisilbi sa tirano at kanyang mga tau-tauhan. Mas mahirap silang pakainin at busugin tuwing palapit ang eleksyon dahil lumalaki ang hinihingi para gastusin sa muling pagtakbo o pag-ambisyong makaupo sa mas mataas na pwesto.

Ang pagsidhi ng banggaang Cayetano-Velasco ay di maihihiwalay sa kasalukuyang pagdinig sa badyet sa 2021, partikular ang bahagi nila sa ₱397 bilyong *pork barrel* na hawak ng Department of Public Works and Highways. Nagrereklamo ang kampo ni Velasco sa di pantay na alokasyon ng pondo para sa mga proyektong pang-imprastruktura, at kinukwestyon bakit makakukuha ng ₱11.1 bilyon ang distrito ni Cayetano sa Taguig at ₱11 bilyon sa mga kaalyado niya sa Camarines Sur, samantalang ang mga di niya kaalyado ay mayroon lamang ₱2 bilyon.

Lalo pang titindi ang tunggalian sa Mababang Kapulungan sa mga darating na araw sa paggigiit ng paksyon nila Velasco na dapat

sundin ni Cayetano ang unang usapan at magresayn sa Oktubre 14. Kung hindi, nagbanta silang ideklarang bakante ang pwesto para bigyang-daan ang kanilang pagtutuos.

Lalo pang lalalim at lalawak ang mga kontradiksyon sa hanay ng naghaharing pangkatin sa darating na panahon sa harap ng paglala ng krisis ng naghaharing sistema habang lalong nagiging matakaw si Duterte at kanyang mga alipures. Lilitaw lalo ang mga kontradiksyong ito habang papalapit ang eleksyon, o kung itulak ni Duterte ang pagbabago ng konstitusyon o iba pang iskema para manatili sa poder.

Ang mga bitak na ito ay hahantong din sa hayagang tunggalian sa hanay ng militar at pulis, partikular sa pagitan ng nagriribalang sindikato, at sa pagitan ng mga upisyal na sangkot sa malakihang korapsyon at malalalang paglabag sa karapatang-tao. Siguradong may lilitaw ding mga upisyal na makikitang di posibleng tapusin ang armadong tunggalian sa bansa kung sa pamamagitan lamang ng isang gerang panunupil laban sa bayan.

Lalo ring lilitaw ang mga kontradiksyon sa harap ng lumalakas na internasyunal na presyur sa rehimeng Duterte sa harap ng malawakang pagbatikos sa mga pang-aabuso ng mga sundalo at pulis sa mga karapatan, gayundin sa pagmamanikluhod niya sa China at pagpapabayang makapagtayo ng mga pasilidad militar sa South China Sea. Mula sa kongreso ng US at parlamento ng Europe, umaalingawngaw ang sigaw para tapusin ng mga pwersa ng estado ang mga pagpatay sa mga aktibista at sa huwad na gera kontra droga. Nadidiin din siya sa hakbangin kamakailan ng Facebook na alisin ang mga akawnt na pinatatakbo ng militar.

Dapat samantalahin ng sambayanang Pilipino ang mga kontradiksyong ito sa hanay ng naghaharing pangkatin sa pamamagitan ng paglalantad sa mga krimen, korapsyon, brutalidad at pangangayupapa ng rehimen at ng pagbubuo ng pinakamalawak na pagkakaisa ng mga patriyotiko at demokratikong uri at sektor. Dapat ubos-kaya silang magsalita laban sa *pork barrel* at kontra-insurhensya na badyet ng rehimen pang-2021 na sagadsaring anti-

mamamayan at anti-mahirap laluna sa harap ng pandemya at pangangailangang dagdagan ng panggastos ang mga serbisyong medikal, pang-ekonomya at pang-edukasyon. Dapat batikusin ang ribalan sa poder at pribilehiyo habang nagdurusa ang bayan sa palpak na pagbubukas ng klase, pagtaas ng pamasahe, malaking gastos sa pagpapagamot, krisis sa pagkain at iba pang kagyat na problemang pang-ekonomya at panlipunan.

May mga alipures na dismayado dahil tira-tira na lamang ang iniiwan sa kanila ng mga walang-kabusugang pinakamakapangyarihang tauhan ni Duterte. Dapat silang hikayatin na iwaksi ang rehimen ng katakawan at tiraniya.

Dapat ibayong pukawin ang sambayanang Pilipino na labanan ang pasista, papet at korap na rehimeng Duterte. Dapat ilantad ang kabuktutan ng rehimen upang sindihan ang galit ng bayan at palakasin ang determinasyon nilang lumaban.

Dapat kumilos nang malakihang bilang ang mga manggagawa, magsasaka at malaproletaryado sa mga pabrika, komunidad sa kalunsuran at kanayunan. Dapat isagawa ang walang-kapagurang gawaing propaganda at edukasyon sa kanilang hanay. Dapat makibaka ang masang anakpawis para sa kanilang mga karapatan at kagalingan, laluna sa gitna ng krisis at papanagutin ang rehimen sa korapsyon at maling mga prayoridad.

Kasabay nito, dapat patuloy na lumawak at lumakas ang alyansa sa hanay ng mga panggitnang pwersa. Ang mga kabataang estudyante, titser, nars at mga manggagawang pangkalusugan, mga kawani ng pamahalaan, mga taong-simbahan, kababaihan, mga pwersang oposisyon at iba pang demokratikong sektor ay dapat patuloy na magsanib pwersa upang lalong palawakin ang nagkakaisang prenteng anti-Duterte.

Ang hanay ng mas abante sa pulitika na mga kadre ng Partido at aktibistang masa ay dapat manguna at magsilbing huwaran sa mahirap at kadalasa'y peligrosong gawaing pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa masa. Makakamit lamang ang tagumpay sa pamamagitan ng malawakang pagpapakilos ng masa.

Dapat patuloy na pamunuan ng Partido ang Bagong Hukbong Bayan sa pagsulong ng malawakan at maigting na pakikidigmang gerilya. Ang lumalaking bilang ng mga taktikal na opensiba sa nagdaang mga linggo ay nagpapakita ng pambansang kapasidad at determinasyon ng BHB na labanan ang pasistang rehimen at tumulong sa pagbabagsak nito.

Sa pagsusulong ng lahat ng anyo ng paglaban, magagawang ibayong ihiwalay at pahinain ng sambayanang Pilipino ang pasistang rehimeng Duterte. Kahit gumamit ng terorismo ng estado, mabibigo ang rehimen sa harap ng determinasyon ng sambayanan na makibaka para ibalik ang kanilang mga kalayaan at ipaglaban ang demokrasya.

# Mangahas na makibaka at magprotesta sa gitna ng pandemya



Oktubre 21, 2020

Ang panahon ng pandemya ay panahon ng protesta at paglaban ng bayan sa mga tiranong yumuyurak sa kanilang kalayaan, nagpapabaya sa kanilang kagalingan at nang-aapi nang may lupit na malala pa sa nagkalat na sakit.

Sa iba't ibang panig ng mundo, malawakang kumikilos ang mamamayan sa mga demokratikong pag-aaklas. Ipinamamalas nila na hindi hadlang ang pandemya sa pagsulong ng mga pakikibaka, manapa'y mahalagang makibaka sa harap ng pinatinding pang-aapi at panunupil sa tabing ng pandemya. Mula sa US, Indonesia, Thailand at iba pang bayan, milyun-milyong mamamayan ang bumubuhos sa lansangan upang labanan ang pasismo at tiraniya ng iilan.

Kinasangkapan niya ang militaristang *lockdown* para ipakontrol sa pulis at militar ang araw-araw na buhay ng taumbayan, pwersahang paglayu-layuin ang mga tao at pigilan silang magkaisa at lumaban. Dinikdik ni Duterte sa utak ng mga tao ang huwad na katwirang "bakuna lang ang solusyon" upang pagtakpan ang katotohanang hindi niya kayang pamunuan ang bansa sa panahong ito.

Mula't sapul, tulog sa pansitan ang kanyang rehimen. Sundalo, hindi duktor, ang namuno. Militaristang *lockdown* ang laging solusyon. Tinalikdan ng rehimeng Duterte ang responsibilidad nitong ipatupad ang mga hakbang para sa kaligtasan: walang libreng *mass testing*, walang libreng paggamot sa Covid-19. Kumita ang mga kapitalista at magnanakaw habang patuloy na kumakalat ang bayrus. Karamihan ng mga nahawa ay naghihigpit na lamang ng sinturon kaysa mamatay sa gastos sa ospital.



Sa pandemya, panunupil at pulitika ang prayoridad ni Duterte. Winasak ang ekonomya at kabuhayan ng masa. Nilubog sa utang ang bayan. Walang habas na pamamaslang, panunupil at paninindak laban sa mga kritiko. Maruming gera sa kanayunan. Malalaking kapitalista at mga kroni ang nakikinabang. Lalong mahigpit na kontrol sa kongreso. Walang-awat na mga hakbang para manatili sa pwesto.

Kumukulo ang dugo ng sambayanang Pilipino sa galit sa pagpapabaya, pagpapahirap at panunupil ng pasistang rehimeng Duterte. Walang kapantay na pasakit at pang-aapi ang dinaranas ng mga manggagawa, magsasaka, mga walang hanapbuhay, mga guro, nars, kawani, kabataan, Lumad at mga Moro. Naghahanap ng lagusan at naghihintay ng pagkakataon ang buong bayan na ipamalas ang naghihimagsik nilang damdamin laban sa tiraniya ni Duterte.

Nais ng buong bayan na makipagtuos sa naghaharing rehimen at puspusang makibaka laban sa terorismo, korapsyon at pambansang pagtatraydor ni Duterte. Nais nilang buong-lakas na labanan ang Anti-Terror Law, ang badyet para sa pasismo at *pork barrel*, ang mga proyektong pang-imprastrukturang pahirap sa masa, ang patakarang pagbawas sa sahod ng mga manggagawa, ang planong dagdag na buwis sa masa at kaltas buwis sa malalaking kapitalista, ang patakarang palaasa sa dayong pautang, ang planong baguhin ang konstitusyon at iba pang iskema para makapanatili ang pangkating Duterte sa poder.

Nasa balikat ng mga pambansa-demokratikong pwersa na pamunuan ang buong bayan sa kanilang paglaban. Responsibilidad nilang ipamalas ang tapang, militansya at talino sa harap ng sistematikong atake ng rehimen laban sa kanilang hanay. Habang nag-iingat sa pandemya, dapat ubos-kaya nilang sikapin na abutin, pukawin, organisahin at pakilusin ang milyun-milyong mamamayan. Dapat pamunuan nila ang malawakang pagpapakilos sa masa at ibuhos ang kanilang lakas sa lansangan—ang pangunahing larangan ng paglaban at pakikipagtuos sa tirano.

Malaki ang papel ng mga kabataan at estudyanteng Pilipino sa pagpukaw at pagpapakilos sa buong bayan. Dapat malikhain nilang magawang tipunin ang kanilang lakas kahit nakasara ang mga kampus at eskwelahan. Dapat itransporma sa materyal na pwersa ang panlipunang kamulatan ng mga kabataan at hangarin para sa demokrasya at kalayaan. Dapat silang magsilbing tinig ng buong bayan sa pakikibaka laban sa tiranikong kapangyarihan.

Krusyal ang papel ng mga manggagawa sa paglaban sa pasistang rehimeng Duterte. Sa lahat ng sektor sa kalunsuran, ang mga manggagawa ang may kakayahang magpamalas ng pinakamalaking pwersang sabay-sabay na nagmamartsa. Kailangang puspusang itransporma ang mga pabrika at mga komunidad tungong mga paaralan para itaas ang kaalaman at pagsusuri sa kalagayan ng bansa, mga problema ng masang manggagawa at mamamayang Pilipino at ang pangangailangang mapangahas na lumaban. Dapat abutin ang daan-daang mga pabrika, itayo ang mga unyon at asosasyon at pakilusin ang masang manggagawa para isulong ang kanilang kapakanan at ang interes ng buong bayan.

Ang malawakang pagkilos ng mga kabataan, manggagawa, magsasaka at mga maralita ang magsisilbing ubod ng malapad na pagkakaisa ng lahat ng iba pang demokratikong pwersa. Sa pamamagitan ng pagpapamalas ng tapang at militansya, tiyak na mailuluwal ang unos ng galit at protesta para sa kalayaan at demokrasya.

Habang isinusulong sa kalunsuran ang malawak na mga pakikibakang masa, patuloy na paiigtingin at palalawakin ng hukbong bayan ang pakikidigmang gerilya sa kanayunan upang parusahan ang mga armadong galamay ng pasistang rehimen. Habang mas maraming taktikal na opensiba, mas nababanat ang kaaway upang di maituon ang buong pwersa sa pagsupil sa bayan. Habang mas maraming tagumpay sa armadong pakikibaka, lalong tumatapang ang sambayanan na makibaka para wakasan ang tiraniya ni Duterte.

# Labanan ang anti-komunistang pagtugis

Nobyembre 7, 2020



Tuwirang karugtong ng pagsasabatas ng tinaguriang Anti-Terrorism Law (ATL) ang kasalukuyang isinasagawang kampanya ng anti-komunistang pagtugis na bumibiktima sa progresibo at demokratikong organisasyong at kilusan at nagbabanta sa mga aktibista, mga artista, mambabatas at maging mga lokal na upisyal ng gubyerno. Iwinawasiwas ng matataas na upisyal ang kanilang bagong dagdag na pasistang kapangyarihan sa hangaring supilin ang mga demokratikong karapatan at gupuin ang mga pwersang lumalaban sa naghaharing rehimen.

Ang anti-komunistang panunugis ay maruming taktika ng rehimeng kapit-tuko sa poder. Tahasang idinadawit ang mga ligal na demokratikong pwersa sa rebolusyonaryong armadong kilusan.

Sa ilalim ng pasistang teroristang rehimeng Duterte, lumakas ang loob ng mga pasistang heneral na dumura ng lason at kasinungalingan laban sa mga ligal at demokratikong pwersa at laban sa rebolusyonaryong kilusan. Hawak ang ATL, nais nilang gamitin ang buong lupit ng teroristang estado para tuluyang puksain ang ligal na demokratikong kilusan na dati nang nagsisilbing muog ng militanteng paglaban ng mamamayang Pilipino.

Iligalisasyon ng mga progresibong organisasyong ito ang

pinakalayunin ng mga hakbang na ito ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) at AFP. Nais ulitin ng mga ito ang ginawa ng batas militar ni Marcos noong 1972 na ideklarang iligal ang lahat ng anyo ng organisasyong masa. Ginagamit ngayon ng NTF-ELCAC ang ATL para palabasing lehitimo at ligal ang anti-demokratikong mga hakbanging ito.



Subalit sa halip na pormal na magsampa ng kaso para idawit sa "terorismo" ang mga organisasyong ito, tulad ng isinasaad ng ATL, idinadaan ng NTF-ELCAC sa pampublikong pagdadawit upang ipitin ang mga ligal at demokratikong pwersa. Liban sa salita ng isang walang kredibilidad na "saksi," walang maipakitang ebidensya ang NTF-ELCAC ng paratang laban sa mga ligal na organisasyong pambansa-demokratiko na "prente" ng PKP at "rekruter" ng BHB.

Pinalawak ng AFP at ng NTF-ELCAC ang saklaw ng kontra-insurhensya para targetin ng pagsupil maging ang mga pwersang hindi armado. Ang pinaigting na anti-komunistang pagtugis ay bahagi ng kampanya ng karahasan laban sa mga pwersang progresibo at ligal, kabilang ang sunud-sunod na pagpatay laban sa mga lider masa at aktibista. Sa nagdaang buwan lamang ng Oktubre, hindi bababa sa walong aktibista ang inaresto.

Para bigyan-matwid ang kontra-insurhensya at gamitin ang "anti-terorismo" laban sa rebolusyonaryong kilusan, nilalabusaw ng AFP at NTF-ELCAC ang malaking pagkakaiba ng komunismo at terorismo, sa tangkang tabunan ang pagiging makatwiran ng rebolusyonaryong pakikibaka at ng pagsasandata, laluna sa harap ng tiraniya. Ang terorismo, o ang paggamit ng karahasan laban sa mga sibilyan o hindi kalahok sa armadong tunggalian, ay taliwas sa mga internasyunal na batas sa digmaan. Ito ay isang krimen na mahigpit na binabatikos ng Partido.

Sa pagdawit sa Partido sa "terorismo," pilit pinagtatakpan ng NTF-ELCAC ang katayuang nakikipagdigma ng Partido at BHB at ang mahigpit na pagtalima ng mga rebolusyonaryong armadong pwersa sa mga pamantayan sa karapatang-tao at alituntunin sa digma at makataong batas. Ginagamit ang pagbabansag na

"terorista" laban sa Partido upang bigyan-matwid ang pagtatapos ng usapang pangkapayapaan at ang paglulunsad ng walang-habas, marumi, magastos at batbat sa korapsyong gera.

Sa halip na matakot at magupo sa anti-komunistang panunugis, lalong dumarami ang mga sektor na naninindigan at lumalaban sa NTF-ELCAC at sa pasismo ng rehimeng Duterte. Habang lalong pinatitindi ang anti-komunistang pagtugis sa mga demokratiko at progresibong pwersa at ang pagsupil sa mga demokratikong karapatan, lalong pinapaypayan ang galit ng mamamayan. Napupukaw maging ang iba't ibang mga personahe at upisyal na tumindig at magsalita laban sa pang-iipit ng AFP at NTF-ELCAC sa mga pambansa-demokratikong pwersa.

Dapat puspusang labanan at biguin ng mga demokratikong pwersa ang NTF-ELCAC at ang anti-komunistang panunugis nito. Dapat nilang buong-lakas na igiit ang kanilang katayuang ligal at ang garantisadong mga burges-demokratikong karapatan sa ilalim ng konstitusyong 1987. Marapat na ipakita sa lansangan ang protesta at pagtutol sa walang-awat na paninibasib ng pasistang rehimen.

Wastong batikusin at iwaksi ang "*red-tagging*" ng AFP at igiit na "ang aktibismo ay hindi terorismo." Dapat ding ipabatid sa lahat na hindi rin terorismo ang pagsasandata, ang pagbagtas sa landas nina Bonifacio at Sakay, ang pagsulong ng rebolusyonaryong pagbabago at paglunsad ng digma para sa pambansang paglaya. Na ang armadong pakikibaka ay isang di maipagkakait na karapatan ng mga inaapi at sinasaklot na kinikilalang wasto at makatwiran mula pa sa sinaunang panahon. Na sa ilalim ng sistemang monopolisado ng iilan ang poder, walang ibang mas epektibong paraan para sa mahihirap at walang kapangyarihan kundi ang tumangan ng armas para magtanggol at ipaglaban ang kanilang interes at kagalingan. Na ang digmang bayan na isinusulong ng BHB ay para sa pambansang kasarinlan at katarungang panlipunan ay makatwiran sa harap ng pagtatraydor sa kalayaan at pang-aapi ng naghaharing mga reaksyunaryong uri.

Sa panggigipit sa mga demokratikong pwersa at pagkitid ng puwang para sa demokratikong pamamahayag, lalong tumitingkad ang pagiging matwid ng armadong pakikibaka bilang paraan ng pagtatanggol ng mamamayan laban sa teroristang pagsupil ng tiranikong rehimen. Habang dumarami ang kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang, mga di makatarungang mga pag-aresto at pagkukulong, at lalong tumitindi ang pag-atake ng pasistang rehimen sa mga karapatan at pagkakait ng puwang para malayang mag-organisa at magpahayag, si Duterte na rin mismo ang nagtutulak sa marami sa landas ng armadong pakikibaka.



Dapat samantalahin ng BHB ang paborableng kalagayang panlipunan at pampulitika para magpalakas at magpalawak ng hanay. Dapat palakasin ang pagrerekrut ng mga bagong Pulang mandirigma mula sa hanay ng mga manggagawa, mga intelektwal, kawani at iba pang mga sektor sa kalunsuran, habang tuluy-tuloy ang pagrekrut sa masa sa kanayunan. Dapat patuloy na paramihin ng BHB ang mga taktikal na opensiba at tuluy-tuloy na palawakin at paigtingin ang pakikidigmang gerilya sa buong bansa.

Dapat ibayong paigtingin ang mga taktikal na opensiba bilang tugon sa hinihinging katarungan ng masang biktima ng mga pasistang teroristang yunit ng AFP. Kailangan din paigtingin ang mga taktikal na opensiba upang banatin ang pwersa ng AFP upang hindi makakonsentra sa pagsupil sa mga progresibong pwersa sa kalunsuran. Ang mga balita ng tagumpay ng BHB ay nagbibigay-inspirasyon at lakas ng loob sa paglaban ng mga demokratikong pwersa para labanan at wakasan ang pasistang tiraniya ni Duterte.

# Buklurin ang mamamayan, papanagutin ang pabayang rehimeng Duterte



Nobyembre 21, 2020

Lantarang nasaksihan ng milyong Pilipino ang kriminal na kapabayaan ng gubyerno ni Rodrigo Duterte nang manalasa ang mga bagyong Quinta, Rolly at Ulysses. Habang nalulunod sila sa baha at ulan, mahimbing na natutulog si Duterte sa kanyang mga responsibilidad at pananagutan. Para pagtakpan ang kanyang kapalpakan, sinisi niya ang mga biktima na umano'y hindi nakinig sa mga babala ng mga awtoridad. Mas malala, pangungutya sa mga kaagad na nagbigay ng tulong at pambabanta ang sagot niya sa mga batikos sa kanyang kapalpakan.

Bigo si Duterte na kumpasan ang iba't ibang mga ahensya at lokal na yunit, magsagawa ng maagap na mga hakbang, magpusisyon ng sapat na mga tauhan at kagamitan para sa mabilis na pagresponde. Ilang taon nang binawasan ng kanyang rehimen ang pondong pangkalamidad kaya pilay ang mga taga-responde na sabay-sabay na tugunan ang maraming lugar na pinakamatinding naapektuhan.

Resulta nito, milyong Pilipino ngayon ang nagdurusa sa pagkawasak na dulot ng baha at pagguho ng lupa. Ilampung libong kabahayan sa kanayunan, sentrong bayan at syudad ang nawasak ng

malakas na hangin, baha at rumaragasang tubig at putik. Nalubog ang mga palayan, taniman ng gulay at iba pang tanim. Nawasak ang mga bangkang pangisda. Nasira ang pinaghirapang mga kagamitang pambahay at panghanapbuhay. Marami ang naiwang walang kahit ano. Putol ang serbisyo ng tubig at kuryente ng mga pribadong kumpanya. Umaabot na sa ₱12.3 bilyon ang panimulang tantya na pinsala.



Napakabagal dumating at kulang na kulang ang ayuda ng gubyerno. Libu-libo ang nananatili sa siksikang mga *evacuation center* kung saan bulnerable silang mahawa ng Covid-19.

Kahanga-hanga at dapat purihin ang mga pagsisikap ng mga organisasyong masa at indibidwal na agad kumilos para sagipin ang mga nasalanta. Pero ang mga ito'y sadyang limitado at hindi dapat maging panghalili sa responsibilidad ng estado para malawakan at sistematikong tugunan ang pangangailangan ng mga sinalanta.

Tama lamang na singilin nang singilin si Duterte sa gitna ng mga sakuna lalupa't malayung malayo ang mga prayoridad ng kanyang rehimen sa usapin ng atensyon at paglalaan ng pondo. Patuloy nitong iniuuna ang kontra-insurhensya at batbat-sa-korapsyong mga proyektong imprastruktura. Kinaltasan nito ang pondo para sa pagresponde at paghahanda sa mga sakuna at naglaan lamang ng kakarampot na ₱15.7 bilyon para rito ngayong taon, 60% na mas mababa sa ₱39 bilyong inilaan noong 2017. Dapat igiit na ibaling ang pondo ng mga ahensyang nakatuon sa panunupil, tulad ng ₱19 bilyong pondo ng NTF-ELCAC, sa mga programa para muling ibangon ang mga nasalanta. Dapat igiit ang kagyat na pamamahagi ng ₱83 bilyon pang isinusubi at sadyang hindi ipinamimigay ng mga ahensya ng gubyerno para sa mga biktima ng pandemya at kalamidad.

Sa harap ng palpak na tugon ng rehimen, dapat pahigpitin at palawakin ang nagkakaisang boses at pagkilos ng mamamayan para mapalakas ang kilusang sumisingil sa palpak at pabayang rehimen. Dapat nilang abutin ang mga komunidad, upisina, pabrika at iba pang lugar kung saan nakapamamayani ang pananakot at

disimpormasyon ng rehimen. Gawin nilang mga sentro ng protesta ang kanilang mga komunidad at lugar ng ebakwasyon para itulak ang rehimen na pakilusin ang lahat ng ahensya at rekurso ng estado at gawing prayoridad ang pagsagip sa mga apektado. Hanggang hiwa-hiwalay ang mga hiyaw, mamaliitin lamang ni Duterte ang galit at disgusto ng mamamayan.

Dapat ipaintindi na hindi dapat maghintay, magmakaawa o mamalimos ang mga sinalanta at mamamayan para sa tulong materyal at pinansyal ng pambansang gubyerno. Karapatan nila ang mabilis na tugon ng estado sa kanilang pangangailangan para sa pagkain, tubig, damit, gamit pangkalinisan at medikal. Karapatan nila ang pondo at serbisyo para sa mabilis na paglilinis ng mga binahang komunidad, kagyat na pagbabalik ng serbisyong tubig at kuryente at tulong sa pagtatayo ng mga bahay at gusali. Karapatan nilang tumanggap ng pondong pangkagipitan para palitan ang mga gamit na nalubog sa baha tulad ng mga dyip, motor, bangka, gamit sa bahay at iba pa. May karapatan sila sa pondo ng bayan na nakalaan para sa nawasak na mga sakahan, negosyo at ibang pinagkukunan ng kabuhayan.

Taun-taon, mahigit 20 bagyo ang dumaraan sa Pilipinas. Marapat lamang ang panawagan para sa imbestigasyon sa mga upisyal, ahensya at kumpanyang sanhi ng malawakang paglubog ng daan-daang mga komunidad tulad sa kaso ng Magat Dam. Dapat repasuhin ang kahandaan sa mga sakuna at mga hakbang ng mga ahensyang nakatuon dito para hindi paulit-ulit ang mga trahedya.

Dapat ding papanagutin ang rehimen sa kabiguang magsagawa ng makabuluhang rehabilitasyon sa kalikasan, pagpapalalim sa mga ilog at sapa at iba pang hakbanging makakokontrol sa pagbaha matapos ang apat na taon sa kapangyarihan. Tuligsain si Duterte sa huwad niyang panawagan para sa "katarungang pangklima" habang wala namang awat ang pagmimina, pagtotroso at mapanirang mga proyektong imprastrukturang pinopondohan ng dayuhan na nagdudulot ng malawakang pagkasira sa kalikasan.

Ang kriminal na kapabayaan ni Duterte sa kagalingan ng mamamayan sa harap ng kalamidad ay pumapatong sa ilang buwang bigong pagtugon sa pandemya, pangwawasak sa ekonomya at lantarang korapsyon. Winawasak nito ang bansa sa walang tigil nitong pangungutang sa mga dayuhang institusyon, pagpapatupad ng maka-kapitalistang mga patakarang pumipinsala sa mga manggagawa, kakulangan ng subsidyo sa agrikultura at iba pa na higit na nagpapahirap sa sitwasyon ng masang naghihikahos.

Animo'y isang bagyo si Duterte na sobra apat na taon nang nananalasa sa bansa at brutal na pumapatay sa sinumang nakaharang. Di na masukat ang pinsalang dala niya sa mga sakahan, negosyo at kabuhayan ng milyun-milyong mamamayan. Dapat patuloy na buuin ang galit ng mamamayan hanggang malikha ang isang sigwa ng protesta na magtutulak sa kanya na magbitiw kundiman magpapatalsik sa pwesto at magpapanagot sa lahat ng kanyang krimen matapos ito.

# Bagtasin ang landas ng malaking pagsulong

Disyembre 7, 2020



Sa buong taong 2020, halos walang patid ang dinanas ng sambayanang Pilipino sa sunud-sunod na hagupit at pagpapahirap bunga ng militarista at anti-mamamayang tugon ng rehimeng Duterte sa pandemyang Covid-19 at sa sunud-sunod na kalamidad. Tinalikdan ng bulok na rehimen ang obligasyon nitong tugunan ang pangangailangang pangkalusugan at pangkabuhayan ng mamamayan. Ipinataw nito ang mga hakbanging mapanupil at nagpalubha sa paghihirap at kagutuman.

Sa pangambang magkaroon ng malaking pagbangon ng bayan sa harap ng krisis tulad ng nagaganap sa ibang bansa, ginagamit ni Rodrigo Duterte ang panlilinlang at paninindak, sa isang panig; at dahas at armadong panunupil sa kabilang panig. Nitong nagdaang mga buwan, ibayong pinatindi ang pagsupil sa masmidya at kampanyang *red-tagging* at pagsisiwalat ng disimpormasyon, kasinungalingan at mga basurang pahayag.

Kasabay nito, ginamit ni Duterte ang pinakamatagal na "*lockdown*" at paghihigpit sa pagkilos ng mga tao, at sarbeylans, pagkukulong at sunud-sunod na mga pagpatay sa mga tukoy na pwersang rebolusyonaryo, lider masa at mga aktibista. Pinakamalala, isinagasa niya ang bagong batas sa terorismo na nagpapataw ng

pasistang diktadura nang hindi nagdedeklara ng batas militar.

Pinakalayunin sa paggamit ng mga taktikang ito ng saywar at panunupil ang yanigin ang mga pambansa-demokratikong pwersa at mga organisasyong masa, at abalahin sila sa pagtatanggol sa kanilang karapatan, kaligtasan at buhay. Pakay nito ang pigilan silang makapagsalita para ilabas ang hinaing ng bayan, pilayin ang demokratikong kilusang masa at pigilang lumawak ang mga demonstrasyon sa lansangan.



Nilalabusaw ni Duterte ang isip ng taumbayan para ikalat ang kanilang atensyon sa samutsaring usapin upang ilayo ang kanilang kamalayan sa mga pangunahin at kagyat nilang problemang bunsod ng korapsyon, pagpapabaya sa masa at pagprayoridad sa interes ng iilan.

Nitong nagdaang mga buwan, napigilang sumiklab sa anyo ng malalawak na protesta ang malalim na galit ng taumbayan sa mga kasalanan, krimen at pagpapabaya ng rehimeng Duterte sa obligasyon nito sa taumbayan sa harap ng pandemya. Kabilang sa mga ito ang pagkakaltas ng badyet sa serbisyong pangkalusugan at tugon sa kalamidad, kawalan ng libre at mapagkakatiwalaang *test*ing sa Covid-19, kulang na ayuda sa mga nawalan ng trabaho at kita sa kalunsuran at sa mga magsasaka sa kanayunan, mababang sahod sa mga nars at di pag-empleyo ng dagdag na nars sa mga pampublikong ospital, pagprayoridad ng pagbili ng helikopter, *fighter jet*, pribadong *jet* ni Duterte at kanyang mga heneral, bomba at iba pang kagamitang pandigma, pagpahintulot na bawasan ang sahod ng mga manggagawa, sa korapsyon sa pagbili ng mga *personal protective equipment* at kagamitang medikal, korapsyon sa PhilHealth, pagbibigay ng pamumuno sa pagharap sa pandemya sa mga heneral sa halip na sa mga duktor, sobra-sobrang pangungutang para sa negosyong imprastruktura ng iilang oligarko, planong pagpataw ng dagdag na buwis at kabi-kabila pang mga hakbangin pabigat at pahirap sa taumbayan.

Batay sa nilalaman ng anti-mamamayan at anti-mahirap na badyet sa 2021 na nakatakdang ipasa sa reaksyunaryong kongreso,

lalala pa ang pasakit na dinaranas ng taumbayan. Magpapatuloy ang pagprayoridad sa militar at sa maruming gera laban sa bayan, sa negosyo ng mga oligarko, sa korapsyon at pagpabor sa mga alipures at mga tapat na pulitiko, sa paghahanda sa eleksyong 2022; habang patuloy na pinababayaan ang kabuhayan, pampublikong kalusugan at edukasyon.



Kailangang iluwal ng mamamayang Pilipino ang malawak at maigting na kilusang protesta sa mga darating na buwan laban sa mga patakarang pahirap at pabigat. Ang pagpuprotesta ang susi para pigilang maipatupad ang bagong mga buwis at iba pang mga patakaran at hakbanging lalong magsasadsad sa kabuhayan ng masa.

Dapat ibayong palakasin ng mga pambansa-demokratikong pwersa ang gawain sa pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na masa ng mga manggagawa, magsasaka, kabataan, manggagawang pangkalusugan, mga walang hanapbuhay, propesyunal at iba pang sektor na hinahagupit ng krisis sa ekonomya at kabuhayan.

Habang sinasalag ang pasistang pang-aatake ng rehimeng Duterte, dapat mahigpit na panghawakan ang maiinit na isyu ng taumbayan. Sikaping buuin ang pagkakaisa ng buong bayan sa isang malinaw at simpleng tangkas ng mga kagyat na kahilingan sa harap ng pandemya, kalamidad at krisis sa ekonomya. Ilantad ang anti-mamamayan at anti-mahirap na rehimeng US-Duterte at ang nagnanaknak na kabulukan ng naghaharing sistema.

Dapat puspusang magpropaganda gamit ang mga pormang direktang umaabot sa masa habang nagpapakahusay sa pagkontra sa disimpormasyon sa masmidya at social media. Dapat ilang ulit na palawakin at palakasin ang mga organisasyong masa upang bigyang lakas ang masa na ihayag ang kanilang mga hinaing at kahilingan.

Dapat pag-aralan, tasahin, lagumin at pangibabawan ang naging mga kalakasan at kahinaan sa pagpukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa daan-daang libo o milyun-milyong mamamayan sa gitna ng pandemya at kalamidad at sa harap ng walang-habas na

pasistang panunupil at brutalidad ng tiranikong rehimen.

Sa batayan ng pagtatasa sa mga gawain sa nagdaang taon at pagtaya sa kasalukuyang lakas, dapat ilatag ang mga tungkulin at planuhin ang susunod na mga hakbang sa papasok na taon. Dapat magsilbi ang mga ito sa pagkamit ng layuning pagbuklurin ang malawak na sambayanan at iluwal ang malawakang pagdaluyong ng protesta at mga pakikibaka para isulong ang interes ng masa.

Dapat patatagin ang pagkakaisa at determinasyon ng lahat ng pwersang pambansa-demokratiko na balikatin ang mahihirap na tungkulin sa kabila ng banta ng paniniil at mga paghihigpit sa tabing ng pandemya.

Sa loob ng ilang linggo, gugunitain ng Partido ang ika-52 anibersaryo nito. Kinasasabikan ng malawak na masa at ng kanilang mga rebolusyonaryong pwersa ang okasyong ito upang ipagdiwang ang mga nakamit sa nagdaang taon, tayain ang kanilang lakas, at ilatag ang mga tungkulin para maabot ang ibayo pang mga rebolusyonaryong tagumpay sa 2021.

# Todong labanan ang walang-habas na pasistang terorismo sa kanayunan

Disyembre 21, 2020

Walang-habas ang pasistang terorismo ng rehimeng US-Duterte sa kanayunan ngayong taon. Walang kapantay sa kalupitan ang mga armadong galamay ni Duterte laban sa masang magsasaka at maralita. Sa gitna ng rumaragasang pandemya at mga kalamidad, tuluy-tuloy ang saywar, paninindak at paniniktik sa mga baryo at komunidad na pinaghihinalaan nilang mayroong mga organisasyong masa at sangay ng Partido o di kaya ay sumusuporta at nagsisimpatya sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ang kampanyang ito na paglupig sa masa, sa ilalim ng tinaguriang Joint Campaign Plan-Kapanatagan, ay kaakibat ng malalaki, masisinsin at tuluy-tuloy na operasyong pangkombat na nakatutok sa mga larangang gerilya ng BHB.

Dinudumog, sinasakop at pinaghahari-harian ng Retooled Community Support Program (RCSP) ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang mga baryo. Imbing pasistang layunin nito ang alisin ang anumang bahid ng impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan. Nagtatagal ang RCSP nang 3-6 na buwan sa pinakamaiksi,

o hanggang tatlong taon sa kulumpon ng mga baryo.

Pasistang pakay nito na basagin ang pagkakaisa at pagtutulungan ng masa. Iniisa-isa at dinudumog nila ang mga pinagdududahang kabilang sa mga organisasyong masa, ang mga may kamag-anak na Pulang mandirigma o kadre ng Partido, dating mandirigma o sinumang tumatangging yumuko, sumuko o magpahamak sa kanilang kababaryo.



Ginagamit ng mga pasista ang *red-tagging*. Iniaanunsyo ang mga pangalan sa radyo o ipinapaskil sa mga tarpolin. Ineekisan nang pula ang mga bahay ng mga pinaghihinalaan. Ipinatatawag o sinusundo sila para mag-ulat at "magpalinis ng pangalan" sa mga kampo militar, at doon "mag-surender" o magpagamit sa mga paniniktik at pagsusuplong, o lumahok sa mga proyekto na pinagkakakitaan ng militar.

Ang tumatanggi ay kara-karakang ikinukulong o kaya'y pinagbabantaang patayin. Binabalik-balikan sa bahay, na paglao'y pinaliligiran, inaakyat, o nirereyd at nirerekisa kadalasa'y sa disoras ng gabi. Ang patuloy na "nagmamatigas" ay tuluyang pinapaslang. Sunud-sunod ang mga kaso ng pagmasaker na pinalalabas sa balita na engkwentro sa BHB. Nitong 2020, hindi bababa sa 290 ang mga magsasakang pinatay ng mga pasista.

Ang masang magsasaka ay pilit pinasusunod sa mga arbitraryong patakarang ipinapataw ng mga pasista, tulad ng paglimita sa pwedeng bilhing pagkain at suplay, o kaya'y pagbabawal na magtrabaho sa kanilang bukid sa tabing ng "social distancing." Pawang walang ligal na batayan ang mga ito, labag sa karapatan at labis na pabigat sa masa.

Ginagambala ang katahimikan ng taumbaryo. Nangunguna ang mga buhong sa mga pasabong, paglalasing, pagdodroga, pornograpiya at pagsasamantala sa mga babae. Nagpapaputok sila ng baril sa gabi upang manindak. Naghuhulog ng bomba at nanganganyon sa mga bundok na kalapit sa baryo na pumipinsala sa mga bukid at ari-arian ng masa, at naghahatid ng labis na takot, laluna sa mga bata.

Nagpapakalat ang kaaway ng kaliwa't kanang intriga upang sirain ang pagtitiwalaan ng masa at wasakin ang kanilang mga organisasyon. Sinisiraan nila ang hukbong bayan at pinagbabantaan ang taumbaryo na sila ang babalingan ng ganti kung maglunsad ang BHB ng taktikal na opensiba sa kanilang lugar.



Malalim ang idinulot na pinsala ng maruming gera ng pasistang rehimen sa ilang larangang gerilya. Naging pasibo at nadisorganisa ang masa at hindi nakapanlaban sa harap ng paninibasib at abuso ng kaaway. Dahil ito sa ilang kahinaan ng mga komite ng Partido at yunit ng hukbo na mabilis umangkop sa estilong dumog ng kaaway at isagawa ang kinakailangang mga hakbang para panatilihin ang mahigpit nilang ugnayan at tulungan sa masa.

Gayunman, sa mas maraming larangang gerilya, magiting na nakapaninindigan at nakalalaban ang masa kasama ang kanilang hukbo. Dumanas man sila ng pinsala, patuloy silang nagbabangon at nakikibaka.

Sa mahigpit na pagtulong at gabay ng Partido at hukbo, nagagawa ng masa na panatilihin ang pagkakaisa at sama-samang kumilos at lumaban nang gitgitan. Kung kasama ang hukbo, hindi sila nasisindak. Naninindigan sila para sa kanilang mga karapatan at ipinaglalaban ang kanilang kagalingan. Hindi sila nag-iiwanan. Ang kapakanan ng bawat isa ay ipinaglalaban ng lahat. Ang kalupitan at panggigipit ay nahaharap nila nang kolektibo at matapang. Mayaman na ang karanasan ng masa sa paglaban, harapan man o ibang mapanlikhang paraan. Sama-sama nilang nasusuway ang utos ng kaaway, iniikutan o binabalewala. Hindi sila nauubusan ng paraan hangga't determinado at mataas ang diwang palaban.

Tuluy-tuloy na pinalalakas at pinalalawak ang mga organisasyong masa upang bigkisin ang pagkakaisa at itaas ang kanilang diwa at kakayahang lumaban. Kahit nasa baryo ang kaaway, nagagawang magpulong at mag-asembliya nang hindi nakikita o naririnig ng mga pasista. Ang pinakamatatatag na organisasyon ay aktibo sa propaganda at edukasyon. Puspusan nilang nababatikos ang teroristang mga krimen ng AFP at rehimeng

Duterte at nailalantad ang mga pasistang kasinungalingan nito.

Sa harap ng hagupit ng kampanyang panunupil ng rehimen, hindi hinahayaang mapigtas ang bigkis na nagdudugtong sa masa at hukbo. Dahil kailangan, maraming paraan ng talastasan at ugnayan. Walang patid ang pagtulong ng hukbo sa mga pakikibakang antipyudal ng masa. Aktibo rin ang hukbo sa paglaban sa armadong galamay ng kaaway. Binabaklas ang lambat ng mga espiya ng kaaway. Ang mga pinag-iinitan ng kaaway ay kinakanlong o inihahanap ng masusukuban. Ang mga pasistang kriminal sa baryo ay pinarurusahan—iniisnayp o pinasasabugan.

Pinatutunayan sa buong bansa na hindi kailanman lubos na magagapi ang determinasyon ng masang api na lumaban at daigin ang pasistang pang-aabuso. Dapat humalaw ng aral at inspirasyon sa magigiting na karanasan sa paglaban ng masa, ng hukbo at Partido at ang lalong paglawak at paglalim ng rebolusyonaryong baseng masa sa kanayunan.

Sa hangaring manatili sa poder at ituloy ang pangangamkam at korapsyon, tiyak na hindi lulubayan ng pasistang rehimeng Duterte ang masa at itutuloy ang pang-aapi at pagpapahirap sa kanila. Subalit habang lalong nagiging malupit at brutal si Duterte, lalo lamang nagiging determinado ang masa at hukbo na lumaban at sumulong sa landas ng digmang bayan.